Ang Mga Kuwento ng Pag-ibig at Pangarap ng

# CUATRO Marias

ang magkakapatid na sina Maria Magdalena, Maria Guadalupe, Maria Isidra, at Maria Catalina

VANESSA

*Table of Contents*

Daleng - Maria Magdalena

Lupita - Maria Guadalupe


Ising - Maria Isidra

Kata - Maria Catalina

Ang Mga Kuwento ng Pag-ibig at Pangarap ng Cuatro Marias, ang Magkakapatid na Sina Maria Magdalena, Maria Guadalupe, Maria Isidra, at Maria Catalina
Copyright © 2024 by Vanessa. All Rights Reserved.

vanessa-writes.com





# CUATRO MARIAS

Daleng

Maria Magdalena



# CHAPTER ONE

"Ano ba'ng sabi sa message? Patingin nga!"

Napabuga na lang si Daleng nang hablutin ni Presley a.k.a. Freshness ang kanyang phone. Kinder pa lang, magkaklase na sila nito. Ito ang unang crush niya, kahit ang unang crush nito ay si Bradley John Katigbak III. Ano bang malay niya noong kinder siya na beki ito? Basta't masaya siya kapag magkasama sila at palagi siya nitong binibigyan ng mga pang-ipit mula sa tindahan ng nanay nito. Iyon pala, ang ambisyon ng accla ay maging parlorista balang araw. Dream come true na ito, may

sarili nang parlor sa bayan ngayon at unti-unti nang nakikilala dahil magaling talaga.

Binasa nito ang palitan nila sa Messenger ng ka-meet up niya, si Chester Raymundo. Ang usapan ay alas-dos ng hapon, pero two thirty na ay wala pa rin ito at hindi nagre-reply sa messages niya ng follow up. Hindi niya naman maisip na hindi na ito darating dahil malapit lang naman doon sa Alabang Town Center ang bahay nito. Sa katunayan, nasa likuran lang—sa Ayala Alabang Village. Siya ngang nagmula pa sa isang farm sa Alfonso, Cavite ay nakarating nang tama sa oras kahit namasahe lang, ito pa kayang ayon sa mga larawan sa Facebook ay mayroong isang Chedeng, isang BMW, tatlong magagarang SUVs, at ilang bigating motorsiklo?

“Totoo bang mayaman `to, girl?” ani Freshness habang nakakunot ang noo at binabasa ang messages.

“Oo nga! Ako pa ba malilinlang pagdating sa datung?” aniya. Hindi niya itinatago ang

kanyang planong makabingwit ng isang mayamang boyfriend na aalagaan niyang maigi para pakasalan siya sa lalong madaling panahon.

Sawang-sawa na siyang maging mahirap.

Iaahon niya ang buong pamilya niya, sukdulang magpakasal sa isang lalaking hindi niya mahal, basta't mayaman at kayang ibigay ang gusto niya. Alam niya naman na sa pagkakatulong ay wala siyang mapapala. At kahit mahal na mahal niya ang kanyang nanay, wala siyang balak na tulad nito ay manatiling isang kasambahay hanggang sa kanyang pagtanda. Alam niya naman na marangal na trabaho iyon, pero nakakapagod, at ang lakas pang makapunyeta kung ang pinagsisilbihan mo ay mga kaanak na ang liit ng tingin sa `yo at sa nanay mo.

Wala siyang nakikitang masama sa ambisyon niyang yumaman sa pamamagitan ng tanging paraang alam niya, isang paraang madali para sa isang tulad niyang high school graduate.

Nagpatuloy si Freshness sa pagbusisi.

"Eh, kung totoong mayaman `yan, bakit jejemon mag-reply sa `yo? Tingnan mo `to, sabi 'okies' daw. May mayaman bang nagsasabi ng 'okies?' Walang alta na nagsasalita ng ganyan. Kaya mo bang ma-imagine si Heart Evangelista na nagre-reply kay Chiz Escudero ng 'okies?' Bobang `to. Mapintahan nga itong ka-eyeball mo."

Pinabayaan na lang niya itong buksan ang profile ni Chester Raymundo. Ang cover pic nito ay ang mga nakahilera nitong sasakyan. Ang profile picture ay sakay ito ng SUV. May mga picture din ito sa ibang bansa. Hindi lang basta ibang bansa, kundi France, Italy, New Zealand, USA. At sa mga iyon ay palagi itong may bitbit na mga paperbag mula mamahaling boutiques. Alam niya rin na hindi edited ang mga larawan dahil meron din itong video sa mga iyon. Ang mga damit nito ay mamahalin din.

"Pero ang jeje, ah? Hindi bagay sa kanya ang mga damit, sa true," komento ni

Freshness.

Gusto niyang maasar. Aminado naman siyang hindi mukhang rich kid si Chester. Kayumanggi ito, katamtaman ang tangkad, payat na payat, at kung patatayuin sa gitna ng kalsada ay baka mapagkamalang traffic enforcer. Hindi ito tipong hitsurang yayamanin na kahit pagsuotin ng gula-gulanit na damit ay mukha pa ring mabango. Kapag pinagsuot ng gula-gulanit na damit si Chester at pinatambay sa kalsada, baka ito ay mabagansiya.

Pero hindi ba at siya ang may kasalanan na ganoon ang tingin niya rito? Siya ang judgmental. Siya ang pintasera, manang-mana kay Freshness. So sila ang dapat mag-adjust. Hindi man guwapo si Chester, ito ang mag-aahon sa kanya so kahit hindi siya naguguwapuhan dito, keri na rin. Aanhin niya ang pogi kung wala namang trabaho, o kaya ay iiwan din siya matapos buntisin? Ganoon ang nangyari sa kanyang nanay, at hula niya ay maging sa kanyang Ate Catalina,

ang panganay niyang kapatid.

Apat silang Maria na anak ni Maria Purificacion "Puring" Obispo kay Quentin Abella. Si Maria Catalina o Ate Kata ang panganay, ang sumunod dito ay tatlo—siya, si Maria Magdalena alyas Daleng; si Maria Guadalupe alyas Lupita; at si Maria Isidra, alyas Ising. Triplets sila. Ang kanilang ama, maging ang kanilang ina, ay parehong may lahing kambal at triplets. Sa katunayan ay may kakambal ang nanay niya, na nasa probinsiya kasama ng tatay niya dahil iyon ang ikatlong asawa ng lalaki. Tunog pang-Tulfo pero hindi naman masyado.

Ang nangyari kasi, nabuntis ni Quentin si Puring at bago pa maisilang ang panganay ng dalawa ay nangabilang pugad na si Quentin, sumama sa kabit sa Samar. Pero nagsisi ang lalaki kaya makaraan ang ilang taon ay binalikan si Puring, na mahina naman sa tukso. Nagpunla ang magaling na Quentin at tatlo ang sumibol. Silang triplets.

Nagloko na naman ang babaerong

Quentin. Tuluyan nang naghiwalay ang dalawa ni Puring, kahit na nagmakaawa pa ang lalaki. Pero dahil nga mag-aapat na ang anak ng mga ito, tinulungan na rin ni Puring na humanap ng trabaho si Quentin. Nakiusap sa kakambal si Puring na si Concepcion o Conching, sana raw ay gawan ng paraan na maipasok sa hacienda na pinapasukan nito si Quentin.

Naisip ni Daleng, siguro nga ay ang lakas ng dating ng kanyang ama noong kapanahunan nito dahil kahit alam ng Tiya Conching niya ang pagiging nuknukan ng babaero ng lalaki ay pinatulan pa rin. Nagalit din ang kanyang nanay nang malaman pero sa huli ay nagawa ring patawarin ang dalawa dahil ito naman daw ang nakipaghiwalay sa tatay niya. Hanggang sa naging mapayapa na rin naman ang sala-salabid nilang mga buhay. Hindi nag-anak ang tiyahin niya, awa ng Diyos, at ang kanyang Ate Catalina ay doon na lumaki halos sa tiyahin niya, kasama ang kanilang ama. Palagi kasing hinihiram ng

kanyang ama noon ang ate niya, at isang bakasyon na doon ito sa Tarlac naglagi ay ayaw na ring bumalik ng Alfonso kaya ang sabi ng nanay nila ay sige na, doon na lang dahil mabait naman ding talaga ang kapatid nito, maging ang dating asawa, may sabit lang talaga sa pagiging babaero. Pero parang nagtino naman na sa tiyahin niya, kaya siguro ay nakabuti na rin iyon.

Ang problema nitong huli ng mga ito, ang Ate Kata niya ay nabuntis wala pang isang taon sa Italy bilang OFW. Nanganak ng triplets noong pandemic. Ayaw nitong ipaalam sa kanila kung sino ang ama. Hindi ito palakuwento sa kanila. Pero hirap ito sa buhay, kahit pa may diploma naman sa HRM, associate degree. Nursing aide din ito, ginamit sa application abroad. Mahusay ang kanyang ate, pero hirap dahil wala ngang katuwang. Hindi rin nito nagamit ang pinag-aralan dahil ang liit daw ng pasahod sa mga hotel kaya triple kayod ito ngayon, madaming sideline, napakasipag. Hindi sana naantala

ang mga pangarap nito kung pumili ng tamang lalaki.

Ayaw ni Daleng ng lalaking tatakbuhan siya. O iyong lalaking hindi siya kayang buhayin. Nagpapakatotoo lang siya. Kung mahirap ding tulad niya ang kanyang kukunin, magkakaanak sila ng mahihirap din. Maaaring hindi totoo sa lahat ng pagkakataon pero mas kakatig na lang siya sa statistics. Gagamit siya ng mathematics. One poor plus one poor equals cannot be, carry one. Papatulan niya si Chester, na may yamang pangmalakasan. Bow.

"Ano ba `yang gilagid niyang jowa mo, o," ani Freshness na iniharap sa kanya ang phone. "`Pakaitim! Kaya mong i-honeymoon `yan? Eew. Mukhang dilis na handa nang gawing bagoong isda. Mukha pang juts."

"Sobra ka naman!" angil niya pero natawa na rin. "`Wag ka ngang maarte diyan, kilala ko ang mga jinojowa mo, akala mo."

Bigla itong napahawak sa bibig na parang matimtimang birhen. Magpapatol din naman

ito sa mga chaka.

"May pangangailangan lang ako, `no! `Tsura. O, `yan na ang phone mo. Sana nga mayaman nang masulit naman ang pamasahe natin. Sana pakainin naman tayo, `no."

"Siguro naman. Taga-Ayala Alabang Village, hindi magpapakain?"

"Kung taga-Ayala Alabang `yan, bakit ka naman papatulan? Hindi naman sa minamaliit kita, girl, pero alam naman natin ang katotohanan sa mundo. Ang mga tulad natin, ginagawa lang laruan ng mga ganyan. Si Cinderella ka ba?"

"Oo, `no!"

Natawa ito kaya natawa na rin siya. Totoo namang Cinderella siya. Api-apihan sila ng nanay niya sa bahay ng pinsan nitong si Tita Fely. Parang iyong mga kontrabida sa buhay ni Cinderella ang mga anak niyon. Ang kaibahan lang niya kay Cinderella, pumapalag siya kapag sumusobra na.

"Kapag hindi ka sinipot niyang Chester na `yan, jojombagin ko. Kapal ng fez, feeling

guwapo."

Medyo kabado na siya at napapahiya sa kaibigan. Magkano rin ang pamasahe at inutang niya lang iyon dito dahil sa katapusan pa ang sahod. Pinadalhan niya si Ate Kata noong nakaraan dahil nagkasakit ang mga anak. Kaya sana naman ay masulit ang eyeball nila ni Chester. Sana sa magandang kainan sila dalhin. Ngayon ay nasa activity center lang sila, nakapuwesto sa isang bench. Bumili lang si Freshness ng tig-isang Coke sa isang food stall. Kasama iyon sa babayaran niya dito sa sahod.

"Mags?"

Napalingon siya nang marinig ang palayaw na ibinigay kay Chester dahil siya ay isang social climber. Hindi bagay ang palayaw niyang "Daleng" sa mga miyembro ng alta-sosyedad kaya dapat ang totoo niyang pangalan na Magdalena, Maggie, or Mags for short.

Hayun ang lalaki, nakatayo ilang metro mula sa kanya. Napalunok siya dahil mas lalo

pala itong hindi pogi sa personal. May filter pa pala sa lagay na iyon ang mga larawan nito sa Facebook. Sa totoong buhay pala ay…

*Erase, erase! `Wag kang mag-isip nang kung ano-ano. Tama rin naman si Freshness, ang totoong mayaman, hindi ka papatulan, kaya baka kaya ka pinapatulan niyang si Chester, eh, dahil hindi siya isinilang na tulad ng iba niyang rich kid friends kasi hindi siya tulad ng mga `yon. Saka sobra ka naman yatang makapintas. Hindi importante ang looks. Ang importante, mabait at hindi nauubusan ng laman ang wallet.*

"Hey," sabi niya sa pinakamahusay na rendition niya ng tonong konyita. Hindi naman mahirap gawin dahil ang mga pinsan niya ay maaarte kung magsalita at araw-araw niyang naririnig, madali nang tularan.

"Hey," anito, itinaas ang shades sa ulo. *Inay ko, ito `yong tipong hindi pinagbebentahan ng foil sa tindahan, eh,* sa loob-loob niya pero agad din iyong in-erase-erase. "Pasensiya ka na, ha? May pinadaanan kasi si Mommy, eh."

"It's okay. By the way, this is Freshness. Fresh, si Chester," pakilala niya sa dalawa.

Tumango lang dito si Chester, nakangiti, saka siya muling binalingan.

"Actually, importante ang inuutos ni Mommy, eh. I need to go to my Dad sa Forbes Park. Emergency, eh. `Ayan nga, o, pinasama ang bodyguard ko para lang sure na hindi ako magtatagal."

"Ano'ng nangyari?" tanong niyang bahagya lang napasulyap sa bodyguard na nakatayo ilang dipa mula sa kanila. Malaking lalaki, nakatalikod sa kanila, naka-Amerikana, may earphone sa isang tainga, parang CIA-style pa yata. Iyon ang mga nakikita niya sa pelikula.

"I can't say, eh. Pasensiya na. Next time, guys, ha?"

"Teka," ani Freshness na biglang tumayo at nagtaray. "Pinagastos mo kami para makapunta dito `tapos pauuwiin mo na lang kami basta?"

"Freshness, ano ba?" saway niya sa

kaibigan.

"Oh, sorry," agad namang sabi ni Chester, naglabas ng limang daan at ibinigay sa kanya. "Sorry talaga. Next time, ha? Paano?"

Nagmamadali na itong tumalikod. Pumihit ang bodyguard, tumingin sa kanya. Tumigil yata ang pag-inog ng mundo. Natulala siya sa napakaguwapo niyong mukha. Kakabugin si Papa P. Kakabugin kahit Hollywood stars. Ang ganda ng panga, ang tangos ng ilong, ang ganda ng mga labi. Mayroong bagong tubong facial hair na bagay na bagay dito, makakapal din ang mga kilay. Kahit sa malayo, parang naaamoy niya na ang bango nito. Amoy-macho, amoy-guwapo.

Hindi ito bagay maging bodyguard ni Chester.

Pero sinalubong nito ang amo, na nilagpasan ito at nagpatiuna sa paglalakad. Nakasunod lang ang macho sa kuwago.

"Chester!" tawag niya sa kuwago, este, sa lalaki pala.

Nilingon siya nito.

Ginawa niyang phone ang kamay, itinuwid ang hinlalaki at hinliliit at itinapat sa tainga at bibig.

"Call me, ha?" aniya.

"Sure, babe," anitong kumindat, saka ibinaril ang mga daliri.

*"Yakkk!"* usal ni Freshness, tunog dahak ang K sa pagkaskas sa lalamunan nito. "Desperadang babae `to. Limandaan? Akala ko ba mayaman? Napaka-cheap!"

"Choosy ka pa sa five hundred?"

"Konti lang ang labis sa pasahe, abonado pa kung magma-McDo! Wala siya kahit one kyaw?! Diyos ko, ano ba `yang nakuha mong chaka. Ikaw pa talaga nagsabing tawagan ka? Desperada ka, girl?"

"Obvious ba?" aniyang nagpatiuna na para hanapin ang McDo. "`Wag mo nang pakialaman ang diskarte ko at makikinabang ka rin naman dito kapag naging kami."

"Harinawa," sambit nito.



# CHAPTER TWO

“Tinamaan ka ng magaling na babae ka! Gising! Alas-sais ka! Kanina pa kita pinapabangon diyan! Ano, hindi ka kikilos?”

Idiniin ni Daleng ang unan sa mukha. Antok na antok pa siya. Nagyaya si Freshness kagabi na mag-videoke at pumayag siya dahil sagot nito. Bilang pakisama na rin dahil sinamahan siya nito sa ATC.

“`Nay, absent na lang ako ngayon,” daing niya.

“Absent ka na kahapon, absent ka pa ngayon! Nakakahiya sa Tita mo Fely,” anito.

Ibinaba niya ang unan, lukot ang mukha.

"Ano po'ng nakakahiya kay Tita Fely, `Nay? Na humiling ng extra day off? Sa dami ng pinapagawa sa atin ng mag-iinang `yon, kahit tatlong ulit isang linggo tayong mag-day off, katanggap-tanggap pa rin, lalo na at napakaliit naman ng pasahod. Noon ko pa kayo sinasabihang umalis na tayo dito, ayaw naman ninyo. Ang dami-daming expat sa Facebook na naghahanap ng kasambahay. Doble ang sasahurin natin, hindi pa patayan ang trabaho. Condo lang ang lilinisan natin. Hindi ko lang talaga kayo maiwan dito, `Nay, dahil alam kong kukubain kayo sa trabaho ng mga `yon," himutok niya sa makailang ulit.

"Malaki ang utang-na-loob ko sa Tita mo. Kung hindi dahil sa kanya, pinulot sana kayong magkakapatid sa kalsada," giit ng kanyang ina. "Bumangon ka na!" Hinampas nito ang kanyang binti.

Para siyang teenager na kumamot sa ulo, lukot ang mukha at gustong mag-tantrums. Hindi na lang niya kinontra ang sinabi nito kahit gusto sana niyang magprotesta. Ang

tanging ginawa lang naman ni Tita Fely noong panahong walang-wala ang nanay niya at mayroong apat na anak habang walang trabaho ang magaling niyang ama ay kunin itong kasambahay na kasama silang magkakapatid. Doon sila pinatuloy sa bodega sa labas ng bahay. Oo nga't nagkaroon sila ng matutuluyan pero nagsilbi naman kay Tita Fely ang nanay niya, at nang matuto siyang kumilos, maging ang mga kapatid niya, ay nanilbihan na rin sila dito at sa mga anak nitong kaedaran niya halos. Ilang taong walang pasahod sa kanya, kung hindi pa siya opisyal na ginawang kasambahay slash alalay ng panganay nitong anak, si Ate Openg. Mula bata hanggang high school siyang libre labor. Siguro naman bawi na ang utang-na-loob, pati interes. Hindi pa siya nakasampa ng college kasi kinailangan niyang sumama kay Ate Openg sa Maynila nang mag-college ito.

Tuwang-tuwa pa siya noong una dahil doon daw siya ipapasok, eh, di aniya, bigla pang sa Maynila siya magtatapos ng pag-aaral.

Iyon naman pala, walang balak pag-aralin siya. Muntikan na siyang naglayas noon, iyak siya nang iyak, pero sa huli, wala rin siyang nagawa dahil paano niya maiiwan ang nanay niya sa poder ng mga Tita Fely niya? Kung lalayas siya, saan din siya kukuha ng pera? Ang sabi rin ng nanay niya, magparaya na raw muna siya at kailangan din niya itong tulungan para mapag-aral ang iba niyang mga kapatid, lalo na ang ate niya. Kapag daw nakapagtapos na ang ate niya, iyon naman ang tutulong sa kanila. Pero ng nangyari nga ay nag-abroad, bumalik wala pang isang taon, tatlo ang laman ang tiyan, single parent mula simula.

Wala naman siyang sama ng loob sa ate niya dahil kahit sasaglit itong nakabawi sa kanilang pagsisikap sa pagtulong dito, todo naman ang effort nito. Sa katunayan, muntikan na rin silang nagkabahay noon dahil nakakuha na sa isang maliit na subdivision ang nanay niya ng hulugan. Ate niya ang nagbabayad sa Pag-IBIG. Ang

*ALL RIGHTS RESERVED.*

pangako pa nito, sa susunod na school year ay puwede na siyang mag-college at magtatayo rin daw ng tindahan sa palengke para sa nanay niya. Pero naging pasalo ang bahay nang mangailangan ng pera ang ate niya dahil nasaktuhan pang pandemic nangangak ng tatlong sanggol na imported.

"`Yang mukha mo, `yang mukha mo!" wika sa kanya ng ina, bahagyang dinutdot ang nakausli niyang nguso. "Agang-aga, Daleng, ha? `Wag mo `kong subukan!"

"Nanay naman," angal niyang nakanguso pa rin, nagtutupi ng pinaghigaan, kaunti na lang ay padabog na.

"Alam mong aligaga si Openg at parating na `yong *boypren* kaya magtino-tino ka ngayon at `wag kang mag-atribida!"

"Kelan po ba dadating `yon?" tanong niyang tumuloy sa maliit na banyo ng silid. Doon pa rin sila sa bodega tumutuloy, sa labas ng malaking bahay ni Tita Fely. Nasaan ang hustisya na siya pa ang nagpalagay ng banyo at nagpa-repair ng bubong na may tulo? Kung

hindi pa niya nilandi ang isang tauhan ng farm, hindi pa niya mapapagawa ang banyo at araw-araw pa rin silang doon magbabawas sa malaking bahay at sa gabi ay sa tig-isang arinola. `Tapos sila pa ang may utang-na-loob?

"Sa isang linggo daw. Kaya maaga tayo ngayon kailangan doon at nagpatawag din ng ibang makakatulong sa general cleaning. Pinapunta ko si Lupita."

"Mabuti napapunta ninyo. Aangal `yon sa liit ng bigay. Tres siyentos para sa buong araw na trabaho. Ewan ko sa inyo, `Nay. Kung hindi ko lang kayo mahal, iniwan ko na kayo dito, sa totoo lang. Nagsasayang tayo ng panahon dito. Kung magkakatulong na lang din ako, bakit dito pa sa baryang-barya ang kita, abonado pa ako sa pagawa nitong bodega?"

"Sobra ka namang matuusin, anak."

"Totoo po'ng sinasabi ko, `Nay. Masyado kayong mabait sa kanila. Paano naman po ako?" Ang kanyang pagkamaldita ay biglang

nauwi sa pagtatampong sagad sa buto. Isinara na lang niya ang pinto ng banyo dahil pumatak ang mga luha niyang ayaw niyang makita ng nanay niya dahil alam niyang magi-guilty ito.

Dinadaan na lang niya sa pagmamaldita ang lahat dahil kung hindi ay mapapaiyak talaga siya sa sama ng loob. Pakiramdam niya kasi ay napaglipasan na siya ng panahon. Tuloy, kahit si Chester gusto na niyang pagtiyagaan. Pero ano ba namang malay niya?

Nang matapos maghilamos at mag-ayos ay lumabas na siya ng bahay. Siya rin ang nagpalagay ng shed na kubo sa tabi ng bodega. Bunga rin ng pang-uuto niya iyon sa isang manggagawa ng farm nang makapanghingi siya ng binaklas na yero noong pina-renovate ang malaking bahay. Naroon sa shed ang munting kusina at komedor nilang mag-ina. Tuwing may madidilihensiya siyang materyales, nagiging chatmate siya ng mga puwedeng utuing lalaki sa farm. Konting pa-cute, libre labor na, siya

pa ang bibigyan ng merienda.

Alam niyang maganda siya dahil ang mga ninuno niya ay mga Kastila. Mestiza siya kaya Tisay ang bansag sa kanilang triplets. Ginagamit niya ang kagandahang iyon para makakuha ng pabor sa mga maliliit na bagay, pero harinawang makasungkit ng taga-Ayala Alabang Village.

Noon pumarada sa tapat ng shed ang isang tricycle at umibis si Lupita. Saktong paglabas din ng nanay nila. Agad itong nagmano, saka tumuloy sa shed, sabay sandok ng kanin, at pumuwesto sa hapag. Itinaas nito ang takip ng ulam.

"Gawa ka ngang sawsawan, Daleng," hiling ng kakambal sa kanya.

Pinagbigyan niya ito. Nagsalin siya ng suka sa lalagyan. Pritong itlog at tuyo ang ulam, may ensaladang kamatis at pipino. Libre naman ang itlog at tuyo dahil may poultry sa farm, ang tuyo naman ay rasyon dahil importer ng mga iyon ang mga Li, ang pamilya ni Tita Fely. Intsik ang napang-asawa

nito.

"Dapat mamaya pa `ko, eh," ani Lupita habang nakataas ang paa sa upuan, kumukurot ng tuyo. "Sayang din `yong pa-Zumba ko sana. Five hundred din `yon, ah. `Tapos magkano lang ang ibibigay ng Tita Fely."

"Hindi sa pera umiikot ang mundo," tila napipikong sabi ng nanay nila.

Hindi na lang siya umimik dahil hindi naman papatalo ang babae. Ang lakas din kasing mang-gaslight ni Tita Fely dito, sa totoo lang. Kaya tuloy ang pobreng nanay niya, akala yata utang ang buhay sa pinsang masama ang ugali.

Kumain na rin sila ng nanay niya at nang matapos ay nagpahinga saglit, saka sila tumuloy sa malaking bahay. Bagong repaint ang mga pader, halatang pinaghahandaang maigi ang pagpapanggap na hindi pa nalulugi ang kabuhayan ng pamilya.

Ang totoo, naibulong lang sa nanay niya ang balitang iyon minsang hindi na

nakayanan ni Tita Fely ang sama ng loob sa dami ng problema. Lingid pala sa kaalaman ng babae, palibhasa ay abala ito sa pagsa-shopping at pasarap sa buhay, ang asawa nitong namamahala ng mga negosyo ay natutong magsugal. Kamukat-mukat na lang nito, naubos na ang lahat ng kayamanan sa casino. Ang natira na lang daw ay ang farm na iyon pero nakasanla din daw.

Ang unang ginawa ni Tita Fely ay ilako ang pinakamagandang anak sa mga kakilalang mayaman. Si Ate Openg iyon, na matagal nang jetsetter pero napilitang umuwi sa Pilipinas noong nakaraang taon lang. Wala na kasing panggastos. Ang bunsong anak naman ni Tita Fely, iyong matino-tino, noon pa nagtatrabaho sa Amerika. Mahusay iyon at mabait. Hindi rin naman noon pababayaan ang pamilya, pero hindi siguro kayang sustentuhan ang luho nina Ate Openg at ng nanay nito. Pero siguradong hindi naman maghihirap. Kaya hindi maintindihan ni Daleng kung bakit parang awang-awa ang

nanay niya sa pinsan, eh, kung tutuusin, kaya pa ring mamuhay nang maalwan. Hindi sanay na hindi todo ang luho, maaari. Pero hindi maghihirap.

"Guwapo daw ang pakakasalan ni Ate Openg, ah?" komento ni Lupita nang maihain ni Daleng ang suka. Pumuwesto na rin siya sa hapag matapos silbihan ng pinggan ang nanay niya.

"Ay, oo. Nakita ko sa *Pesbook*," komento ng babae.

"Buti pumayag pakasalan ang babaeng susustentuhan lang niya ang luho at hinding-hindi magbabanat ng buto?" aniya, bitter. Talagang may sama siya ng loob kay Ate Openg dahil noong college ito sa La Salle at siya ang personal alalay, mayroon itong kaklaseng nagkagusto sa kanya. Siniraan siya nang siniraan hanggang sa rich boyfriend na sana, naging bato pa. Nang komprontahin niya si Ate Openg—na Ophelia ang gustong itawag sa harap ng mga sosyal—ay tinawanan lang siya nito at sinabing hinding-hindi siya

papatulan ng lalaking iyon, na iniligtas siya nito sa kapahamakan. Akala siguro, katulad siya ng nanay niyang paniwalain. Nagtanim siya ng sama ng loob pero wala naman siyang magawa kundi ang ma-bitter. Lalo na kapag parang dapat siyang manikluhod dito tuwing bibigyan siya ng lumang signature na gamit na mahihiya kang i-donate sa nasalanta ng bagyo. Pati mga lumang panty, kanya na raw. Akala yata wala siyang pambili kahit mumurahin sa Shopee at isasalpak niya sa kanya ang nanggaling dito. Utang-na-loob. Ang baba ng tingin nito sa kanilang mag-iina.

"Bunganga mo, bunganga mo!" saway sa kanya ng nanay niya.

"Totoo naman, \`Nay. \`Di ba, Lupita?" baling niya sa kapatid.

"Trueness. \`Ku, si Nanay naman, eh, bilib na bilib sa mga \`yon kahit sa atin walang bilib kahit konti. Kung pintasan tayo, akala mo sila kegagaling!"

Alam ni Daleng na madami pang gustong sabihin ang kakambal niya pero nagpigil na

dahil pikon ang nanay nila pagdating kay Tita Fely. Iniba ni Lupita ang tanong.

"Bakit daw pakakasalan?"

"Ano bang bakit pakakasalan? Ang ganda-ganda ng pinsan mo!" sabi ng nanay nila na para bang ganda lang, sapat nang dahilan. *Sana ol.*

"Kung mayaman at guwapo kanyo, madaming puwedeng pakasalan kaya bakit ang reyna ng mga impakta?" ani Lupita habang nagkukutsara ng kape sa kanin.

"Kayong dalawa talaga!" angil ng nanay nila.

Bigla siyang natawa. Pinagpatuloy na nila ang pagkain at nang matapos ay tumuloy na sa malaking bahay. Ang trabaho ay trabaho kaya naman hindi pa nagtagal ay pareho na silang pawisan ni Lupita, habang ang nanay nila ay nagluluto sa kusina. Ayaw na niya itong pagawin ng mga mahihirap na bagay, kusinera na lang ito halos. Siya ang umaako ng trabaho nito dahil palagi nang nananakit ang likod at mga binti.

Nang tumanghali ay tumuloy na sila sa kusina. Nang makakain ay umidlip si Lupita sa bahay, habang si Daleng naman ay agad na nag-check ng Messenger. Tama ang hinala niya, may message si Chester: *Sorry kahapon bhabe. Bawi ako next time okies?*

Napangiti siya kahit wala ni katiting na kilig na nadama. Ang ngiti niya ay para sa posibilidad na maging maybahay ng isang mayamang lalaki. Ang kalamnan niyang nagrereklamo sa bigat ng trabaho ay gustong magbunyi. Sana dumating ang panahong iinom siya ng Alaxan dahil sa pagod sa pagsa-shopping at hindi dahil sa trabaho.

Pa-reply na siya nang napaigtad nang may humawak sa kanyang braso para higitin siya.

"Ate Openg, ano…?" Hindi niya naituloy ang sasabihin dahil tuluy-tuloy ang babae sa paglalakad palabas sa likod-bahay at patungo sa kamalig. Isinara ni Ate Openg ang pinto niyon, luminga-linga sa paligid, saka siya hinarap.

"May sasabihin ako sa `yong importante,"

anito.

"Ha?"

"Makinig ka sa `king mabuti—`wag na `wag mo itong ikakalat sa iba, wala rin akong aaminin. It will be your words against mine. And no one will believe you. May kailangan ako sa `yo."

*Wow, siya ang may kailangan pero nang-insulto muna,* sa isip-isip niya. Na-curious din naman siya sa sasabihin ng babae kaya naghintay lang siyang magsalita ito. Muli itong luminga sa paligid, tiniyak na walang makakarinig sa kanila, saka ito nagsimulang magpaliwanag.

"Ayokong pakasalan si Anton. I'm in love with someone else. Pero pinagkasundo ako nina Mommy kay Anton at kailangan din namin ng pera. Now, I will have some money to save the business, but I need time. I'm still working on it. So kailangan kong i-delay ang lahat pero hindi makakapaghintay ang mga bayarin. I know kung si Anton ang papalpak, puwede akong pahiramin ng mama niya, just

enough to get by until I get my hands on the money that will save the company. Kailangang may gawing mali si Anton. A wrong step, something that would make his mother think that they owe me. Sa gano'n, tutulungan nila kami. Maybe a loan without interest. Kailangan ko lang talaga ng pansamantalang pantustos sa bills. Siguro para sa isang buong taon. And then I will have enough money for everything. This is where you come in."

"Ano'ng gusto mong gawin ko, Ate?" tanong niya, nagtataka na. Wala siyang maisip na posible niyang gawin para makatulong sa pera.

"Daleng, you need to seduce him."

Napanganga siya.

"Siyempre, kung pinsan ko ang gagawan niya ng ganyang bagay, paano ko pa siya pakakasalan, hindi ba? So sasabihin ko sa kanya na ikaw mismo ang nagsumbong sa akin na may nangyari sa inyo. It's just for one night."

Tulala na si Daleng sa puntong iyon. Hindi niya magawang magsalita dahil sa pagkagulantang. Kung magsalita si Ate Openg, para bang nagpapaplantsa lang ng damit kahit ang gusto ay tumihaya siya at ihain ang alindog sa lalaking pakakasalan nito! Baliw na babae! Lakas maka-beast mode!

"Naiintindihan mo ba `ko, Daleng?" anito.

"Ate, hindi mo alam kung ano ang sinasabi mo. Bakit ko gagawin `yan? Ano'ng akala mo sa `kin?!" Tumaas na ang tinig niya. Gusto ng impaktang ito na ibigay niya ang katawan sa isang estranghero! Baliw talaga! Ano siya, karne na puwedeng basta na lang ihain sa kung sino?!

"I will give you a million pesos," anito.

Bigla siyang natigilan, saka nagkasamid-samid.

"Pag-isipan mo. Walang ibang makakaalam, tayong dalawa lang. Ang pera puwede mong gamiting puhunan. Bonus pa, sasabihin ko kay Mommy na sabihin sa nanay

mong mag-retire na. I will also give your mother some money. Maybe a hundred thousand. Hindi ba noon mo pa gusto `yon? Alam ko dahil narinig kong pinag-uusapan nina Evelyn," tukoy nito sa isa pang kasambahay.

Gusto na sana niyang matuwa pero wala siyang tiwala sa babaeng ito. Sigurado siyang lalamangan siya nito.

"So gagawin ko muna saka mo `ko babayaran?" maaskad niyang tanong.

Akala niya ay mapipikon ang babae pero may nakahanda itong sagot. "I have the money in the bank. If you say yes, I will transfer half of it today, and half when the job is done."

Ilang saglit bago siya nakatugon. "Paano kung hindi maging successful?"

"Kailangan mong makakuha ng picture. Kailangang lumabas na niloko niya ako, na ginawa niyang imposibleng pakasalan ko pa siya."

"Ibabalik ko rin sa `yo ang half kung hindi

successful?"

"I will give you fifty thousand for the attempt."

"So paano `yon kung na-deposit mo na ang kalahating milyon?"

"That's simply a risk I have to take."

Mabilis na gumana ang isip ni Daleng. Siguradong magagalit ang nanay niya pero mapapatawad siya nito. Kilala rin niya ang babae, siguradong mahihiya na ito sa pinsan at aalis na doon. So parang solusyon sa dalawang problema niya ang maso-solve sa alok ni Ate Openg. Pero mas mainam ang pangako nitong pareretiruhin ang nanay niya with one hundred kyaw.

Hindi na niya kailangang maghanap ng mayamang jowa. Makukuha niya ang ate niya sa probinsiya para magtindahan na lang sila. Pero parang kulang ang one M kung bibili pa sila ng bahay.

"Three million, Ate," aniya.

"You greedy little—"

"Ate, ano ang mararating ng one million?

Alam kong isang bag mo lang halos `yon. Tatlo ang pamangkin ko, wala kaming bahay, magnenegosyo pa `ko. Wala na halos mararating `yang one million sa panahon ngayon," diretsang pahayag niya. Totoo lang iyon. Isa pa, kung nag-aalok ito ng isang milyon, siguradong daan-daang milyon ang makukuha nito. Hindi galante si Ate Openg. Never naging galante. Akala mo ito palaging sinasamantala. Ngayon, talagang sinamantala niya ang sitwasyon, pero kung tutuusin, malaking bagay ang pinapagawa nito sa kanya. Pero dahil siya lang ang makakagawa noon, tataasan na niya ang presyo. Bahala na kahit wala siyang idea kung paano gagawin ang lahat ng iyon. Ang nananaig sa kanya ay ang salapi, kailangan niyang aminin. Kasi alam niyang kahit tubuan na siya ng kalyo hanggang mukha, hindi niya maiipon ang halagang iyon sa pangangatulong. At sa totoo lang, sa sitwasyon nilang magkakapatid, parang malabo talaga silang umasenso hangga't walang malaking pagbabagong

magaganap. Kailangan na nilang lumayo sa pamilyang ito.

"Fine," anitong halatang nagtitimpi. "Inuulit ko, walang dapat makaalam nito, Daleng."

Tumango siya. "Ano'ng plano, Ate? May strategy ka ba?"

Tumango ang babae. "Yayayain ko siyang uminom. Dito siya magbabakasyon ng isang linggo, `di ba? Ang sabi ng mama niya, hindi raw mahilig uminom `yon, mabilis malasing. Iiwan ko kayo, magpapanggap akong masama ang pakiramdam."

"Paano kung magpaalam na rin, Ate?"

"Hindi ko na problema `yan. Basta't sa second day niya dito mo gawin para kung pumalpak, may five days ka pang sumubok ulit. Understood?"

Agad siyang tumango. "Understood."



# CHAPTER THREE

“Bagay na bagay sa `yo, anak, pero parang mali yatang ganyan ang suot mo.”

Hindi alam ni Daleng ang itutugon sa nanay niya. Binigyan siya ng pinaglumaan ni Ate Openg. For the first time in her life, halos hindi nagamit ang damit. Malalim ang neckline, kita ang nag-uumpugang dibdib niya. Siyempre, kahit ang bra niya ay mula kay Ate Openg, iyong magandang klase at lalong nagpapaganda ng hubog ng hinaharap.

“Ito nga raw po ang isuot ko, `Nay,” sabi niya mayamaya. “Kaya nga po tayo binigyan ng mga damit, para hindi tayo mukhang

muchacha."

"Bibig mo!" saway nito.

Totoong maging ito ay binigyan ng damit. Siyempre nga naman, kailangang maging presentable sila. Kailangang hindi malaman ng bisita na sila ang mga inaaping kaanak. Pero siguradong kung walang hinihingi si Ate Openg, malamang na hindi ganoon ka-daring ang ipapasuot sa kanya. Pero dahil nga may kailangan siyang trabahuhin, dapat na ipakita ang magandang hubog ng kanyang katawan.

Nakokonsiyensiya ba siya? Natatakot? Nag-aalala? All of the above. Idagdag pang nanliliit siya sa sarili. Para bang wala siyang dignidad, kahit na sinabi na niya sa isip na hindi niya mapapakain ng dignidad ang kanyang pamilya. Kung tutuusin naman kasi, pinakamahusay nang desisyon itong gagawin niya dahil ano pa ba ang nakalaan sa buhay niyang parang napakabagal ng pag-asenso? Magsisilakihan ang mga pamangkin niya at kahit may mga trabaho sila, hindi makakalasap ang mga iyon, maging sila, at

lalo na ang nanay niyang tumatanda na, kahit ang kanyang ama, ng kaunting ginhawa. Sino ba namang anak ang hindi nangarap na mapalasap man lang ng kaunting ginhawa ang magulang? O mabigyan ng edukasyon ang mga pamangkin? Alam niya, hirap ang ate niya kasi triplets ba naman at wala itong katuwang.

Mahirap ang buhay at kung uunahin niya ang pagkakonsiyensiya, ang moralidad, mapaglilipasan siya ng panahon na dilat ang mata. Kaya lunok-lunok na lang ng pride, kahihiyan, at moralidad. Tatlong milyon para sa isang gabi? Push na. At meron na siyang one point five million sa bangko. Tumupad naman sa usapan si Ate Openg, na ibig-sabihin ay desperada ito. At siya naman ay mautak. Ni-record niya ang isa pa nilang usapan para in case ayaw nitong ibigay ang kalahati ng bayad, may panlaban siya rito. Kilala nga kasi niya ang babae at hindi siya nito mauutakan.

Kung paano nito matutubos ang mga

negosyo ng pamilya ay tanging ito lang ang nakakaalam. Wala na siyang interes na malaman pa. Mas konti ang alam niya, mas mainam.

Grabe ang pananabik niya sa panibagong buhay. Kahit mahirap ang gagawin niya, maisip pa lang niya ang isang buhay kung saan hindi siya araw-araw gumigising sa poder ng mga Li, anong gaan na ng loob niya. Para lang doon, worth it ang gagawin niya.

"Nakasilip `yang dede mo, anak," patuloy ng nanay niya.

"Diyos ko naman si Nanay. Hindi naman po ako madre. Hayaan na ninyo't si Ate Openg naman ang nagbigay nitong blouse. Ito nga raw po ang isuot ko."

Wala nang nagawa ang babae. Tumuloy na sila sa malaking bahay. Sa kusina sila dumiretso at doon naghintay. Kanina pang alas-sais ng umaga nagluluto ang nanay niya, noong isang araw pa nakahanda ang ingredients, at kagabi pa luto ang mga putaheng mas masarap kinabukasan.

Masaganang lunch ang aabutan ni Anton. At bukas ng gabi, sarili niya naman ang ihahain sa lalaki.

*Malapit na siyang dumating,* iyon ang message na pinadala niya kay Freshness. Usapan man nila ni Ate Openg na hindi dapat malaman ng iba, hindi niya puwedeng hindi ipagkatiwala ang sikreto sa best friend. Marunong magtago ng sikreto si Freshness, bukod sa kailangan niya ang tulong nito. Wala siyang alam sa pang-aakit ng lalaki, at ito ay madaming karanasan sa boylets, lalo na sa *pakikipagjugjugan*. Siyempre, alam nito kung paano matitiyak na maaakit ang lalaki at kailangan niya ang pagkadalubhasa nito sa larangan ng kalandian.

*Basta't kung hindi siya beks, sure ball ka nang mawawasak kung gagawin mo ang mga habilin ko. Tatagan mo ang loob mo. 3M is 3M. At least hindi mo na kailangang magtiyaga kay Chester jejemon,* reply nito.

Tama ito. Tama siya. Hindi lang niya maiwasang kabahan pa rin. Tuloy, may nginig

ang mga kamay niya at muntikan nang nabitiwan ang liyanera ng leche flan kung hindi mabilis ang mata at kamay ng kanyang nanay at nahawakan iyon.

"Ano bang nangyayari sa `yo? Bakit para kang tulig diyan?"

"W-wala po, `Nay. Pagod lang."

"May hindi ka ba sinasabi sa `kin? Baka may nangyari sa `yo noong lumuwas ka noong nakaraang linggo, ah? Magmula noon, nagkaganyan ka na. Parang palagi kang may iniisip. Ikaw ba'y nalamangan noong sinabi mong kakatagpuin mo?"

Napatulala siya sa babae. Matinik talaga ang pakiramdam nito pagdating sa kanya. Nagkataon naman na kinabukasan ng meetup nila ni Chester ay nakipag-deal siya kay Ate Openg. Akala ng nanay niya, si Chester ang dahilan.

"Hindi po, `Nay. May gusto lang po kasi akong pasuking trabaho kaso lang hindi ko kayo maiwan dito kaya nga gusto ko sanang mag-resign na tayo," sabi niya bigla, dahil

iyon ang alibi na tumatakbo sa isip niya habang pinaplano kung paano ipapasok sa buhay nila ang biglang pagkakaroon niya ng pera. Naisip niyang kunwari ay nakatagpo siya ng magandang trabaho sa isang kaibigan na kalaunan ay kunwaring magpapautang sa kanya ng malaking puhunan.

"Saka na natin pag-usapan `yan. Tapusin muna natin itong linggong ito at alam mo namang kailangang-kailangan tayo dito."

Tumango na lang siya. Hindi pa rin siya mapakali hanggang sa ianunsiyo ni Evelyn, ang isa pang kasambahay, na dumating na raw ang bisita. Gusto sana niyang sumilip pero sa kusina lang sila dapat hangga't hindi ipatawag.

Ang mga unipormadong kasambahay ang sumalubong, silang kaanak, siyempre hindi na pinag-uniporme ngayon, kahit sa ordinaryong araw ay nakauniporme din sila. Lumalabas na mababait na kaanak ngayon sina Tita Fely and family.

Mayamaya ay bumalik si Evelyn, pisikal na

kinilig, tumalon-talon, habang pinipigil tila ang pagsigaw.

"Ang guwapo-guwapoooo!" impit nitong tili.

"Talaga?" sabi ni Daleng, sabay lapit sa pinto ng kusina para sumilip. Hindi na siya napigil ng nanay niya, kailangan niyang makita ang lalaking aakitin.

Pero hindi pa man siya nakakarating sa entrance ng sala, napanganga na siya nang makita si Chester, papalapit sa kanya, may hawak na patong-patong na boxes na hula niya ay cake ang laman.

Bahagyang kumunot ang noo nito, parang hindi siya nakilala. Siguro dahil iba ang dating niya ngayon.

"Good morning po," bati nito.

"Ano `yan?" takang tanong niya.

"Mga cake po, regalo ni Boss—" Natigil ito sa pagsasalita, noon lang rumehistro sa isip siguro na siya ang ka-chat nito. "Maggie?!"

Last week, nang magkita sila, Asian inspired ang damit niya—boyfriend tee na

pastel pink at may kawaii image sa gitna, square pants, sneakers. Pa-cute, kasi feeling niya sa ganoong porma maakit ang lalaking ito. Pero ngayon, opposite ng pa-cute ang dating niya, seductive. Siyempre, iba na ang ganap niya. Pero teka, ano ang sinasabi ni Chester na boss nito?

"Sinong boss?" tanong niya.

"Ha? K-kuwan… saan ko ba ilalapag ang mga `to?" sabi nitong halatang natuliro at namutla.

Itinuro niya ang kusina at imbes na sumunod ay sumilip sa sala. Napanganga siya nang makitang ang naroong lalaki ay ang inakala niyang driver-bodyguard ni Chester! Bigla siyang napapihit at tumuloy sa kusina.

"Ikaw ang driver, `no?!" singhal niya bigla. "Walang-hiya ka—"

"Anak, ano ba `yan?" saway ng nanay niya.

"Ito ang ka-chat ko, `Nay. Ang sabi taga-Ayala Alabang Village daw siya, `yon pala driver ng taga-Ayala Alabang Village! Ikaw ang driver ni Anton?! `Yon si Anton, `yong

nasa sala? `Yong guwapong kasama mo rin sa Alabang Town Center?!"

Nakangiwing kumamot ng gilid ng pisngi ang lalaki. "O-oo. Kuwan, naisip ko kasing hindi mo `ko magugustuhan kapag nalaman mong hindi ako mayaman."

"So sinasama ka sa kung saan-saan at nagpanggap kang ikaw ang boss? Alam ba ni Anton `yan?"

"Medyo." Ngumiwi si Kamote. "Nakita niya naman ang profile ko, eh. Wala naman siyang comment. Mabait kasi `yang si Boss. Saka bata pa `ko, sa kanila na kami ni Nanay kaya parang kuya na rin ang turing ko."

Galit na ang nanay niya nang sawayin sila. Bumuntong-hininga na lang siya at naghintay, habang si Chester naman ay umalis na rin sa kusina. Mayamaya ay pinatawag siya ni Ate Openg. Siya ang pinagdala ng maiinom. Agad siyang tumalima. Bago bitbitin ang tray ng inumin ay pasimple muna niyang ipinaglapit sa gitna ang dalawang boobs. Dapat maagaw ng

kanyang mga alagad ang atensiyon ng guwapo.

Lalo na siyang kinabahan at bigla, duda siya kung papatulan siya ni Anton. Ito ang tipo ng lalaking parang hindi basta maaakit dahil sanay sa magagandang babae. Handa siyang pumusta na pinagkakaguluhan ito. Kung iyon ngang hitsura ni Chester na mukhang jeje rapper at kaunti na lang ay parang tatangayin na ng hangin sa ere, madaming nagkakagusto, paano pa iyong totoong mayaman at sobrang guwapo? Tipuhang Catriona ang chicks nito malamang, iyong mga sosyal na antimano pagkakita ng dukhang tulad niya ay mapapaisip agad na hindi patas ang mundo dahil may mga isinilang na taglay agad ang 3M—maganda, mayaman, matalino. Habang siya ay 4Ps—poor times four.

Nang maihain ang inumin ay pinakilala siya ni Ate Openg kay Anton.

"Anton, this is cousin, Maggie. Maggie, this is Anton."

Kumunot ang noo ng lalaki. Maigi pa ito, parang nakilala siya agad. Gayunman, hindi nito pinaalala iyon, salamat naman. Baka hindi maisip kung saan eksakto siya unang nakita, o baka ayaw siyang mapahiya sa Ate Openg niya para sabihing kinatagpo niya ang driver nito. Pero hindi niya rin naman alam kung alam nito, bagaman halatang namukhaan siya ng lalaki.

Siyete, mas guwapo sa malapitan. Itataob nito sina Papa P at Dong Dantes. Kahit two versus one pa! Ang ganda ng panga, mestizo pero hindi maputi—bahagyang kayumanggi. Matangos ang ilong nito, makakapal ang kilay, deep-set ang mga matang parang tutunawin ang sinomang titigan. Malapad ang balikat, bakat sa mahabang manggas na nakalilis ang maskuladong braso. Tipong kapag niyakap ka, ayaw mo nang umalis pa.

Paano ito maaakit sa kanya, samantalang parang kahit Hollywood beauty ay ka-level nito, hindi mag-aalinlangang pormahan. Isa na ngang himala na naroon ito para pakasalan

si Ate Openg. Maganda ang babae, pero madaming mas maganda rito na hindi nangangailangan ng pera. Kaya ano ang dahilan? Hindi iyon malinaw sa kanya.

"Hello," pormal na bati ng lalaki, inabot ang kamay sa kanya na tinanggap niya naman.

Dama niya ang panginginig ng kalamnan. Ang kamay na iyon ang hahagod at hahaplos sa kanyang katawan? Sa isang banda, salamat dahil may atraksiyon siyang nadarama dito, sobrang guwapo nga kasi, lalaking-lalaki ang dating, `ika nga.

"H-hi," tugon niya, kumalat ang init ng kamay nito sa braso niya at tumaas sa kanyang mukha. Dama niya ang pag-iinit ng mga pisngi. Ni hindi niya magawang makatingin dito, naiilang siya. Mukhang magiging mahirap para sa kanyang akitin ito pero wala nang atrasan. Wala siyang balak ibalik ang one point five million na down payment ni Ate Openg.

"Anyway," ani Tita Fely, "Lunch is ready so

please join us, Anton."

Tumuloy na nga ang mga ito sa kusina, habang pasimple siyang sinulyapan ni Ate Openg. Sumunod siya sa mga ito. Siyempre, hindi pa siya makagawa ng hakbang. Alangan namang maglumantod na agad siya, baka maturn off si Anton. Sigurado ring mapapansin ni Tita Fely at baka ikandado siya sa bodega. Nakasalalay ang kinabukasan ng mga ito sa bisitang aakitin niya.

Sa halip na siya ang ilagay sa komedor para maghain ay inutusan siya ni Ate Openg na ihanda ang desserts and tea sa patio. Siguro, ayaw nitong tumatak sa isip ni Anton na kasambahay siya, pero hindi rin siya nito mayayang sumabay sa hapag dahil magtataka ang mommy nito.

Matapos nga ang pananghalian ay nagtungo ang dalawa sa patio. Siya ang naghanda ng kape, tsaa, pastries, at mga dessert. Si Tita Fely ay hindi na sumama sa mga ito.

"Join us, Daleng," wika ni Ate Openg.

Alam niyang gusto talaga nitong mag-join siya. Tinantiya niya ang sitwasyon at sa huli ay pumuwesto sa isang outdoor daybed. Itinaas niya ang mga binti sa daybed sa gawing parang balewala sa kanya at hindi napapansin na naipakita niya ang kanyang mahahaba at makikinis na binti.

Nagpaalam saglit si Ate Openg. Nang makita niyang nagsasalin ng tsaa si Anton ay agad siyang lumapit para siya ang magsalin niyon para dito.

“No, it’s okay,” sabi ng lalaki.

Tumingin siya rito, ngumiti, kahit ang puso ay dumadagundong, alertong-alertong dahil nakayuko siya ay malapit nang lumundag palabas ang kanyang hinaharap. Saglit siyang nalunod sa damdamin, sa pagtutol sa gagawin, pero sa huli, nanaig ang tawag ng tatlong milyong piso.

“Ako na, Anton,” sabi niya sa pinakamahinhin-malanding paraang kaya niya.

Bahagya lang itong tumango, nakakunot

ang noo. Hindi niya mabasa kung ano ang naiisip ng lalaki, pero sana ay napansin nito ang kanyang inihahaing alindog.



# Cuatro Marias



## Lupita

### Maria Guadalupe



# CHAPTER ONE

*ANG HULING HARANA? Lilac Gray, kinompirma ang breakup sa Fil-Am composer and hitmaker, Pablo "PZ" Ziegler. Madami pa ring nagulat sa kompirmasyon ng pop star kahit noong nakaraang taon pa may bulung-bulungan ng hiwalayan ng dalawa, dalawang taon makalipas ang engagement ng mga ito. Nananatiling walang pahayag si PZ sa balita.*

"Huy! Ano'ng tinitingnan mo diyan?"

"Ha?" Napaangat si Lupita ng tingin sa kaibigan, si Carol. Nasa pancitan sila, may kakatagpuin doong kakilala nitong mayroon daw magandang pagkakakitaang alok. Game

siya sa mga ganoon.

Inirapan siya ng babae. "Kanina pa ako kuwento nang kuwento dito, eh. Ano ba `yan?"

"May nakita lang ako sa Facebook na balita," aniya, nagsisi kung bakit na-click pa ang padalang link ni Freshness sa chat. Intrigera talaga ang beking iyon, BFF ng kakambal niyang si Daleng. Magkaklase silang apat noon pa mang kinder—siya, ang dalawa niyang kakambal na sina Daleng at Ising, at si Freshness, na noong araw ay Presley ang pangalan. Sa "Sasara ang Bulaklak, Bubuka ang Bulaklak," si Presley ang palaging unang papasok na reyna na sasayaw ng chacha.

Dahil nga best friend ito ni Daleng, parang bahagi na rin ng buhay nila, palaging naroon. Kaya siyempre, alam nitong noong araw, tumatakas siya para makipagkita kay Pablo. Mangilan-ngilan din ang nakakalam ng kanilang kasaysayan, dahil nagtagal sila nito. Iyon lang, palihim dahil istrikta ang nanay

niya, bukod pa sa nang umalis ang lalaki ay parang nalimot na rin naman ng lahat sa bayan na iyon. Minsang may nag-feature sa lalaki ay may gustong mag-interview sa kanya, bilang nalaman nga na noong bata si Pablo ay naging girlfriend siya, pero hindi siya nagpaunlak ng interview. Ano, bale? Baka sabihin pa ng lalaki na ang kapal ng mukha niya.

Ewan, mabigat pa rin sa loob niya ang lahat ng nangyari kahit pa nga noong huling tinangka niya itong kausapin ay siya pa ang napahiya.

Buwisit kasing Freshness, nang-iintriga pa.

"Anong balita?" tanong ni Carol.

"Wala," aniya dahil kahit sabihin niya naman, hindi alam ng babae na ex siya ng sikat. Kahit malamang, alam nitong taga-roon sa kanila ang lalaki dahil hindi naman iyon lihim. Kinilala at pinarangalan pa nga ng mayor nila noon pero walang totoong seremonya dahil wala naman sa bayan nila ang lalaki. Matagal na itong umalis at hindi

na nagbalik kailanman. Hindi totoong ang hindi lumingon sa pinanggalingan at hindi makarating sa paroroonan dahil nalagpasan pa ni Pablo ang una nitong destinasyon. Pagkataas-taas ang naabot nitong bituin.

Napalunok siya, nainis kung bakit parang medyo na-hurt pa rin siya kahit matagal na silang wala ng lalaki at hinding-hindi na ulit magkikita malamang.

Mayamaya ay dumating na rin ang kakatagpuin nila sa kainan. Pasimple niyang sinipa si Carol sa ilalim ng mesa nang magsimulang mahimigang scam ang alok ng kakilala nito. Nang mukhang balak pa niyong mang-abala nang husto sa pamamagitan ng pagse-seminar tungkol sa mga produkto ay inawat na niya.

"Pasensiya ka na, ha? Hindi kasi ako magaling magbenta ng mga ganyan, eh. Wala akong kilalang puwedeng maging downline," aniyang ipinasok na ang cellphone sa bag, saka inilabas ang wallet. "May lakad din kasi ako, sumaglit lang ako dito kasi akala ko may

patrabaho. Mauuna na rin ako. Carol?"

Nagpaalam na rin ang babae. Mabuti na lang at sinabi ng kausap nilang ito na ang magbabayad ng pancit dahil talagang nasayang lang ang oras niya. At ayaw na ayaw niya iyon dahil time is gold. Umaandar ang metro niya. Sa isip niya, ang bawat oras niyang hindi kumikita ay sayang dahil malaki ang pangangailangan niya, lalo na ngayong tatlo agad ang pamangkin niya.

Hila-hila niya ang portable sound system, nakasukbit sa balikat ang malaking carry-all bag, nasa tabing kalsada habang naghihintay ng tricycle.

"Pasensiya ka na, Lupita. Hindi ko alam na scam," ani Carol.

"Okay lang, `no. Paano? Pupunta pa akong Ilaya, `tapos sa Acacia Tres." Pinara na niya ang isang tricycle. "Chat na lang tayo, ha? I-message mo na lang ako kung ilang pastillas at pulvoron ang order mo bukas."

Tumango ang babae, habang siya naman ay sumakay na sa humimpil na tricycle. Hindi

special ang biyahe. Ano siya, mayaman? Itinabi lang niya ang portable speaker para makapuwesto ng upo sa masikip na tricycle. Ang sumunod na pinarahan ng driver ay pawisang mama na tumabi sa kanya, nakausli ang puwit sa upuan, kita ang biyak sa itaas ng pantalon nito, pero deadma na siya. Naglalakbay ang alaala niya sa nakaraan, sa panahon kung saan patay na patay pa siya kay Pablo. At patay na patay din ito sa kanya…

*"LUPITA, para sa `yo `to! Mahal na mahal kita!"*

*Itinaas ni Lupita ang mga braso sa ere, kasabay ng pagtalon at pagtili nang malakas at halos gumasgas sa kanyang lalamunan. "I love you, too, Pablo!"*

*Akala mo concert ang dinaluhan niya, kahit lamay naman. Sarado ang buong eskinita, nasa dulo ang stage na in fairness, maganda ang sound system. Ang backdrop nga lang ay ang tarpaulin ng punerarya na may bilog na picture*

*ni Arnulfo T. Garcia at may katabing imahen ng isang puting kalapati at mga ulap. At sa gilid, imbes na pangalan ng banda o pamagat ng concert, ang nakasulat ay* In Loving Memory *at petsa ng kapanganakan at kamatayan ni Arnulfo.*

*Madami din namang nakikipagsaya sa kanila. May mga katandaan pa ngang sumasayaw din sa tugtog. Habilin daw ni Arnulfo na iselebra ang naging buhay nito sa halip na ikalungkot.*

*Kinuha ang banda nina Pablo ng mga naulila. Hiling daw ng namayapa na may banda at concert sana sa last day ng lamay nito. Dating musikero ang pinaglalamayan sa loob ng bahay.*

*May bayad ang gig kaya pinatulan ni Pablo, kasama ang mga kabanda nito. Rock talaga ang trip ng grupo, pero madaming piyesang pang-show band dahil iyon ang mas nababayaran ang mga gig. Sa show band lang halos may kita, lalo na at magaling talagang kumanta si Pablo. At kapag naggitara na ito, talagang*

*naghuhurumentado sa pagmamahal at paghanga ang puso niya.*

*Guwapo si Pablo, imported pa ang apelyido at hitsura dahil Amerikano ang lolo. Sundalo sa Subic noon. Hindi naman daw iniwan ang pamilya kahit hindi na nagbalik muli. May komunikasyon pa rin daw sa mga ito pero bihira. Nagpapadala naman daw paminsan-minsan, pero hirap din daw sa Amerika kaya mahirap ang buhay ng pamilya.*

*Nagkakilala sila ng lalaki noong nakaraang piyesta, sa battle of the bands. Nanood siya at nang bumaba ito sa entablado ay nagtama ang kanilang paningin. Nagpakilala ito at kinuha ang number niya. Tinawagan siya nito kinabukasan, nagyayang kumain. Nagpaunlak siya. Makaraan ang isang taon, heto na sila ngayon.*

*Magkatulad sila ni Pablo, hirap sa buhay. Apat silang magkakapatid, habang ang lalaki naman ay solong anak sa ina, pero mayroong limang kapatid sa ama. Ang nanay nito ay nag-asawa na rin ng iba at kahit walang anak doon*

*ay maybahay at walang trabaho kaya hindi rin nag-aabot. Sa katunayan, ito ang madalas umungot sa anak. Doon din ito nakatira sa bayan nila.*

*Kumanta ng "I Don't Wanna Miss a Thing" ng Aerosmith ang lalaki. Panay ang tili ni Lupita, walang pakialam sa lahat dahil maingay din naman ang mga nagsasakla at may pa-bingo din. Naging halos perya ang buong eskinita, madaming tao, at padami nang padami ang mga nagkukumpulan sa harap ng makeshift stage, ang iba ay may hawak pang plastic cup ng libreng sopas. Magaling kasi talaga si Pablo, parang professional at ang boses, kayang makilala ng kahit na sino dahil medyo paos pero mataas, parang Steve Perry pero mas malalim. Karaniwang joke niya rito na kumanta lang ito, puwede na siyang kumain nang kanin lang, kahit walang ulam. At kapag ganoon, tatawa ito, hahagkan siya sa pisngi o yayakapin.*

*Baliw na baliw siya sa lalaking ito at alam niyang ipinag-aalala iyon ni Ising, ang tanging*

*ka-triplet niyang nakahuli sa kanyang kahalikan si Pablo, isang himala kung tutuusin dahil hindi nila matigilan ni Pablo ang isa't isa. In love na in love sila. Nagpalagay pa nga ito ng tato ng pangalan niya sa tapat ng puso nito. Magpapalagay din sana siya kaso kapag nakita ng nanay niya ay lagot na siya. Sa isip niya, si Pablo na ang pakakasalan niya balang-araw, kapag may pera na sila at handa nang bumuhay ng pamilya.*

*At siguro, sa isang banda, dapat naman ding mag-alala si Ising dahil hindi niya kayang awatin ang damdamin niya para kay Pablo. Handa kasi siyang gawin ang lahat para makasama ang lalaki. Naisuko na rin niya ang sarili dito. At ginawa niya iyon nang buong puso at walang pagsisisi. Pareho silang mapusok. At siguro palagi nilang ginagawa kung may pera lang sila pambayad sa motel. Pero dahil pareho silang poor, tumitiyempo lang sila kapag walang tao sa bahay ng mga ito, na bihirang-bihira kung mangyari. Gayunman, ang una nila ay sa isang maliit na motel. Monthsary nila iyon,*

*pinag-ipunan nito. Kumain sila sa Jollibee, binigyan siya nito ng bulaklak, at doon sila nag-overnight sa Lover's Place Inn. Ang sabi niya sa nanay niya ay sumama siya sa outing ng crew ng Top Bun Burger and Hotdogs, ang malaking burger stand chain kung saan siya namamasukan bilang crew.*

*Siguro, isa pa sa mga dahilan kung bakit sila sabik na sabik ni Pablo sa isa't isa ay dahil kulang na kulang ang oras nila para magkasama. Walong oras ang shift niya, nag-aaral din siya. Ito man ay naka-enrol sa college habang nagbabanda at iyon ang pinagkakakitaan nito ng pera. Kung minsan, para na lang magkasama sila ay tumutuloy si Pablo sa Top Bun kapag shift niya sa gabi matapos nitong tumugtog at doon tatambay hanggang sa matapos na ang shift niya.*

*Parehong mataas ang mga pangarap nila. Pero natatakot din siyang baka sa sobrang tindi ng kanilang pagmamahalan ay malimutan nila iyon. Dahil niyaya na siya nitong magpakasal at umoo na siya. "Asawa" na ang tawag nila sa isa't*

*isa. Sa katunayan, bukas ay pupunta sila sa Trece para doon magpakasal. Siyempre, natatakot silang may makakilala sa kanila sa munisipyo kaya dadayo sila sa ibang lugar.*

*Nang mag-"yeah-yeah-yeah-yeah-yeah" na sa kanta, na inawit ng kanyang irog na para bang napakadali kahit napakataas ng nota, maging ang mga katabi niya ay napabilib. May mga nag-"wow," "ang galing," at iba pa. Proud niyang naisip,* asawa ko `yan!

*Umaapaw ang puso niya sa paghanga, sa pagtangi, sa pagmamahal para sa lalaking ito. Ito ang asawa niya, ang makakasama niya sa habang-buhay, ang nag-iisa at bukod tangi.*

*Nakailang kanta pa ang grupo, lahat ay nagpamalas ng husay ni Pablo. Nang matapos ang set ay siya ang una nitong nilapitan, nakangiti, at dinampian ng halik sa labi.*

*"Ligpit lang ako, `tapos kain tayo sa loob," anitong muling bumalik sa kasamahan para magligpit.*

*Nakangiti lang siya habang nakatingin sa lalaki. Ang guwapo-guwapo nito, kahit pa nga*

*komento ni Ising na para daw tikling sa payat. Hindi naman sobrang payat ni Pablo, may muscles din naman, pero mukha talagang payat dahil mahilig sa itim na T-shirt at matangkad talaga. Six footer kasi. Ang daming nagkakagusto rito, mukha kasing imported, maganda ang panga, matangos ang ilong, palaging namumula-mula ang makinis na balat, kissable lips pa. Kilig na kilig siya. At parang hindi magmamaliw ang kilig kahit ikakasal na sila.*

*Siguradong magagalit ang nanay niya kapag nalaman dahil ang hiling nito noon pa ay huwag na huwag daw sana silang mag-aasawa hanggang hindi pa nakakapagtapos ng pag-aaral. Huwag na raw sanang tumulad dito na hindi sila mabigyan ng magandang kinabukasan dahil maagang nag-asawa at anak.*

*Pero paano niya mapipigilan ang nagpupumiglas na damdamin?*

*Nang makapagligpit ay kumain na sila sa loob ng bahay. Sa kusina ay may inilaang mesa*

*para sa banda, kasama siya. Mabait ang may palamay. Matapos ang hapunan ay inabot na ang bayad kay Pablo at lumakad na rin silang grupo at tumuloy sa Top Bun. Doon naghatian ang mga ito ng bayad, habang siya naman ay naghanda nang magtrabaho. Nagpaalam na rin ang mga kabanda ni Pablo nang makuha ang kanya-kanyang talent fee. Naiwan sila ng boyfriend.*

*Gusto rin niya ang night shift dahil madalang ang customer. Safe din ang puwesto ng burger stand na mukhang trailer, katulad ng sa Burger Machine. Mayroong beinte-kuwatro oras na guard sa likurang establisimyento na isang building na mayroong nakapuwestong bangko. Nasa loob man si Manong Guard, palagi iyong gising dahil may CCTV. Ang pinakamalaking dahilan kung bakit gusto niya ang night shift ay ang pagparoon ni Pablo. Kung umaga, siguradong hindi sila magkakasama dahil madaming customer.*

*"Gusto mo ng burger, asawa ko?" tanong niya rito, nakangiti.*

*"Kinikilig ka na naman sa `kin," kantiyaw nito pero ngiting-ngiti rin.*

*"Ikaw din naman," ingos niya.*

*"Sinabi mo pa. Mamaya na ang burger. Kakakain lang natin. Kiss na lang."*

*Tinawag niya ito ng hintuturo at agad itong sumampa sa foot stand ng stool para maabot siya at dampian ng halik sa labi.*

*"Bukas, asawa na kita," ngiting-ngiting sabi nito.*

*Paano ba niya ipapaliwanag na gusto niyang umakyat sa kung saang bundok at magsusumigaw para malaman ng buong mundo na magiging Mrs. Maria Guadalupe Zeigler na siya. Buong mundo, maliban sa nanay niya. Siyempre, hindi muna niya sasabihin dito. Natatakot siya. Hindi sa galit nito, kundi sa kabiguan sa kanya. Sinuway niya ang kaisa-isa nitong habilin, pero hindi pa naman sila mag-aanak ni Pablo, kahit pa nga aminado siyang padalos-dalos din pagdating sa bagay na iyon. Ilang ulit na bang hindi gumamit ng proteksiyon ang lalaki? Pero parang balewala sa*

*kanya at dito rin, palibhasa ay mahal na mahal nila ang isa't isa at para bang kaya nilang gawin ang lahat basta't magkasama sila.*

*Bahala na bukas.*

*"Miss, may sasabihin ako sa `yo," anito.*

*"Ano po `yon, sir?" nakangiti niyang sabi.*

*"`Wag kang magagalit, ha?"*

*Biglang nabura ang ngiti niya. "Ano `yon, Pab?"*

*"Naaalala mo `yong trabaho sa Maynila na tinanggihan ko noong nakaraan?"*

*"`Yong sa show band?" Iyon lang ang nabanggit nitong trabaho sa Maynila. May isa itong tiyuhing musikero rin at may show band daw na tumutugtog sa mga bar na naghahanap ng mahusay na vocalist-guitarist. Pero tinanggihan ni Pablo ang tabaho dahil ayaw malayo sa kanya.*

*Tumango ito. "`Yon nga. Kuwan, sinabi ko kay Tiyong na mag-o-audition ako."*

*Agad binaha ng kaba ang dibdib ni Lupita. "K-kelan?"*

*"Sa Monday. Sorry kung hindi ko na sinabi*

*sa `yo. Kasi alam kong kung magpapaalam ako sa `yo, baka hindi ako makaoo kay Tiyong."*

*"Bakit naman? Alam mo namang hindi kita pipigilan," aniya kahit may lungkot na nakapa sa dibdib. Ang totoo, sa tingin niya ay masyadong maliit ang bayan nila para sa talento nito. At kung noong hindi pa ito kumikita sa pagbabanda ay siya lang ang nagpupursige rito, nang magsimula itong makatanggap ng bayad, bigla na ring naging cheerer ang nanay nitong noong una ay kontrang-kontra sa pagbabanda ng anak. Humanap na lang daw ito ng normal na trabaho at nang makatulong sa mga kapatid, kaysa ang kalokohang "kombo-kombo."*

*"Oo nga, pero ang usapan natin, walang iwanan. Alam ko naman na hindi mo ako masasamahan sa Maynila, pero naisip kong baka naman puwede, tutal papakasal na tayo. Iyon nga rin ang dahilan kaya sinabi kong mag-o-audition ako—dahil mag-aasawa na ako. Gusto ko ng mas regular na kita para sa misis ko. Gusto ko ring makabili tayo ng sariling*

*bahay, mahal. `Yong hulugan sa PAG-Ibig. `Tapos gusto ko mapagtapos kita. Ako na muna ang titigil—"*

*"Ano ka ba?" agaw niya, bigla ay gustong mapaiyak. "Bakit ako? Ikaw ang mas matalino sa atin, ikaw ang dapat magpatuloy. Kahit ako ang magtrabaho—"*

*"Hinding-hindi," agad nitong sabi. "Mahal, nagtatampo ka ba?"*

*"Hindi." Napabuntong-hininga siya. "Malungkot konti pero iisip ako ng paraan para makaluwas din. Baka bago magpasukan, tutal naman one week na lang bakasyon na sa school." Pa-second year na siya sa Associate Degree in Business Administration, graduating. Mahihirapan siyang lumipat sa Maynila kung hindi make-credit ang mga nakuha na niyang units. Pero parang handa agad siyang iwan ang isang buong taon basta makasama si Pablo. Ewan, talagang luka-luka na yata siya.*

*"Hahanap tayo ng school para makapagpatuloy ka doon. Mas maganda nga kung bachelor's degree na ang kunin mo.*

*Mukhang maganda naman ang sasahurin ko kung papalarin. Mapapag-aral kita."*

*"Luku-luko. Eh, di lalo nang nagalit sa akin ang nanay mo."*

*"Tutulong naman ako sa kanila, pero may sarili akong buhay. Isa pa, ang sabi naman ni Tatay, `wag kong isipin si Nanay."*

*Hindi magkasundo ang mga magulang nito. Mabait ang tatay ni Pablo, walang hinihinging anoman dito, habang ang nanay nito ay iyong tipo na inaasahan nang mag-aabot dito ang anak.*

*Ngumiti siya sa lalaki. "Galingan mo, ha?"*

*"Oo naman. Para sa atin `to, Lupita."*

*Nanatili siyang nakatitig sa guwapo nitong mukha, buo ang tiwala at paniniwala rito, umaapaw sa pag-asa ang puso. Makakaya nila ang lahat, basta't magkasama sila, kailangan lang niya iyong tandaan.*



# CHAPTER TWO

"Ay, ay, dito na lang po ako, Manong!" Tinapik ni Lupita ang braso ng tricycle driver. Sa paglipad ng isip niya sa nakaraan ay nalimutan na niya ang babaan. Malayo-layo ang kanyang nababaan. Nagbayad siya at hila-hila ang kanyang portable sound system ay nilakad na ang bangketa, patungo sa basketball court ng barangay.

Panay ang buntong-hininga niya sa isiping walang nakakaalam kundi sila ni Pablo na muntikan na silang naikasal. Kinabukasan noong gabi ng lamay-concert ay nagtungo sila sa munsipyo, pero kahit na dala nila ang

requirements ay hindi nila alam na kailangan pa rin pala ng parental consent kahit na disiotso na siya at disinuebe naman si Pablo. Bukod pa roon ay kailangan pa pala ng seminar. Nagtanong lang kasi sila sa tiyuhin ng isang kabanda ni Pablo na namamasukan dati sa munisipyo. Mali-mali pala ang impormasyong nakalap nila.

Kung bakit may kirot siyang nadama sa puso kahit akala niya ay naubos na ang mga pakurot ng masaklap nilang love life ni Pablo. Napakatagal na panahon na noon. Ang dami nang nangyari sa buhay nila. O sa buhay nito pala. Dahil siya ay nasa lugar pa rin kung saan siya nito iniwan, struggling pa rin, at hindi alam kung kailan aasenso. Pero naniniwala siyang malapit na dahil kapag nakakuha na ng visa si Ising pa-Canada, siya ang papalit sa amo nito sa Hong Kong. Makalipas ang ilang panahon, siya naman ang susunod pa-Canada. Walang mangyayari sa kanya sa Pilipinas.

Ang nanay niya ay ipagkakatiwala na lang

muna nila kay Daleng, tutal ay magkasama ang dalawa na naninilbihan sa isa niyang tiyahing mayaman, pinsan ng nanay niya. Ang Ate Catalina naman nila ay nasa Tarlac at mayroong triplets, pero walang ama. Gagawin niya ang lahat mapag-aral lang ang tatlong iyon.

Nang makarating sa court ay nag-setup na siya, ngiting-ngiti sa mga dancer.

"Good afternoon, mga ka-barangay!" aniya.

Daig pa niya ang nakainom ng tatlong bote ng Red Bull. Ang energy na iyon ang dahilan kung bakit siya ang paboritong Zumba instructor ng mga nanay, tiyang, lola, at ateng. Aware naman ang mga ito na hindi siya lisensiyadong Zumba instructor pero ang sabi ng mga ito ay boring daw iyong isang may lisensiya at mas mahal pa ang bayad. Siya kasi ay five hundred lang ang singil kahit ilan pa ang gustong sumali sa sayaw.

"Ang sabi ko po, good morning!"

Naghiyawan ng pagbati ang mga suki niya.

Kabilaan ang side step niya habang umiindak, pumapalakpak din ang kamay.

"Warm up lang muna tayo, girls!" patuloy niya habang malakas ang tugtog sa kanyang portable sound system. Mukha iyong maliit na maletang de-gulong, pero speaker. Puwedeng kabitan ng mic at sa kaso niya ay headset. Kinuha niya iyon nang hulugan pero nabayaran niya agad dahil kinarir niya ang pagiging dance instructor sa mga barangay.

"Kumusta ang mga tuhod natin pagkatapos ng piyesta last week? Gumanti na po ba ang lechon, mga hipon, at alimango?" aniyang patuloy sa pag-indak, sa warmup.

Kanya-kanyang kuwento ang mga nanay, nagkakatawanan sa mga karanasan. Kaya siya gusto ng mga ito, marunong siyang makinig, marunong ibigay ang hilig ng mga ito, kahit kung tutuusin naman, ipe-play lang niya dapat ang tugtog at sasayaw para tularan ng lahat. Pero kung ganoon, hindi siya hahanap-hanapin. Kailangan ng personal touch. Malaking tulong ang kita niya sa Zumba

kahit pa nga hindi araw-araw. Kadalasang weekend lang, isa sa umaga at isa sa hapon.

Madami siyang racket bukod doon. Kusinera, online seller, manikurista, masahista, hair dresser, at kapag Pebrero at JS prom o kapag may espesyal na okasyon tulad ng piyesta, suma-sideline din siyang makeup artist sa mga pageant at iba pang katulad ng bagay. Hindi siya napapakali kapag wala siyang nira-racket.

"Okay, girls, kailangan nating tunawin ang mga nakain noong piyesta. And one, two, ah-one-two-three four!"

Sige siya sa pagsayaw, lahat kuha sa YouTube. Hindi na nga Zumba ang ginagawa niya, pero hindi mahilig mambusisi ang mga misis. Basta't pawisan ang mga ito ay sapat na. At sa routines na sinasaulo niya, talagang papawisan ang mga ito.

Saulado na niya ang galaw, kahit ang sinasabi, kaya sige lang siya kahit hindi mawala sa isip si Pablo…

*"HUY, GISING."*

*Napaigtad si Lupita nang marinig ang tinig ng isang babae. Natulala siya nang makita kung sino ang gumising sa kanya—ang nanay ni Pablo.*

*"`Nay! Kayo pala," aniyang tumayo. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin dito, lalo na at parang lango pa ang isip niya sa kakulangan ng tulog. Galing siyang Maynila bago ang shift ngayon sa Top Bun kaya talagang bagsak ang kanyang pakiramdam. Tumingin sila ni Pablo ng puwedeng rentahang bahay sa Quezon City.*

*Hindi pa siya nagpapaalam sa kanyang ina pero darating na iyon dahil hindi niya kayang hindi makasama si Pablo. Bahala na. Natanggap sa banda ang lalaki may dalawang buwan na ang nakakaraan at titigil muna siya sa eskuwela ngayong school year dahil hindi na siya aabot sa enrolment sa Maynila. Kailangan din naman niyang makaipon dahil walang magsusustento ng kanyang pag-aaral. Pinapauna ng nanay niya si Ate Kata dahil ito ang mag-a-abroad. Nakatapos na ng associate*

*degree ang kapatid niya pero kailangang mag-training para makapangamuhan abroad. Nag-iipon din ito, maging ang kanyang ama, para sa placement fee at requirements hindi lang para kay Ate Kata, kundi maging kay Ising na naka-enrol din ngayon sa TESDA bilang paghahanda sa pag-alis nito ng bansa.*

*"Napadaan kayo, `Nay? Kukumustahin po ba ninyo si Pablo?" Naisip niyang siguro ay alam nitong magkasama sila ng anak nito.*

*"Hindi. Alam ko ang lagay ng anak ko. Ikaw ang sadya ko, Lupita." Bumuntong-hininga ito. "Ang totoo, alam kong ayaw ni Pablo na malaman mo kasi tatanggihan niya naman daw ang alok. Ang akin lang, baka sakaling kung sa `yo ako makiusap, mabago ang takbo ng buhay ng anak ko.*

*"Alam mo naman siguro, neng, na mahirap ang buhay namin. Hindi rin siguro bago sa `yo dahil pare-pareho lang naman tayong hindi maalwan, ano? Eh, ang totoo, tutol na tutol ako sa pagsasama ninyo ng anak ko dahil napakabata pa ninyo. At itong anak ko naman,*

*napakadaming dumarating na oportunidad na lahat gustong tanggihan dahil sa `yo, neng. Tulad ngayon, dalawa ang nag-aalok na mag-abroad."*

*"N-nabanggit naman po niya sa akin `yon, `Nay. Ang sabi niya po, hindi siya puwede kasi kaka-twenty pa lang daw po niya."*

*"Kasinungalingan `yon. Puwedeng-puwede. Disinuebe nga, eh tinatanggap. At ang sabi rin naman, sakali man, eh, `yong agency na ang bahala. Kailangang-kailangan ng musikero, eh. Nakita `yang anak ko sa club noong nakaraan at inalok nga. Pero tinanggihan dahil hindi ka raw maiiwan." Pagkalalim-lalim ng buntong-hininga ng babae.*

*"Ineng, kung maaari sana akong makiusap sa `yong kombinsehin mo ang anak kong mag-abroad. Walang mangyayari sa kanya dito sa atin. Alam mo naman `yan. Hindi naman kayo maghihiwalay, at baka nga kunin ka pa balang-araw, ano? Pero sana naman makaalis at hindi naman kayo habang-buhay na bata. Paano kapag nabuntis ka? Paano kapag nagkapamilya*

*kayo? Kakasya ba ang sahod niya?"*

*Bigla siyang napayuko. Hindi niya alam na tinanggihan ni Pablo ang mga alok dahil sa kanya. Ang akala niya talaga ay dahil underage ito.*

*"H-hindi ko po alam, `Nay."*

*"Kaya nga sinasabi ko sa `yo, Neng. At nakikiusap ako na sana tulungan mo akong kombinsehin ang anak kong mangibang-bansa. Ano na lang ba ang isang taon, neng? Mabilis `yong lilipas. At kung ayaw niya talaga doon, eh, di saka siya magpasya, `di ba? Ang importante, `wag niyang itapon ang pagkakataon."*

*Hindi siya agad nakapagsalita pero tumango mayamaya. "S-sige po, `Nay. Kakausapin ko po siya. Pasensiya na po."*

*Nagpaalam na rin ito, habang siya naman ay biglang napaluha. Hanggang sa may dumating na mga customer, panay ang tulo ng kanyang mga luha dahil maisip pa lang niyang pupunta sa ibang bansa si Pablo ay para nang mayroong dumadagan sa kanyang dibdib.*

*ALL RIGHTS RESERVED.*

*Ngayon pa nga lang na nasa Maynila ito ay halos mabaliw na siya, paano pa kung nasa ibang bansa na ito?*

*Pero kasabay noon, paano niya naman ito mapapabayaang manatili sa Pilipinas kung tama ang nanay nito na walang mararating doon ang lalaki. Oo, kung minsan ay kumikita ito ng walong daan isang gabi, malinis, pero madami din itong expenses. Pamasahe at pagkain sa practice, renta sa bahay, bills, at iba pa. Kung sa kanilang lugar ay malaki iyon, sa Maynila ay hindi dahil kahit napakaliit ng apartment ay napakamahal naman ng renta. Medyo malayo rin iyon sa sentro kaya ilang sakay bago makarating sa mga gig sa Kamaynilaan.*

*Pero handa naman siyang tulungan ang lalaki. Iyon lang, ang katotohanan ay napakabagal ng kanilang magiging pag-asenso. At masakit sa kanyang isiping siya ang dahilan kung bakit hindi maabot ni Pablo ang buo nitong potensiyal. Siya ang pumipigil sa pag-asenso nito.*

*Mabigat ang loob niya sa mga sumunod na araw, nawala ang excitement sa pagpunta sa Maynila. Hindi na lang siguro siya tutuloy kung aalis din si Pablo. Ewan, hindi niya alam kung ano ang gagawin niya.*

*Nang sumapit ang day off ay lumuwas siya ng Maynila, tulad ng usapan nila ni Pablo. Agad siya nitong niyakap sa istasyon pa lang ng bus.*

*"Kumusta ang biyahe?" ngiting-ngiti nitong tanong, sabay halik sa kanyang pisngi.*

*"Okay naman." Tumingin siya sa guwapo nitong mukha, nakangiti. Bigla ang pagkudlit sa puso niya. Kailangan niyang samantalahin ang mga sandaling magkasama sila. Pero tama rin ang nanay nito. Ano na lang ba ang isang taon?*

*Kinuha nito ang bag niya. Sumakay sila ng jeep patungo sa apartment. Hindi nito binibitiwan ang kanyang kamay, maya't maya kung hagkan. Bakit parang naiiyak na siya hindi pa man?*

*Nang makapasok sa maliit na apartment ay*

*agad siya nitong isinandal sa pinto at mainit na hinagkan sa labi, sa leeg, sa panga.*

*"Pablo, galing ako sa biyahe," saway niya rito.*

*"Wala akong pakialam," sambit nito. "Miss na miss na kita, mahal."*

*Tunaw agad ang puso niya. Gayunman, alam niya kung paano magpaligaya ang lalaki kaya mabilis siyang nagtungo sa banyo at naligo, saka ito tinawag para magpaabot ng tuwalya.*

*Binalot siya nito niyon, saka binuhat. Malakas itong lalaki kahit may kapayatan. Dinala siya nito sa silid.*

**Binaliw siya ng lalaki sa mga halik at yakap nito. At sa pagkakataong iyon, bago magtagpo ang kanilang mga katawan, ay ipinaalala niya ritong gumamit ng proteksiyon. Malayo pa ang mararating ng lalaki, napakataas pa ng liliparin nito, at hindi iyon maaaring pigilan ng kapusukan ng dalawang kabataan.*

*Nakayakap ang lalaki sa kanya mula sa*

*likod habang marahang bumabalik sa normal ang tibok ng kanyang puso. Bigla niyang nasambit dito, "Pablo, `yong alok sa `yong mag-abroad, bakit hindi mo tanggapin?"*

*Nilingon niya ito. Nakakunot ang noo ng lalaki. "Ayoko."*

*"Bakit naman?"*

*Bumuntong-hininga ito, saka siya dinampian ng halik sa pisngi. Tila hindi nakatiis na hinigit siya nito para tuluyang mapapihit paharap dito. Ngumiti ito, itinaas ang kanyang mukha.*

*"Akala ko ba mas gusto mong nandito ako sa Pinas? Pinapaalis mo ba ako?"*

*"Hindi naman." Gusto na niyang umiyak pero tinatagan ang sarili. "Naisip ko kasi na baka mas maganda `yon. Mas mabilis ang pag-asenso. Kasi siyempre, maganda na habang maaga, habang bata tayo, may marating na tayo. Ako mag-aaral, ikaw mag-a-abroad. Kasi maliit din naman ang kita dito sa Maynila."*

*"O, bakit biglang nagbago ang ihip ng hangin?" May bahid ng ngiti sa labi nito kahit*

*na kunot na kunot ang noo. Noong nakaraan kasi ay sinabi niya ritong mas gusto niyang huwag itong mag-abroad, pero sinabi niya lang iyon dito dahil sinabi nitong hindi pa ito puwede. Oo, totoo iyon sa loob niya, pero ano bang malay niyang hindi pala totoong underage ito para sa trabaho abroad?*

*"Wala lang. Naisip ko lang. Pero sabi mo, underage ka pa?"*

*Nabura ang ngiti nito, muling bumuntong-hininga. "Sinabi ko lang `yon kasi gusto kong makuha ang totoong reaksiyon mo, eh. Alam ko naman na kung sasabihin kong puwede, sasabihin mong kung `yon ang makakaganda, `yon ang ituloy ko. Gusto ko kasing malaman kung ano talaga ang gusto mo."*

*"Bakit `yong gusto ko? Bakit hindi `yong gusto mo?"*

*"Dapat gusto natin pareho, mahal." Itinaas nito ang kanyang kamay sa mga labi para hagkan. "Dahil buhay nating dalawa ito. Naiintindihan mo ba `yon, Lupita?"*

*Napaluha na siya saka tumango. "Pero gusto*

 ALL RIGHTS RESERVED. 

*ko kasing mas lumaki ang kita mo kung ganitong pagod na pagod ka. Parang walang future itong trabaho mo ngayon kahit mas malaki ang kita. Ano ba naman ang isang taon, subukan mo na lang, para makita mo. Malay mo, kung maganda ang lagay mo doon, puwede mo akong makuha, `di ba?"*

*Ikinulong nito ang kanyang mukha sa mga kamay nito, saka siya dinampian ng halik sa labi.*

*"Sige, mahal, taasan natin nang konti ang pangarap natin," nakangiting sabi nito.*



# CHAPTER THREE

"Anak, anak, ano ba'ng nangyayari sa `yo?"

"Po?" Napatingin si Lupita sa nanay niya. Binisita niya ito. Doon pa rin ito nakatira sa bodegang ginawang bahay kung saan siya lumaki. Nasa labas iyon ng mansiyon ng kanyang mayamang tiyahin. Kasambahay ito sa malaking bahay, katulad ng kakambal niyang si Daleng. Sa gilid ng bodega ay mayroong shed na ginawang kusina at komedor. Doon sila nakapuwesto. Nagkakape siya, lumilipad na naman ang isip sa nakaraan.

"`Kako'y naghahanap ng kusinera ang

Ninang Violy mo. Gusto mo ba? Tinatanong ako kung may kakilala raw ako. Uuwi na raw ang nakabili ng rancho, nagpapahanap ng kusinera at katulong."

"Magkano po ang sahod?" Iyon ang palagi niyang unang tanong. Ang totoo, saglit lang niya nagamit ang pinag-aralan niya dahil nang pumasok siya sa kompanyang nag-a-assemble ng mga computer ay barya ang kita niya, paldo ang may-ari. Nang tumagal, kahit ginusto niyang mag-assemble din ng mga computer, kulang naman siya sa pera at kalaunan, hindi na siya updated sa pinakabagong technology.

"Malaki naman, sahod pang-Maynila daw. Eh, kasi nga `Merkano yata ang nakabili."

"Sige po, tatawagan ko. Basta weekends po, baka hindi ako puwede kasi may pa-Zumba ako. Sayang din po `yon."

Tumango lang ang babae. Alam nitong may sarili siyang diskarte sa pera. At kahit hindi pinag-usapan, understood nang magtutulung-tulungan silang mag-iina sa

pagtataguyod ng isa't isa. At kahit kadalasang ayaw tumanggap ng tulong ni Ate Catalina, napipilitan na rin dahil sadyang hirap sa buhay dahil sa triplets na anak na sarili nitong tinataguyod sa tulong ng kanilang ama at ng tiyahin na napang-asawa niyon.

Iyak nang iyak noon ang Ate Kata niya nang umuwi mula sa pagtatrabaho sa Italy. DH ito. Maganda ang sahod, mabait daw ang amo. Pero buntis nang umuwi at ayaw sabihin kung sino ang ama kahit anong giit nila. Sorry ito nang sorry noon, ang sabi ginawan nila ng paraan para makapag-abroad ito pero umuwing buntis, ni hindi natupad ang mga pangako nitong pag-aaralin si Daleng, bibilhan ng bahay ang nanay nila, at siya ay tutulungan din. Pero balewala sa kanila iyon. Siya ay saglit lang nainis dito, pero naawa rin sa huli. Mabait kasi ito, alam nilang siguro na-in love lang o kung ano. Ang hirap din kasi lumaki ito sa tatay nila sa Tarlac kaya mas close din doon, pero napakabait nito. At gusto niyang awayin ang lalaking bumuntis dito,

kung alam lang sana niya kung sino.

"May pinadala sa `yo si Freshness na balita?" kaswal na tanong ni Daleng, nakapuwesto sa hapag. Hapon at merienda kaya dinalaw niya ang dalawa. Nagrerenta lang siya ng silid sa bayan kahit puwede siyang umuwi dito sa tuluyan ng nanay niya at kakambal. Paano, kapag naroon siya ay nakakaisip si Tita Fely ng ipapagawa sa kanya, `tapos barya ang iaabot. Mas mainam na kahit kuwarto lang ang nirerentahan niya, one thousand lang, kasama na lahat. Solo niya naman ang kuwarto, kahit mayroon lang communal na banyo at kusina.

"Isa ka pa, Daleng, ha?" aniya ritong napairap.

"Ay, anong balita?" tanong ng nanay nila.

Ngumiti si Daleng, sabay piraso sa dala niyang giant ensaymada na isinawsaw nito sa kape. "`Di ba, `Nay, itong si Lupita, eh, takas nang takas no'ng araw? Hindi ninyo alam, kami lang ni Ising ang nakakaalam. Eh, may boyfriend `yan noon, eh. `Tapos nag-break

sila. Iyak nang iyak `yan noon, `Nay. Naalala mo noong pumayat nang husto `yan, dinala mo pa sa ospital kasi nag-aalala kang baka may TB? Dahil `yon do'n sa lalaki!"

"Tumahimik ka nga diyan!" iritadong saway niya.

"Uy, affected pa rin!"

"Tumahimik ka, Daleng!"

"Aba, eh, sino `yong lalaki? Hindi mo man lang naipakilala sa akin?" anang nanay niya.

"Wala `yon, `Nay, Diyos ko, `pakatagal na po noon. Ikakasal na nga noong nakaraan."

"Wala na. Hindi na natuloy. `Yon ang balita. Siguro kaya ka tulala."

"Sira! `Dami-dami ko nang naging syota pagkatapos niya, `no!" irap niya kahit ang totoo ay dalawa lang, pareho pang hindi nagtagal. Iyong isa, three months, iyong huli ay inabot ng anim na buwan. Walang makatagal sa kanyang patakarang hindi magtatabi hanggang hindi kasal, kahit hindi na siya virgin. Iyong huli nga ay niyaya na siyang magpakasal. Ayaw niya naman dahil

ang totoo, hindi na niya naramdaman sa iba ang naramdaman niya noon kay Pablo at sa totoo lang, ayaw na niyang maulit pa ang ganoong feeling.

Ayaw na niyang mabaliw ulit sa lalaki. Natatakot na siya. Dahil nang maghiwalay sila ni Pablo, para na siyang mamamatay. Natuklasan niya noon, puwede palang magmahal nang ganoon katindi ang isang tao.

"Wala namang tumagal. Ni wala ka ngang pinakilala kay Nanay," kantiyaw ni Daleng.

"At ikaw?"

"Madami akong ka-chat, `no. Saka hindi ako makahanap ng mayaman, hindi tulad mo. `Yong huli mo, mayaman `yon, ah?"

Ang daldal talaga nitong si Daleng, kaya kasundong-kasundo ni Freshness, parehong intrigera. "Eh, wala, eh. Alangang ipilit kahit hindi naman makasundo?"

Dinutnot ng nanay nila ang balikat ni Daleng. "Iyon bang may-ari ng mga tindahan ng *peeds*? Nabalitaan ko nga `yon at hinintay kong ipakilala sa akin. Gawa nakasalubong

natin sa simbahan, hindi ba, Daleng? At ngiting-ngiti sa akin at nagmano pa, nagpakilala. Sabi'y kaibigan mo nga raw. Kaya alam ko na. Kaso mo'y hindi naman nga ako maniwala hanggang hindi mo ipinapakilala. Aba'y guwapo `yon, anak, at mukha namang mabait, ah?"

"Paano nga, `Nay, ang puso ni Lupita, eh, na kay Pablo pa rin. Ano ba talaga nangyari sa inyo no'n? Nakita pa raw kayo ni Ising sa bayan, naghahalikan doon sa may stage noong may tugtog. Yiiiiee!"

Natawa na lang siya. Kung alam lang ng mga itong minarkahan nila ni Pablo ang halos lahat ng tagong lugar sa bayan nila. Ano nga ba ang nangyari? Simple lang. Nagparaya siya at naging napakaganda ng buhay ni Pablo…

*"ANO BA'NG ginagawa mo dito, Uro?"*

*Nakadama na ng inis si Lupita sa kabanda ni Pablo. Noong una, ini-entertain niya ito dahil nga kabanda ni Pablo. Pero nakakairita*

*na ito dahil mag-iisang linggo nang pabalik-balik gabi-gabi sa Top Bun, nakikitulong, nakikipagkuwentuhan, at nambobola. Hindi siya manhid para hindi maintindihan na nagpapalipad-hangin ito. Noon pa niya napapansin na iba ang tingin nito sa kanya pero hindi niya naman pinalalaki ang issue dahil alam niyang kaibigan ito ni Pablo at ayaw niyang makasira ng pagkakaibigan. Pero talagang isusumbong na niya ito sa pagkikita nilang muli ng lalaki.*

*"Dinadalaw ka lang. Kumain ka na ba? Nagdala ako ng kanin at ulam."*

*Napatingin siya sa plastic bag na may lamang pagkain na galing sa karinderya. Ganoon ang style ni Pablo, magdadala ng pagkain at sabay silang maghahapunan. At alam ni Uro iyon.*

*"Uro, puwede ba kitang prangkahin?" aniya.*

*"Oo naman."*

*"Boyfriend ko si Pablo at mahal ko siya kahit wala siya ngayon dito sa atin."*

*"Wala naman akong balak na makialam*

*doon, Lupita. Nag-aalala lang ako sa `yo kasi nga wala si Pablo. Nagbilin din siya sa akin na tingnan-tingnan ka."*

*Para naman siyang napahiya, saka tumango. "Pasensiya na. Kasi nakakailang lang."*

*"Ayos lang. Sige, iwan ko na lang itong pagkain."*

*"Hindi. Sumalo ka na sa akin. Saglit, maghahain ako." Ngumiti siya rito, napapahiya pa rin. Hindi niya dapat bigyan ng malisya ang kabutihan ng lalaki.*

*Naghapunan na nga silang dalawa. Pinapasok niya ito sa trailer para mas malapad ang patungan ng plato. Hindi kasi iyon kasya sa kadalasang pinupuwestuhan ng mga customer. Naalala niya si Pablo at ang ginagawa nitong ganoon noon. Gusto niyang mapaiyak dahil nakapasa rin ito sa audition para makapag-abroad. Siyempre naman papasa ito sa lahat ng audition dahil ang galing-galing nito. Alam niya, kaunting oras na lang ang nalalabi sa kanila at aalis na ito. Hindi na sila magkikita ng at least one year. Higit pa roon kung*

*maganda ang kontrata.*

*At para bang mababaliw siya sa lungkot.*

*"Iniisip mo ba si Pablo?" tanong ni Uro.*

*Napakababaw ng mga luha niya nitong huli at bigla na lang siyang napaluha. "`Wag mong sabihin sa kanyang umiiyak ako, ha? Kasi alam mo naman `yon."*

*"Oo naman. Tahan na. Isipin mo na lang, isang taon lang naman `yon doon."*

*"Alam ko naman. Kaso siyempre, nami-miss ko siya." Napahagulgol na siya. Siguro dahil wala siyang ibang mapagsabihan.*

*Niyakap siya ng lalaki at lalo na siyang napaiyak. Mayamaya ay lumayo rin siya rito.*

*"Sorry. Pasensiya na, Uro. Talaga lang nahihirapan ako sa ngayon. Pero maano ba at masasanay din ako. Isa pa, baka humanap ako ng bagong trabaho kasi hindi ako nakaabot sa enrolment. At least hindi na ako dito sa Top Bun kasi mas madami na akong oras," konsola niya sa sarili.*

*"Masasanay ka rin at malay mo, after one year, makuha ka na rin niya?"*

*Tumango na lang siya, pinunasan ang mga mata. Nagpaalam na rin si Uro mayamaya, habang siya ay nagluto para sa mga bagong dating na customer. Wala siyang kasigla-sigla hanggang sa dumating na ang karelyebo niya sa shift.*

*Umuwi siyang pagod ang katawan at emosyon. Nagpunas siya at humiga na sa kutson sa sahig, tumagilid, lamig na lamig kahit mainit ang panahon. Tahimik siyang lumuha at nakatulugan na iyon. Kinabukasan nang magising ay wala siyang ganang kumain.*

*"Ano ba'ng nangyayari sa `yo?" untag sa kanya ni Ising. Papasok na ito sa school. Determinado itong mag-apply bilang DH. Mataas ang pangarap nito at naniniwalang walang asenso sa Pilipinas kaya mangingibang-bayan para hanapin ang kapalaran.*

*"W-wala."*

*"Pumapayat ka na. Nag-away ba kayo ni Pablo?"*

*"Hindi."*

*"O, eh, bakit?"*

*"Wala. Nalulungkot lang ako kasi mag-a-abroad siya."*

*"Maganda nga `yon, makakaipon kayo agad. Naku, male-late na ako. Ayos ka lang ba?"*

*Agad siyang tumango. Umalis na rin ito. Mayamaya ay nakatanggap siya ng tawag mula sa boyfriend. Agad niya iyong sinagot.*

*"Pablo?"*

*"Magkita tayo, Lupita. Nasa bus na ako. Malapit na ako."*

*"Ha? Bakit ka umuwi? `Di ba may tugtog ka mamaya?"*

*"Basta't magkita tayo. Sa chapel."*

*"Sige. May p-problema ba?"*

*"Mag-usap lang tayo."*

*Kinabahan siya pero agad nang naghanda. Naligo siya, nagpaganda, kumain nang kaunti. Sana ay hindi napansin ng lalaki na medyo pumayat nga siya. Hindi kasi siya makakain nang maayos sa isiping hindi na niya ito makikita sa mga darating na araw.*

*Nagpaalam siya sa nanay niya, sinabing may lalakarin lang. Dumiretso siya sa isang lumang*

*chapel, ang isa sa mga tagpuan nila ni Pablo. Nawasak iyon ng isang bagyo at hindi na napagawang muli dahil may itinayo nang mas malaki. May bangkong ginawa si Pablo para may upuan sila doon. Nilinis din nila ang loob. Pero ngayon ay madumi na rin dahil ilang panahon na rin silang hindi nakakabalik.*

*Naroon na ito pagdating niya, nakaupo sa bangko at agad na tumayo habang siya naman ay naglakad patungo rito. Natigilan lang siya nang hindi man lang siya nito salubungin, at nang makalapit ay hindi siya niyakap.*

*"P-Pablo?"*

*"Bukas ako pipirma ng kontrata. Kapag pumirma ako, sa loob ng dalawang linggo, aalis na ako. Pero ayokong umalis, Lupita. Labag na labag sa loob kong umalis. Ginawa ko lang talaga ang lahat ng ito dahil sa `yo. Dahil sinabi mo. Dahil ito ang gusto mo. At ang plano ko, siguruhin sa `yo na ito ang gusto mo bago ako pumirma. Dahil dalawang taon pala ang kontrata, Lupita."*

*Nag-unahan na sa pagpatak ang mga luha*

*niya. Siyempre, ayaw niya itong umalis pero kailangan nitong gawin iyon. Ang dikta ng isip niya, masyado pa silang bata para maging ganito kaseryoso sa isang relasyon. Ano ang gagawin nila sa buhay nila? Kakahig at saka tutuka? Malalapad ang mga pakpak ni Pablo, kaya nitong makaabot sa kalangitan at hindi nito magagawa iyon kung bitbit-bitbit siya.*

*"Kailangan mong pumirma, Pablo. Para din sa `yo `yan."*

*Pinakatititigan siya nito, matagal, hanggang sa mapayuko na siya, hindi masalubong ang mga mata nito dahil nangangambang mabasa nito sa mga iyon na ayaw niya itong umalis, na sinasabi niya iyon dito hindi lang dahil sa iyon ang tama, kundi dahil sa udyok ng nanay nito.*

*"Noong nakaraan pa sinabi ni Nanay sa akin na may ibang kutob daw siya sa inyo ni Uro."*

*Agad siyang nag-angat ng mukha, nagulat sa narinig. "Ha?"*

*"Kayo daw ni Uro. Hindi ako naniwala. Hindi mo kako magagawa sa `kin."*

*"Talagang hindi ko magagawa!" agad niyang sabi.*

*"Pero nagtaka ako kasi biglang gusto mo na akong umalis, Lupita. Sa katunayan, tinutulak mo akong umalis bigla."*

*Napanganga siya rito. Hindi niya nagawang makapagsalita sa pagkabigla.*

*"Sabi ko, siguro talagang gusto mo lang umasenso tayo agad. Pero madaming pinadalang picture si Nanay. Lahat ng hindi ko na magawa dahil malayo na ako, si Uro na ang gumagawa. Yakap mo pa si Uro kagabi. Aminin mo sa akin, hindi ako magagalit, Lupita. `Yon ba ang dahilan kung bakit mo ako gustong umalis? Kasi kung oo, aalis ako. Hindi ko ipagpipilitan ang sarili ko sa `yo. Pero kung… pero kung hindi, naisip ko, bakit ako aalis? Bata pa tayo, oo, madaming paraan—"*

*"Pasensiya ka na, Pablo," agaw niya dahil nakita niyang maging ito ay nahihirapang bigyan ng hustisya ang gusto nitong gawin dahil nadadala lang ito ng emosyon. Saka na niya sasabihin ang totoo, kapag nasa ibang bansa na*

*ito. Kailangan nitong pirmahan ang kontrata sa ngayon.*

*"A-ano'ng ibig mong sabihin, Lupita?"*

*"Nagkamali kami ni Uro," tahasang pagsisinungaling niya.*

*Natigagal ito sa kanya, saka sinabi mayamaya, "Hindi `yan totoo. Siguro kinokonsola ka lang niya. Pero hindi `yan totoo, Lupita."*

*"Totoo." Napahagulgol na siya sa mga palad, saka tumahi ng kasinungalingan. "Natukso ako kasi palagi kang wala. Sorry, Pablo."*

*Hindi na niya nakita ang reaksiyon nito, pero narinig niya ang mga yabag nitong umalis para iwan siya sa chapel. Hindi niya naisip noon na mismong siya pala ang bumiyak sa puso niya sa kanyang ginawa. Dahil ang plano niyang sabihin ang totoo sa lalaki ay hindi nauwi sa inasahan niya. Kahit ilang ulit siyang nagtangka.*

# CUATRO MARIAS

## Ising

Maria Isidra







# CHAPTER ONE

*Bakit ko ba iniiyakan ang sira-ulong `yon! Kakikilala ko pa lang!*

Pero hindi napigilan ni Ising ang pagtulo ng mga luha. Pakiramdam niya ay napakapangit niya. Hindi naging maganda ang resulta ng pakikipag-date niya.

Pilit niyang pinatahan ang sarili, saka lumabas sa cubicle ng banyo. Sinipat niya ang hitsura sa salamin. Siguro nga, dapat na naglagay siya ng kahit kaunting makeup para mas gumanda naman siya kahit paano. Tingin din niya, kung itatabi siya sa mga kakambal ay siya ang lalabas na pinakapangit.

Pinatanda siya ng stress sa trabaho at sa pagpipilit makamit ang mga pangarap. Kung minsan, naitatanong niya kung bakit itinalaga niya ang sarili bilang breadwinner ng pamilya kahit hindi naman siya inoobliga. Siguro, sadyang gusto lang niyang mapabuti ang lagay ng lahat, na makaahon na sila sa hirap, na makatikim naman ang nanay at tatay niya ng kaunting ginhawa bago hindi na maigalaw ang katawan sa hirap ng trabaho. Gusto rin niyang magkaroon ng sariling negosyo, makapag-aral uli kapag nasa Canada na siya. Malapit na siyang makarating doon dahil nakatapos na siya ng caregiver course sa Hong Kong at nag-iipon na lang ng pang-placement fee. Maitatawid din sa kabila ng lahat. At kapag nakarating na siya sa Canada, si Lupita naman ang papalit sa kanya sa Hong Kong na kalaunan ay pasusunurin din niya sa Canada. Balang-araw, makukuha rin nila ang iba pa nilang kapatid, pati ang triplets na pamangkin, at nanay nila. Bahala na.

Hindi rin siya mahihirapan sa Canada

dahil may mga kakilala siya doon. Bukod sa mga Pinay na nakilala niya sa Hong Kong, mayroon ding malayong pinsan ang tatay niya doon, si Tiya Glory. Ang suhestiyon pa nga niyon ay bayaran na lang daw niya ang isa nitong kaibigan para pakasalan siya, pero masyadong malaki ang gusto kaya siyempre ay hindi niya pinatulan. Mukha ring ginugulangan siya ni Tiya Glory, sa true lang, mukhang kokomisyon pa. Mas makakatipid siya sa legal na paraan.

Ewan, masyado yata siyang madaming gustong gawin kaya hindi na siya tulad ng noon. O siguro, kailangan lang niya ng isang linggong tulog at mag-apply ng serum sa ilalim ng kanyang mga mata para mawala ang dark circles. Pero tulog ang mas dapat dahil bakas sa hitsura niya ang pagod. Kailangan din siguro niyang kumain nang mas madami dahil siya ang pinakapayat sa kanilang triplets.

Ang dalawa niyang kakambal ay nasa Pilipinas, sina Daleng at Lupita, habang siya ay DH sa Hong Kong. Siya ang unang

iniluwal ng kanilang ina kaya technically, siya ang panganay. Sumunod sa kanya si Lupita at panghuli si Daleng. May panganay silang kapatid, si Ate Kata, na tulad niya ay nag-DH din, pero umuwi sa Pilipinas dahil nabuntis.

Sa totoo lang, nang mangyari iyon sa kanyang ate ay napaiyak siya. Maganda na kasi ang lagay nito sa Italy. May usapan na silang susunod siya roon. Sa katunayan ay naghahanda na lang siya ng placement fee. Bakit ito nagpabuntis? Hindi na lang siya umimik noon pero napakasama ng kanyang loob, iyak lang siya nang iyak nang ilang araw dahil pakiramdam niya ay naiwan siya. Na iniwan siya ng ate niya sa pangarap nila.

Sino ba naman ang gustong malayo sa pamilya? Sino ba naman ang gustong makisama sa amo na toyoin? Mabait naman ang ma'am niya pero siyempre, tao rin na may mga mood, lalo na nitong huli na menopausal na at lalong naging moody nang biglang kupkupin ng asawa nito ang ina niyon. Malaki man sa karaniwan ang apartment,

maliit pa rin dahil ganoon ang estilo ng mga tirahan sa Hong Kong. Tuloy, siksikan sila, lalo na at kumuha pa ng isang tagapag-alaga, isa ring Pinay na Inday ang pangalan.

Kasundo niya si Inday, pareho silang trabaho at pamilya ang iniisip. Pero meron siyang gusto na hindi type ni Inday—ang makahanap ng Prince Charming na mayaman. Nahawa na kasi siya sa kapatid niyang si Daleng.

Sabihin na ng mga taong mukhang pera siya o oportunista, wala siyang pakialam. Tama si Daleng, nang mapag-isip-isip niya, uugatin sila nang dilat ang mga mata sa ginagawa nila. Nagsimula lang siyang maisip iyon nang triplets ang maging anak ng ate niya. Unti-unti na ring nabura ang sama ng loob niya rito at napalitan ng simpatya. Ayaw na ayaw nitong tumanggap ng abot niya noong una, alam daw nitong iniwan siya nito sa ere at wala raw balak ipakargo sa kanya ang mga anak nito. Alam kasi nito ang pangarap niya. Silang dalawa ang madalas mag-usap

noon tungkol sa mga pangarap nila dahil sila ang OFW at nagkakaunawaan ng hirap ng kanilang sitwasyon.

Naisip niya, siguro ilang balde ang iniyak ng kapatid niya at hindi siya para patuloy na sumama ang loob dito. Gayunman, noon niya na-realize na tama si Daleng. Nadagdagan na ang kanilang pamilya ng tatlo at kung kinakailangan niyang magdildil ng asin para matiyak na makakapag-aral ang tatlong batang iyon ay gagawin niya. Hindi siya makapapayag na matulad sa kanila ang tatlong bata. Wala sa mga ito ang dadanas ng hirap niya, nilang magkakapatid. At kung mapapadali ang lahat sa pamamagitan ng isang mayamang lalaki, bakit hindi?

Kaya naman ang matagal nang nagpapalipad-hangin sa kanya na kapitbahay nilang British ay pinansin na niya. Noong una ay ayaw niya dahil nasa wheelchair. Naisip niya, ayaw niya ng alagain, bukod sa mas matanda sa kanya ng higit sampung taon. Pero ang pagkaignorante niya ay itinama nito.

Natuklasan niya na hindi por que nasa silyang de-gulong ang isang tao ay alagain na. Sa katunayan, napaka-independent ni *. Agad na nagbago ang pagtingin niya sa lalaki.

Kalaunan, sa dami ng itinuro nito sa kanya at kung paano nito iminulat ang mga mata niya mula sa mga nakasanayan niyang konsepto na medyo makaluma, nahulog ang loob niya rito. Hulog na hulog na hulog.

Ano ba ang malay niyang manloloko rin pala ito?

Isang araw na lang, sinabi nitong tapos na ang kontrata nito sa isang kompanya sa Hong Kong bilang consultant. Nabigla siya dahil hindi nito sinasabi iyon sa kanya. Babalik na raw ito sa London, at hindi siya nito niyayang sumunod. Ni walang imbitasyon. Laking pagtatampo niya na siyempre ay nagtanong. Para lang sabihin nitong wala itong ganoong intensiyon sa kanila kailanman. Hindi naman daw ito nangako. Mahal daw siya nito pero hindi raw ito in love sa kanya.

Makalipas ang isang linggo, umalis na ito

at nang tangkain niyang i-chat ay ang tabang-tabang ng reply. Makaraan ang dalawa pang linggo, nag-post na ito ng ibang babae sa Instagram.

Walanghiya, ginamit lang siya at ginawang pansamantala.

Inaway niya ito dahil sa bugso ng damdamin. *"You are a horrible person, *. You only used me! When you said you love me, not in love with me, what is that? That is only your excuse to me! Now you have another woman there in just three weeks?! That means you never loved me. You only lie to me! You used me! I even adjusted myself to you! At first I don't like you and then I convinced myself it is okay. And I got to know you. You understand me? You are the first one to make me landi, and to make suyo—like to make me… make me… you court me! Pucha, ang hirap makipag-away sa Ingles. You are a liar to me, *! Does your woman know that?! That you left someone here in Hong Kong after you court her like you love her? That she is quiet in her life and then you disturb and then*

*when you got her, you left her and now you are with another woman?! Tell her! Tell her about me, you son of a bitch!"* pagtatapos niya.

Hindi na tumugon ang lalaki, kahit hindi naman siya *binlock*. Mas lalo lang sumama ang loob niya dahil para ba siyang hindi man lang nararapat na pagtuunan ng kahit na kaunting atensiyon.

Matagal din bago siya tumigil umiyak; baka isang taon din. At kahit panay ang reto sa kanya ng ilang kaibigan sa Hong Kong ay hindi siya nakikipag-date sa iba. Paano naman kasi, Pinoy din ang nirereto sa kanya at kadalasan pa ay mahirap ding tulad niya. Ano ang kinabukasan niya kung pareho silang hirap sa buhay at mayroong pamilyang binubuhay? Kaya naman kahit mahal na mahal niya ang mag-asawang Ping-ping at Gardo, hindi niya mapatulan ang sinoman sa nirereto ng mga ito. Kung hindi driver o pahinante ng amo, mga Pinoy ding nakilala doon na parang mga ilegal pa ang iba. Aba, madami ring Pilipino doon na ilegal ang

gawain.

Nang makapag-move on siya kay * ay nag-download siya ng mga app. Hindi titigil ang mundo niya sa isang tulad nito. Hahanap siya ng imported at mayaman. At ngayon-ngayon lang ang ikatlong date nila ng isang Amerikanong expat sa Hong Kong. Iniwan siya matapos ang simple nilang dinner at sinabing may nakilala raw itong iba. Nang mag-usisa siya ay natuklasan niyang isa ring Filipina, namamasukan sa tindahan ng sapatos sa Mong Kok.

Hindi siya tumigil hangga't hindi nalalaman kung ano ang issue niya. Tinapat naman siya ng lalaki at sinabing mas attracted daw ito sa bagong nakilalang babae. Ilang minuto nang nakaalis ang lalaki bago tumimo sa isip niya ang sinabi nito, at ngayon ay napaiyak siya. Mas attracted ito sa iba, hindi ibig sabihin na hindi siya attractive. Pero ganoon ang pakiramdam niya dahil hindi naman ang lalaki ang una niyang naka-date. Pangatlo na ito at ang dalawang nauna ay

hindi man lang siya niyaya ng second date. Coffee and run. Gaano ba siya kapangit? Pakiramdam niya ay napaka.

Hindi na siya nanghinayang sa pagkain kahit halos hindi niya nagalaw. Umalis na siya ng restaurant nang mapatahan ang sarili. Winter, malamig na ang panahon kaya naka-jacket siya. Nilakad niya ang mataong kalsada at tumuloy sa drugstore. Bumili siya ng mga pampaganda kahit wala sa kanyang budget. Madilim na nang matapos siyang mamili at gustong magsisi dahil inabot ng halos kalahating buwan niyang sahod ang halaga ng napamili niya, tuloy ay gusto na naman niyang mapaiyak. Dagdag ipon na sana iyon nang makalayas na siya pa-Canada pero nadala siya ng damdamin.

At yaman din lamang na naroon na siya, mas maigi na sigurong sagarin na niya. Isang araw para sa kanyang sarili na walang iniisip na obligasyon, walang inaalalang padadalhan kundi sarili lang niya.

Napadaan siya sa isang bar. Pumasok siya

roon. Pumuwesto siya sa mismong bar, umorder ng long island iced tea.

Ang totoo ay malungkot siya. Para kasing ang tagal ng pagdating ng asenso sa buhay niya. Ilang taon na siya sa Hong Kong pero parang wala pa rin. Wala siyang pundar, may ipon pero para sa pagpunta niya iyon sa Canada. Dapat buo na iyon pero naubos nang manganak ang ate niya at nang magkasakit at maoperahan ang asawa ng tatay niyang tiyahin niya rin. Alangan namang pabayaan niya ang mga ito?

`Tapos, malungkot na nga siya sa buhay, lumalabas pang pangit siya. Ang kakapal ng mukha ng mga naka-date niya, akala mo kung sinong mga pogi. Sa totoo lang, iyong lalaki kanina ay mukhang si Patrick na tropa ni Spongebob. Matabang lalaking kulay pink, maliit ang ulo kompara sa katawan. `Tapos siya pa pala ang hindi attractive. Gaano pala siya kapangit, kung ganoon? Pambihirang buhay `yan.

Nakakadalawang long island na siya pero

masama pa rin ang kanyang loob.

"One more," aniya sa bartender na babae.

"Let me buy this one for you."

Napalingon siya sa nagsalita. Dalawang upuan ang pagitan nila ng lalaki. Biglang tumahip ang dibdib niya. Guwapo ito, Chinese pero hindi masyadong maputi. Bahagyang singkit ang mga mata, makakapal ang kilay, matangos ang ilong, manipis ang mga labi, mayroong manipis na facial hair. Unat ang buhok nitong may ilang hiblang bumagsak sa gilid ng mukha.

Malapad ang mga balikat nito, at base sa suot na long-sleeved shirt ay maganda ang hubog ng braso, bagaman malayo sa katawan nina The Rock kundi nasa Asian-type na balingkinitang ma-muscle. Sa madaling-sabi, iyong type niya.

Kaya biglang sumikdo ang kanyang dibdib.

"Sure," sabi niya. Alak yata ang nagsasalita. Maingat siyang babae, lalo na at dayuhan siya sa ibang bansa. Sa dami din ng mga

nababalitaan niya mula sa mga kapwa-Pinay sa Hong Kong, talagang umiiwas siya sa *trobol*, `ika nga.

Pero ano ba ang *trobol* sa pagpayag na bayaran ng estranghero ang inumin niya?

"Thank you," aniya rito.

Nakangiti itong tumango. "What's your name?"

Napansin niya na wala itong Asian accent. Madami rin namang taga-Hong Kong ang sa ibang bansa nag-aral at bihasa sa Ingles.

"Isidra," tugon niya. "You?"

"Art." Inabot nito ang kamay, nakangiti.

Tinanggap niya iyon. Ewan, nadoble ang kilig niya nang maglapat ang mga palad nila. Ang guwapo talaga ng lintek. Lamang na lamang naman ito sa lahat ng naka-date niya, excuse me lang!

"You're cute," aniya, medyo senglot na.

Tumawa ito. "Thank you. So are you."

"Really?"

"You're beautiful."

Parang may humaplos sa puso niya at lalo

nang kinilig. Napasipsip siya agad ng iced tea. Nang maubos iyon ay nagpaalam siyang magbabanyo at doon ay naglagay ng kolorete sa mukha.

Nang lumabas siyang muli ay meron na siyang ikaapat na long island iced tea.

"Oh, I didn't order?"

"I ordered for you. I hope you don't mind," anito.

"No." Ngumiti siya at sumipsip. "Is it okay if we take picture?"

"Sure."

Siya na ang lumapit dito at nag-selfie. Ipo-post niya talaga bukas dahil ka-friend niya sa Facebook ang mga nanlaglag sa kanyang mga AFAM. Talo ang mga ito kung hitsura ang pag-uusapan dito sa Art na ito na mukhang gandang-ganda sa kanya. Bakit ba siya nabawasan ng kompiyansa? Alam niya naman na maganda siya. Noon pa ay ligawin na siya. Nagkataon lang na walang taste ang mga nakilala niya sa bansang iyon.

Naging madulas na ang dila niya at sinabi

rito, "Do you really think *am beautipul*?"

"Of course. You are stunning."

"I think you are so handsome also."

"Thank you."

"Where you live?"

"Central. But there's a hotel near. We can go there. Would you like to come with me?"

"Yes." Ngiting-ngiti siya rito.

Kinuha ng lalaki ang bill at naglakad na sila patungo sa pinto ng bar. Tinulungan siya ng lalaking isuot ang jacket niya. Nang isuot nito ang leather jacket ay lalo na itong naging guwapo. Disenteng tingnan pero matikas, astig. Ang bango pa. Parang natutunaw siya, hindi maipaliwanag kung bakit biglang ganoon ang nadarama.

Nang makarating sila sa hotel ay kinabahan siya dahil deluxe iyon, wala sa budget.

"You're gonna pay hotel, right?" tanong niya.

Tumawa ito, tumango. "Of course."

Pinagbuksan siya nito ng pinto at agad

siyang tumuloy. Ito ang nag-asikaso ng check-in sa reception, kinuha ang kanilang mga ID, at iniabot nito ang credit card. Maulap ang kanyang isip, pero sumisingit ang tanong kung bakit sila naroon. Hanggang sa sumakay na sila sa elevator.

Hawak nito ang kanyang kamay hanggang sa makarating sila sa floor ng silid. Itinaas nito ang kanyang kamay sa mga labi nito para hagkan. May bahagi pa ng isip niyang nabigla, at isang bahagi ang nalito. Teka lang, ano ba ang gagawin nila doon? Bakit siya sumama?

Binuksan na nito ng card ang pinto ng silid. Noon niya naunawaan ang naiisip ng lalaking gagawin nila. At isa siyang malaking tanga na hindi iyon naunawaan bago sila makarating doon.

Gayunman, wala siyang madamang takot. Sa katunayan, magaan ang loob niya sa lalaki, isang bagay na bihirang-bihira niyang madama sa ibang tao, lalo na sa isang bagong kakilala. Hinubad niya ang jacket na isinabit

nito sa loob ng closet, tulad ng jacket nito.

"Let's wait for the wine," anito.

Tumango siya at naupo sa kama. Tinapik niya ang tabi. "Sit."

Tumalima ito, ngiting-ngiti. Nang lumingon siya rito at napasinghap siya nang tumaas ang kamay nito sa ilalim ng kanyang baba para itaas ang kanyang mukha at dampian ng halik ang kanyang mga labi. Dampi lang pero sapat na para mag-init ang buong mukha niya.

Siya na ang naglapat ng mga labi niya sa mga labi nito para sa isang mas malalim na halik.

"Y-you think I'm beautiful?" tanong niya nang saglit na maghiwalay ang kanilang mga labi.

"No doubt about it, darling. You are so beautiful."

Natunaw siya sa mga salita lang nito kaya nang muli siya nitong hagkan, mas mainit sa pagkakataong iyon, ay nauhaw siya sa mga labi nito. Tumugon siya nang buong init.

Hanggang sa mapahiga na siya sa kama, magkalapat pa rin ang kanilang mga labi.

Naging mapagsaliksik ang kamay nito, bumaba rin ang mga labi sa kanyang leeg. Tumaas-baba na ang kanyang dibdib sa mabilis na paghinga. Ang init-init na ng buo niyang katawan.

Noon mayroong nag-doorbell. Muntikan na siyang mapaungol sa protesta. Ngumiti ang lalaki, dinampian siya ng halik sa labi, saka bumangon para buksan ang pinto. Iyon ang wine na siguro ay inorder nito sa front desk. Ipinatong nito iyon sa mesa.

"Art?" tawag niya rito.

Nilingon siya nito, nakataas ang mga kilay sa gawing nagtatanong. Lalo na itong naging guwapo sa ginawang iyon.

Tinawag niya ito ng daliri. Agad itong lumapit. Itinaas niya ang kamay na nang abutin nito ay hinigit niya, sa gayon ay mapakubabaw ito sa kanya.

"I'm flattered, my darling," anito.

Ewan kung bakit ang sarap-sarap sa tainga

niya ng my "darling" nito. Muli siya nitong hinagkan. Napakasarap nitong humalik. Para bang mababaliw siya sa mosyon ng mga labi nito. Hindi pa siya nahahagkan nang ganoon kasarap. Ang init-init na agad ng kanyang pakiramdam.

Bumaba ang mga labi nito sa kanyang leeg. Para siyang sinilaban. Nadama niya ang isa nitong palad sa ilalim ng kanyang blouse, hinigit pababa ang kanyang panloob. Napasinghap siya nang madama sa dibdib ang mainit nitong palad. Ang daliri nito ay dumaan sa rurok ng kanyang dibdib. Napaungol siya sa mga labi nitong muli siyang hinagkan.

Lumuhod ito sa pagitan niya para hubarin ang kamiseta. Ang bango nito, amoy malinis. Sinimulan nitong alisin sa uhales ang butones ng kanyang blusa. Siya na mismo ang nagbaba ng straps ng kanyang bra. Nanlalambot siya kaya sinukuan niya iyon at itinaas na lang ang mga braso.

Tumawa ang lalaki sa pagpapaubaya

niya—o katamaran? Basta nanlalambot na siya sa long island na iyon. Pero gusto niya ng aksiyon. Sa gabing iyon, hindi siya si Ising na nakatali sa napakaraming obligasyon at pumapangit na dahil sa trabaho. Siya si Ising na maganda, malaya, kapiling ang lalaking gandang-ganda sa kanya.

Inalalayan siya nitong makabangon saglit. Agad nitong inalis ang clasp ng bra niya.

"Beautiful," sambit nito matapos iitsa sa kung saan ang kapirasong tela.

Dumako ang kamay nito sa mga iyon, na sinundan ng mga labi nito. Tumikim ang lalaki, ginamit ang dila at matatamis nitong labi para paligayahin siya. Napapapikit-pikit siya sa sarap ng pakiramdam.

Bumaba ang mga labi nito sa kanyang katawan. Hinigit nito pababa ang kanyang pantalon. Ang haba ng kanyang pag-ungol nang madama ang daliri nito sa mumunting sensitibong bahagi ng kanyang katawan na agad hinagod ng dila nito. Napatulala siya, sa loob ng ilang sandali ay ginusto itong

patigilin sa kahihiyan para sa napakapribadong aksiyong ito pa lamang ang gumawa sa kanya. Hindi siya ready. Dapat yata naghanda siya. Pero nang itukod niya ang mga braso sa kutson ay nakita niya ang lalaking tila gustong-gusto ang ginagawa.

Bigla ang pagsambulat ng luwalhati sa himaymay ng kanyang katawan. Tuluyan siyang magpapatangay sa lalaking ito. Kaya nang magtagpo ang kanilang mga katawan ay buo ang loob niya. Muli't muli siyang dinala ng lalaki sa alapaap. Batid niyang isa iyong karanasang hinding-hindi niya malilimutan.

Kahit pa kinabukasan ay nagising siyang wala na ang lalaki sa silid.



# CHAPTER TWO

*Art, ni hindi ko alam kung ano'ng apelyido, o kung buo bang pangalan `yon. `Langyang `yan. Isang gabing nalasing ako, sumablay na ang desisyon ko. Hindi na ako iinom uli kahit kailan! Lintek na.*

Hindi matanggap ni Ising na nagawa niya ang ganoon. Lasing lang siya, pagbibigay-hustisya niya sa ginawa. Kapag binabalikan niya ang gabing iyon may dalawang linggo na ang nakararaan, parang nag-iinit ang pakiramdam niya, pero kasabay niyon ay pagkainis sa sarili. Hindi iyon normal sa kanya. Bakit siya bumigay sa isang

estranghero?

Kung minsan ay literal niyang naitatakip ang kamay sa mukha kapag naaalala ang mga daing at ungol niya; kapag naiisip niyang siya pa ang naging agresibo noong una, ang nanghila rito. At anong panliliit niya sa tuwing naaalala ang mga pagliyad niya at mga tunog na animo siya bida sa pelikulang merong tatlong ekis.

*Utang-na-loob, ayoko nang maalala!*

Pero sumisingit-singit sa isip niya. Lalo na ang guwapong mukha ng lalaki sa pagitan ng kanyang mga hita. Walanghiyang lalaki iyon. Matapos siyang baliwin sa ligaya, biglang iniwan na lang siya.

Alangan namang i-post niya sa Facebook ang selfie nila, eh, mukha siyang miyembro ng kultong Satanista? Sa pagkalasing niya, at marahil dahil sa dilim ng bar, akala niya talaga maganda ang pagkaka-makeup niya sa sarili nang maglagay niyon sa banyo. Kalat-kalat hindi lang ang mascara at eyeliner niya, maging ang lipstick niya. Ang foundation

niya ay sobrang kapal. Hindi niya alam kung mukha siyang naembalsamo o sumali sa parlor game na hanapan ng barya sa plato ng harina. Ang Art namang iyon, kung maka-beautiful sa kanya, akala mo totoo!

Ang mga lalaki talaga, sasabihin ang lahat para maka-score. Pero nangyari na ang lahat. At least, nagsuot ng proteksiyon ang lalaki. Twice. Dahil humirit siya ng isa pa makaraan ang ilang oras at nakapaligo na siya sa madaling araw; alas-dos.

Tumungga siya ng alak, ginising ang lalaki sa haplos, at hayun na.

Napakalandi niya, nakakahiya!

"Ano `yan?" tanong sa kanya ni Inday. Nakasakay sila sa MTR, ang tren na magdadala sa kanila sa Causeway Bay. Holiday o day off nila nang sabay, isang pangyayaring once in a blue moon lang, kapag lang umuwi sa mainland ang mga amo nila. Sa isang araw pa babalik kaya hanggang bukas sila libre.

"May hinahanap lang ako," aniyang panay

ang scroll sa Facebook. Naghahanap siya ng isang Art na taga-Central. Kahit ilang ulit na niyang sinabing walang pupuntahan iyon dahil hindi nga niya alam ang apelyido ng lalaki, sige pa rin siya.

Itinabi na niya ang phone nang malapit na silang bumaba. Kakatagpuin nila ang mag-asawang Josephine alyas Ping-ping at Gardo, tropa niya, iisa ang among pinapasukan. All-around at driver si Gardo sa mga shop ng amo, habang si Ping-ping naman ay kasambahay na tulad nila ni Inday.

Binitbit na niya ang basket nang humimpil ang tren. Umibis na sila at naglakad patungo sa tagpuan nila nina Ping-ping. Nakita niya ang mag-asawa sa usual nilang lugar. Nakapuwesto ang mga ito sa sahig, may latag na puwedeng higaan. Agad silang kinawayan ni Ping-ping, babaeng maliit pero napakaliksi.

"May ipapakilala ako," agad na anunsiyo ni Ping-ping sa kanya.

"`Ayan ka na naman," aniyang iniabot dito

ang basket. Nasa loob niyon ang niluto niyang paksiw na pata. Hanggang mamayang hapon sila doon kaya dapat na hindi mauubusan ng pagkain. "Hindi ka na naubusan ng irereto sa `kin."

"Eh, kasi kung ganyan ako kaganda, nakahanap na sana ako ng guwapong syota!"

"Oy, bumusina ka, mahal," agaw ni Gardo, saka ngumiti sa kanya. "Okay `yong si Temio. Nagpapahanap din."

Napatirik ang mga mata niya. "Pangalan pa lang, parang pangit na agad."

"Sira, guwapo `yon!"

"Driver na naman ng amo n'yo? Kargador? Tindero? Sa delivery? Hindi ako nangmamaliit, pero sinabi ko naman sa inyong mag-asawa na gusto ko `yong medyo may sinabi naman ay mahirap na nga ako, hahanap pa ako ng isa pang mahirap, paano na ang kinabukasan ng triplets?" aniya. Alam na ng mga ito na mayroon siyang triplets na pamangkin.

"Sa alahas `yon."

Nahuhulaan na niyang all-around sa alahasan ang ipapakilala ng mga ito, o baka tindero. Ang amo ng dalawa ay mayaman, madaming negosyo. Bukod sa drugstore, meron ding delivery ng karne, tatlong franchises ng fast-food restaurant, at nag-aalahas din sa gold center.

"Ayoko nga," aniya.

"Ipapakilala lang naman sa `yo. Kung ayaw mo, `wag. Wala namang problema. Parating lang din kasi."

Nagkibit na lang siya ng balikat. Si Art lang ang gusto niya, kahit pa nga alam niyang hindi na niya makikita pa. Pero maliit ang Hong Kong, ano bang malay niya? Mayamaya ay kumain na sila. Masarap ang mga pagkaing dala ng mag-asawa. Puno ng pancit at kanin ang bibig niya nang may magsalita sa kanyang likuran.

"Good morning."

Napapihit siya habang hawak ang pinggan, saka natulala. Ang lalaking isang linggo na niyang hinahanap, hayun at

ngiting-ngiti sa mag-asawa. Nang tumingin ito sa kanya ay eksaktong nasamid siya, naibuga ang laman ng bibig.

"Naku, nasamid sa kaguwapuhan mo, Temio!" bulalas ni Ping-ping.

Hindi niya mapandilatan ang kaibigan dahil abala siya sa pagpupunas ng bibig. Salamat at agad siyang naabutan ni Inday ng wet tissue.

Nang maayos ang sarili ay muli niyang tiningnan ang lalaking noon ay naupo na sa tabi niya, kahit alangan na alangan ito dahil sa tangkad. Halos hindi nito maiunat ang mga binti.

"Ano'ng pagkain?" tanong nitong nakangiti, tumingin sa kanya, saka ngumiti nang malapad. "Siya ba ang ipapakilala mo sa `kin, Ping-ping? Cute naman nga. Artemio." Inilahad nito ang kamay.

Nakatulala pa rin siya ritong tinanggap iyon.

"Huy!" pukaw sa kanya ni Ping-ping.

"Ha? Ah, kuwan, ahm…" `Langya,

nalimutan niya ang pangalan niya! "I-Ising."

"Kumusta, Ising?"

*Pilipino pala ang luku-lukong `to!* sa isip-isip niya, nakadama ng inis.

*ANG LAKAS talaga ng dating ng buwisit na `to,* sa isip-isip ni Ising. Kahit si Inday na hindi mahilig sa guwapo ay napapatingin. Ang gusto niyang malaman ay kung anong trip nito at bakit pala-Ingles?

Mayamaya ay nagtungo sila ni Ping-ping sa banyo kaya inusisa niya ito.

"Ping-ping, anong work no'n?"

"Sa alahasan."

"Ng amo mo?"

"Doon sila nagkakilala ni Gardo noon pa. Madaming racket `yan pero alahas talaga ang pinaka-racket. Madaming mga pautang din daw `yan kaya palaging nandito kapag Linggo."

Nahihimigan niyang ilegal ang gawain. Hindi na bago sa kanya ang mga Pinoy na

nagpapautang sa mga kapwa-Pinoy, iyong may malaking interes at passport ang ginagawang collateral. Sa katunayan, dahil kumapit din siya sa patalim, minsan na niyang nagawa, pero hindi na siya uulit dahil ang laki ng tubo at ilegal nga. Siguro pati alahas ay pinapahulugan nito na ang pinanghahawakan ay passport.

Nang magbalik sila sa puwesto ay naroon pa rin ang lalaki.

"Sabi ni Inday hanggang bukas daw ang holiday n'yo," anito.

"Oo, bakit?"

"Dinner tayo mamayang gabi."

Saglit siyang nag-isip pero sa huli ay tumango kahit alam niyang kantiyaw ang aabutin niya sa lahat ng naroon.

"Kung gusto n'yo, ngayon na kayo umalis. Okay lang sa amin. `Di ba, `Day?" gatong ni Gardo.

Agad tumango ang kasamahan niya. Bago pa siya makapagsalita ay tumayo na si Art—Temio. Ngayon niya na-gets kung saan galing

ang "Temio." Inilahad ng lalaki ang kamay sa kanya na inabot niya naman. Hinigit siya nito patayo. Ibinigay niya ang susi ng bahay kay Inday at sumama na nga sa lalaki.

Nang makalayo-layo na ay nagtanong siya sa lalaki.

"Bakit Ingles ka nang Ingles noong nakita kita?" aniya.

"Ano bang malay kong Pinay ka?"

"Ano ba'ng trabaho mo?"

"Sa alahas ako."

"Nagbebenta ka? Nagpapahulugan, gano'n?"

Tumango ang lalaki. "Oo. Ikaw?"

"Sa bahay."

"May atraso ka pa sa `kin, eh."

"Ako?" Nabigla siya, napatigil sa paglalakad. Nanghaba ang nguso niya nang makitang nakangisi ang lalaki sa gawing parang nanunudyo. "`Pinagsasabi mo diyan?"

"Lumabas lang ako saglit noong umagang `yon, pagbalik ko, wala ka na."

Natigilan siya, saka napangiti. "Bumalik

ka no'n?"

"Oo naman. Nagulat ako, wala ka na."

Bigla siyang napatawa, naitakip ang mga kamay sa bibig. "Sorry. Akala ko iniwan mo na `ko kaya umalis na rin ako. Hindi mo naman sinabi na babalik ka."

"Nag-iwan ako ng note sa mesa."

"Naku, hindi ko na nakita."

Nabigla siya nang akbayan siya nito, sabay halik sa pisngi niya. "Masaya akong nagkita tayo uli, Ising."

Ang bango ng lintek. Kinilig ang puso niya, saka sinabi, "Ako rin."



# CHAPTER THREE

*Grabe talaga ang lalaking `to,* sa isip-isip ni Ising habang pinagmamasdan si Artemio na boxer shorts lang ang suot, hinahagod ang buhok habang nagsasalin ng tubig sa electric kettle. Ang ganda ng katawan ng lintik. May porma ang abs kahit hindi nakabukol at maganda ang iba pang muscles sa katawan. May tato din ito sa isang panig ng likod na hindi niya napansin noong una dahil ito ang nakapatong sa kanya.

*Talandiiii!*

Pero oo, talagang talandi siya sa lalaking ito. Paanong hindi kung ang guwapo-

guwapo? Iyon lang, hindi niya sigurado kung dadating siya sa part na magseseryoso siya rito. Hindi sapat ang kaguwapuhan para mabuhay siya. Kahit na sinabi ng lalaking hindi na ito nagpapautang at matagal na, sinabi rin nitong ang trabaho nito ay ang mamahala sa ilang mga flat sa iba't ibang bahagi ng Hong Kong. Sa katunayan, naroon sila ngayon sa isa sa mga flat na mina-manage nito. Bukod iyon sa alahas na ito ang kumikilatis at nagpapadala sa Pilipinas. Oo, malaki nga siguro ang kita doon pero parang hindi naman stable. Delihensiya lang kasi ang style, kahit pa nga legal naman daw ito sa Hong Kong.

"Cheng" ang apelyido nito, Tsinoy. Ang magulang daw nito ay nakatira sa Mandaluyong, may tindahan daw. So far, iyon pa lang ang alam niya sa lalaki dahil mas inuna niya ang pagtalandi.

"Good morning," nakangiti nitong bati.

Natunaw yata ang lahat sa kanya. "Good morning."

"`Wag mo `kong aalisan ngayon, ha?"

Natawa siya. "Dapat nga kamo umuwi na ako kagabi pa. Wala na akong mukhang maihaharap kay Inday."

"Ihahatid kita."

"Alam niyang magkasama tayo buong gabi. Pero nagbilin na ako kagabi na `wag sabihin doon kina Ping-ping at Gardo kasi nahihiya ako. Ang tagal-tagal kong tinanggihan na makilala ka, `tapos buong gabi tayong magkasama."

"Eh di sabihin mong second time na natin." Kumindat ito.

"Sira!" ingos niyang natawa. Ano pa ba ang gagawin niya kung inuna niya ang pagliyad? Ewan, parang hindi niya maawat ang sarili sa lalaking ito kahit hindi pa niya kilala. Naisip na lang niya na siguro mayroon talagang ganoong mga tao, iyong kapag nagtagpo ay sagupaan na agad. Iyon siguro iyong tipo ng init na parang sa pelikula.

Gayunman, malinaw sa kanya na iyon lang iyon. Hindi pa kasi niya ito kilala.

"Matagal ka na dito?" tanong niya.

"Sa Hong Kong? Matagal na rin. Siguro seventeen years na. Diskarte lang."

"Seventeen years? Ilang taon ka na ba?"

"Thirty-five."

"Ang tanda mo na pala."

Bigla itong tumawa, saka siya dinampian ng halik sa pisngi, sa gawing tuwang-tuwa sa kanya.

"So eighteen pa lang, nandito ka na?"

Tumango ito. "Lumayas ako sa `min noon, hindi kami magkasundo ng tatay ko. Paborito niya kasi `yong panganay niya, eh. Ako `yong pangalawa."

"Ilan ba kayo?"

"Tatlo. Babae `yong bunso."

"So naglayas ka at napadpad dito?"

Tumango ito. "Ang una kong trabaho, dishwasher. Walang-wala ako no'n, Ising. Umiiyak ako habang doon natutulog sa likod ng restaurant. May maliit na kuwarto lang doon. Awang-awa ako sa sarili ko, pero malakas ang loob ko." Ngumiti ito sa

pagbabalik-alaala.

"Ano ang pinag-awayan n'yo ng tatay mo?"

"Siguro naipon na lang sa mga taon. Mula pagkabata, paborito niya `yong panganay. Hanggang sa sabihin sa akin na hindi na raw ako pag-aaralin kung hindi `yong kursong gusto niya ang kukunin ko. Ang gusto ko kasi Fine Arts. `Sabi niya wala daw pera sa Fine Arts. Doon siguro sumama ang loob ko sa sinabi niyang umalis na lang daw ako kung hindi ko susundin ang gusto niya. Gano'n talaga si Papa, eh, medyo malupit, medyo masakit magsalita. Eh, siyempre bata pa `ko no'n; sa isip-isip ko, eh, di umalis kung pinapaalis. Nag-stay ako sa tiyahin ko pero nalaman din niya after some time. Noong nag-eighteen ako, `yong konti kong pera, pinambili ko ng ticket papunta dito."

"Grabe, ang lakas ng loob mo."

"Kapag bata ka, malakas talaga ang loob mo kasi hindi mo naiisip `yong mga bagay na naiisip mo na ngayon. Diskarte lang."

"Ano-ano'ng mga diskarte mo?" tanong

niyang nakatutok dito ang atensiyon.

Tumayo ito, sinalinan ng mainit na tubig ang mga mug at nilagyan iyon ng teabags, saka muling nahiga sa tabi niya sa kama. Mataas ang magkakapatong na unan na inuuluhan nila. "Noong nakaipon-ipon ako, nagpautang ako sa mga Pilipino. Mabilis ang pera do'n kaso nakakakonsiyensiya. Hanggang sa may tiyahin akong nagpahiram sa akin ng puhunan. Nagsimula ako ng negosyong alahas. Hanggang ngayon, `yon pa rin."

"Ano, parang buy and sell?" tanong niya.

"Parang gano'n." Ngumiti ito.

"At itong mga flat na `to, ikaw ang manager?"

Lalo itong ngumiti at tumango. "Parang gano'n."

"Hindi ka magtatanong tungkol sa `kin?" aniya, nanunudyo.

"Maria Isidra Abella, napakasipag, medyo mataray pero mabait, masarap magluto, may dalawang kakambal. Sa tingin mo ba hindi ko

pa alam, sa tagal kang binebenta sa `kin ni Gardo?"

Bigla siyang napatawa. "Nagkakilala kayo sa alahasan?"

Tumango ito. "Matagal na rin."

"So matagal na niya akong nilalako sa `yo at ano ang sabi mo?"

"Wala. Ayaw mo naman daw. Noon pa gusto ng dalawang `yon na ipakilala ka sa akin. Hindi nila alam, nauna na kitang natatakan."

"Luku-luko!" Ang lakas ng halakhak niya, saka ito hinampas ng unan sa mukha.

Inagaw nito iyon at saka siya kinubabawan. "Ano, isa pang round?"

"Ayoko nga," ingos niya bagaman napapangiti. Gustong-gusto niya pero may nagsasabi sa kanyang halata naman nito.

Nakangisi na ang lalaki. "Ayaw mo?"

"Ayaw ko."

"Sigurado ka?" Inabot nito ang kanyang kamay at dinala sa ibabaw ng boxers nito. "Kanina pa `yan umuungot."

Nakagat niya ang labi. "Grabe ka talaga, Artemio."

Lumapad ang ngiti nito, saka itinaas ang kanyang kamay sa mga labi para hagkan. "Ewan ko ba, Ising, grabe din ang dating mo sa `kin, unang kita ko pa lang sa `yo. Ginayuma mo yata ako."

"Mukha nga akong Satanista no'n sa makeup ko."

Sukat bigla itong humalakhak. "Nando'n siguro `yong magic."

Dumapo na ang mga labi nito sa gilid ng kanyang leeg. Naipikit niya ang mga mata. Sa likod ng isip ay batid niyang walang mararating na malalim ang relasyon nila. Pero gusto niya ang ganoong pisikal na ugnayan. Naroon na siya, nagawa na niya, ngayon pa ba siya biglang aayaw? Hindi. Pagbibigyan niya ang sarili. Pinaparamdam ni Artemio sa kanya na maganda siya. Nababawi niya ang kompiyansa sa sarili. Higit sa lahat, masarap itong kasama sa lahat ng posibleng pagsamahan nila—sa pisikal man, sa

kuwentuhan, at kahit sa pagkain.

Wala siyang makitang dahilan para putulin ang kanilang ugnayan. Sa ngayon.

“PARA KA na namang luka-luka diyang nakangiti,” puna kay Ising ni Inday. “In love na in love ka na diyan sa Artemio na `yan.”

Natigilan siya, saka ito hinarap. “Hindi ako in love. Masaya lang ako.”

“Tigilan mo nga ako. Diyos ko, Ising. Kulang na lang mag-hugis-puso `yang mga mata mo. Maya’t maya rin, nasa phone ka. `Tapos ilang gabi ka nang nagpapaalam kay Madame. Kaya tuloy sa umaga, antok na antok ka. `Landi mo rin. Baka mabuntis ka.”

“Hindi ako mabubuntis. Saka pinapayagan naman ako ni Madame. Alam niya naman na nagagawa ko pa rin ang trabaho ko dito.”

“`Kaso lang palagi ka na lang pagod. Nagtatanong nga si Mama sa `yo,” tukoy nito sa nanay ng amo nilang lalaki.

"Basta't ginagawa ko ang trabaho ko, walang issue," giit niya.

"Mag-ingat ka lang. Ano, pakakasalan ka raw ba?"

Bigla siyang nasamid. "Ano bang kasal? Dalawang buwan pa lang naman kaming magkakilala. Saka wala sa isip ko `yan. Ang dami ko pang obligasyon sa pamilya."

"Hindi ka `papakasal kahit ganyan ang gawain mo?"

"Judgmental ka, Inday." Paano niya ba ipapaliwanag na nagawa na niya bago niya pa naisip? At dahil nandoon na siya, bakit niya kikitlin ang kasiyahan niya? Aminado naman siyang ang saya-saya niya kapag kasama o kausap si Artemio. Hindi naman siya kasing-conservative ni Inday. Isa pa, mild pa nga ang ginagawa niya kumpara sa ibang mga Pinay doon na may asawa pa ang mga pinapatulan kahit may asawa rin sa Pilipinas.

Tinawag na ito ng alaga at siya naman ay natigilan. Ang totoo, ayaw niyang pakaisipin ang lahat sa kanila ni Artemio dahil wala

naman siyang pagpipiliang gawin. Kung magseseryoso siya rito, ibig sabihin ay hindi siya makakaalis papuntang Canada—maliban na lang kung gugustuhin din nitong magpunta doon. Pero hula niya ay ayaw nito dahil nasa Hong Kong ang kabuhayan ng lalaki. Saan ito aangkat ng alahas sa Canada? Paano ito mag-aahente ng alahas doon? Isa pa, hula niya ay malaki ang kita nito sa pagiging katiwala ng mga flat. Kung magpupunta ito sa Canada, magsisimula na naman ito sa wala. Siya ay okay lang mag-back to zero dahil hindi naman kasinglaki ng kita nito ang kita niya. Puwede niyang iwan ang trabaho para humanap ng mas magandang oportunidad.

Dalawang buwan pa lang din silang nagkakasama ni Artemio at wala pa itong nababanggit na kahit na ano sa kanya. Sana ay huwag na itong magbanggit dahil hindi niya alam kung ano ang sasabihin niya rito.

Nagpatuloy siya sa pakikipag-chat habang naglilinis ng ref. At nang sabihin ni Artemio na susunduin siya pagkatapos ng trabaho

mamayang alas-otso ay agad siyang umoo. Mabuti at mabait ang kanyang amo.

Ganado siya maghapon at nang umuwi na ang amo niya ay nagsabi siya rito agad. Sa pagkakataong iyon ay nalukot na ang mukha nito, pero sinabi, "Okay. But be careful, Ising."

Agad siyang tumango. Basta ime-message niya si Inday para pagbuksan siya sa umaga, wala naman sigurong magiging problema—walang maiistorbo sa pagtulog dahil alas-sais naman ay gising na ring talaga ang babae. At siya ay pagod sigurado, pero masaya naman. Tuloy lang ang ligaya.



# CUATRO MARIAS

## Kata

Maria Catalina





# CHAPTER ONE

"Itago mo na `to, anak."

Napatingin si Catalina kay Mama Conching, ang kakambal ng kanyang ina at itinuturing na rin niyang totoong nanay. Anong suwerte niya sa mundo, dalawa ang nanay niya at magkamukha pa.

Isinauli niya ang pera sa babae, nakangiti na puno ng pasasalamat. Pero hindi niya iyon matatanggap.

"Hindi na, `Ma." Siya lang sa magkakapatid ang tumatawag dito ng ganoon. Siya lang ang lumaki sa pangangalaga ng babae at ng kanyang ama.

Tunog masalimuot man at tipong kuwentong pagpipiyestahan ng mga tsismosa, simple lang ang tingin ni Kata sa love story ng kanyang mga magulang at tiyahin: nagmahal ang dalawang babae ng iisang lalaki sa magkaibang panahon.

Kambal sina Concepcion o Conching at Purificacion o Puring. Magnobyo sina Puring at Quentin nang magbuntis kay Catalina si Puring. Batang-bata pa ang dalawa noong mga panahong iyon. Ang kuwento ni Quentin ay natakot ito sa responsibilidad, palibhasa ay wala rin namang magulang na nagpalaki rito. Maaga itong naulila at nakitira lang sa kung kani-kaninong kamag-anak, first year high school lang ang naabot dahil wala ring nagpaaral. Noong natakot ito sa reponsibilidad ay sumama sa ibang babae, nagtungo sa Samar, ang plano ay magsimula na lang ng bagong buhay.

Noon nito natuklasan na hindi pala nito kaya at mayroon din palang konsiyensiya. Gayunman, inabot ito ng tatlong taon sa

Samar, hindi makaluwas-luwas pabalik dahil wala ring kapera-pera. Maiging hindi nabuntis ang sinamahang babae.

Nang magbalik si Quentin kay Puring ay tinanggap naman itong muli, palibhasa ay ito ang ama ng anak. Mahina sa tukso ang babae kaya naman muling nagbuntis. Sa pagkakataong iyon ay triplets ang nabuo. Anong takot na naman ni Quentin kaya muling nakatagpo ng ibang babae at nagloko na naman. Hindi na nakatiis si Puring at tuluyan nang nakipaghiwalay dito.

Mismong si Conching ang nagpayo sa kakambal na huwag na huwag nang tatanggaping muli ang inutil na ama ng mga anak kung makikipagbalikan. Siyempre nga naman, ilang ulit na itong nagkakamali. Wala naman daw ambag dahil palaging nawawalan ng trabaho.

Noon daw nakiusap si Puring sa kakambal na noon ay namamasukan sa isang hacienda sa Tarlac. Kung maaari daw na tulungang makapasok sa trabaho si Quentin dahil gusto

raw namang sustentuhan ang apat na anak kahit hiwalay na ang mga ito. Dahil alam ni Conching na hindi makakayang suportahan ng kapatid ang apat na bata, tinulungan nga nito si Quentin.

Masipag daw si Quentin, marunong makisama sa ibang trabahador. Pero walang bilib dito si Concepcion. Sa katunayan, galit na galit noong una ang babae rito. Hindi rin ito masisisi dahil sa ginawa ng lalaki sa kakambal nito. Gayunman, sa paglipas ng panahon ay nakita nito ang pagbabago ng lalaki at dedikasyong mapadalhan ang mga anak, kaya unti-unting nagbago ang pagtingin dito ni Conception.

Kalaunan, ayaw man, nahulog ang loob ng babae kay Quentin.

Noong una, hinihiram-hiram si Catalina ng kanyang ama kapag bakasyon. Ayaw pumayag ng nanay niya na hindi kasama ang kakambal nito. Lihim pa noong panahong iyon ang relasyon ng dalawa, pero kalaunan ay umamin din ang mga ito. Nagalit din ang

nanay ni Kata, pero kalaunan ay tinanggap na lang ang lahat.

Hindi na kailanman nagloko si Quentin. At hindi rin nagbuntis si Concepcion. Kung sinadya ng mga ito iyon ay hindi tiyak ni Kata, pero sa dalawa na siya halos lumaki. Isang bakasyon ay hindi na niya ginustong bumalik sa Alfonso, Cavite, kung saan nakatira ang kanyang ina kasama ang tatlo niyang kapatid.

Pitong taon siya noon, naaalala niya. Para ba siyang nalungkot iwan ang kanyang ama at Mama Conching. Isa pa ay masikip ang kanilang tirahan sa bodega ni Tita Fely, ang mayamang kamag-anak ng kanyang nanay na pinagsisilbihan nito bilang kasambahay. Sa Tarlac, mayroon siyang sariling kuwarto.

Ang sabi ni Mama Conching sa nanay niya ay ito na ang magpapaaral sa kanya at sa huli, pumayag na ang kanyang nanay nang kausapin siya at sabihin niyang mas gusto na niya sa Tarlac. Siguro ay naisip nitong iyon ang pinakamagandang desisyon para sa lahat,

yaman din lamang mabait ang kapatid nito at maging ang ama ng mga anak, nagkataon lang na noong ito at ang lalaki ang nagtangkang bumuo ng pamilya ay hindi pa handa si Quentin at bata pa kung mag-isip. Pero nagbago na ang lalaki at nakaalalay ang kakambal ni Puring.

"Ano bang hindi na? Mayaman ka ba?" ani Mama Conching, itinaas ang mukha.

Napatawa tuloy siya. "Baka po kasi may gastusin kayo ni Tatay."

"Wala. Sige na at isama mo ito sa ipon mo," giit nito, inipit sa bulsa niya ang perang nakatupi.

"Salamat, Mama."

Tumango ito, ngumiti. Naghain ito ng nilagang kamote at saging sa mesa, saka sinabing tawagin na niya ang kanyang ama na noon ay nasa labas, nire-repair ang tarangkahan ng kanilang munting bahay.

Lumabas na nga siya at tinawag ang ama na agad ngumiti sa kanya at tumayo na rin.

"Anak, nabanggit sa `kin ng nanay mong

may agency rin daw na kinakausap si Ising, ah? Natanong mo na ba si Ising tungkol doon?"

Agad siyang tumango. Noon pa man, may usapan na silang magkapatid. Ito ay Hong Kong ang puntirya, siya naman ay Europe. At kapag narating na niya ang Europa, kukunin niya patungo roon ang kapatid. Parang napakatagal bago matupad ang kanilang mga pangarap pero naniniwala silang walang imposible basta magtitiyaga lang sila.

"Hindi pa kayo mag-isa ng agency?"

"Iba po ang destinasyon niya, `Tay." May iba siyang contact sa pag-a-abroad, iyong nanay ni Leeanne, best friend niya noong kolehiyo, si Tita Jennilyn. Nakatapos siya ng associate degree, HRM. Noong una, ang plano niya ay magbarko kaya iyon ang kursong kinuha niya, pero nang makausap niya ang kanyang kaibigan, naisip niyang mas maganda ang naghihintay sa kanya sa bansa kung saan puwede siyang maging residente. Maaaring mahirap makakuha ng citizenship,

pero hindi ganoon kahirap ang maging residente.

At dahil maagang nag-asawa ang kaibigan niya, para bang siya ang naging project ng nanay nitong isang nurse sa Italy. Para bang ang lahat ng plano para sa anak na ayaw nang mag-abroad ay sa kanya naibuhos. Tutulungan daw siya nitong makapunta sa Italia. Residente na ito doon.

"Ang akin, eh, bakit hindi pa kayo magsamang magkapatid?" patuloy ng tatay niya habang papasok na sila sa bahay.

"Kung puwede nga lang po, `Tay. Pero `yon naman din po ang plano. Kukunin ko siya sa Italy kapag nandoon na ako. `Wag kayong mag-alala, `Tay, at matagal pa naman. Kailangan ko pa ring mag-nursing aide."

"Magkano pa ba ang kulang mo doon sa kurso?"

"Okay na po, `Tay," agad niyang tanggi.

"`Kow, eh, ang hirap sa `yo'y wala kang kabilib-bilib sa tatay mo," anito sa tonong nagtatampo. Paano, hindi siya nanghihingi

rito ng pera hanggang maaari dahil ginagawan siya ng paraan kahit na hirap na rin ito. Bata pa ang tatay niya pero naaksidente noon—nabagsakan ng bakal sa balikat, at mahina na ang katawan. Bukod pa roon ay naninigarilyo din noon kaya pinahihirapan na ngayon ng baga.

Matagal na ring nagsara ang hacienda, ginawa nang subdivision. Magmula noon ay namamasukan ang kanyang ama sa construction pero hindi lingid sa kanya ang hirap nito.

Ang totoo, awang-awa siya rito dahil nakikita niya naman ang pasakit; gusto talaga silang bigyan ng magandang kinabukasan. Bihira ito kung malasing pero sa tuwina ay sinasabing kahit ikamatay nito ay gagawin para lang matiyak na lahat ng anak nito ay mabubuhay nang hindi tulad nito na hirap.

Ang kanyang Mama Conching naman ay para bang noon pa tanggap na ito ang kanyang ina at iisa ang misyon: ang tulungan ang kakambal at asawa para itaguyod silang

apat na magkakapatid. Nitong huli ay pinapahirapan na rin ito ng mga sakit ng katawan, mula nang mag-menopause.

Kung tutuusin, matagal pang magiging senior ang mga ito, pero dala na rin ng pahirap sa katawan dala ng ilang dekadang trabaho sa hacienda, makikita na ang epekto sa mga ito. Kasalukuyan silang kusinera sa isang malaking canteen sa unibersidad ng probinsiya. Isa iyon sa dalawang trabaho niya, Lunes hanggang Biyernes lang siya roon. Kapag weekends, sa palengke ang kanyang destino.

May ilang mga kaklase siya noon na nagtatanong kung bakit hindi na lang niya gamitin ang natapos na kurso. Sinasabi na lang niyang mahina ang kita dahil iyon ang totoo. Nag-apply siya sa ilang mga resort at hotel sa kanilang probinsiya, natanggap naman siya, pero sa liit ng sahod at dami ng kaltas, maigi pa yatang magbenta na lang siya ng ice candy at baka may matira pa sa kanya. Pasahe pa lang ay magkano na.

Naisip din niyang mamasukan sa Maynila, pero talong-talo sa renta pa lang at pamasahe. Isa pa ay temporary lang naman na pagkakakitaan ang plano niya dahil pag-a-abroad talaga ang target niya. At least sa pagiging kusinera at tindera, walang kaltas-kaltas at isang sakay lang ng jeep ang kailangan, libre pa siya ng pagkain sa canteen. Sa palengke naman ay may naiuuwi siyang pang-ulam. Hindi na nakapagtatakang malapit na niyang mabuo ang perang kailangan para makapag-enrol at mag-ayos ng mga papeles.

Hindi lang naman ang enrolment ang pinaghahandaan niya kundi maging ang pag-alis, dahil wala nang makakapigil pa sa kanya. Ilang taon na siyang naghahanap ng steady income at kahit alam niyang hindi siya magugutom dahil hindi siya takot magtrabaho, kailangan na rin niyang kumilos-kilos para matuloy na sa pag-a-abroad. Hindi maghihintay sa kanya ang panahon. Hanggang maaga at habang

malakas siya, kailangan niyang makapag-ipon, kailangang maibili ng sariling bahay ang kanyang nanay, maipagawa ang bahay nina Mama Conching, at matulungan ang kanyang mga kapatid.

Pag-aaralin pa niya si Daleng dahil nahinto ito para siya makapagtapos ng HRM—na hindi niya rin nagamit. Madami ring sakripisyo sina Lupita at Ising. Si Ising lang ang pumapasok ngayon sa school, desididong mag-abroad na tulad niya. Kung silang dalawa ang mauuna ay mas madaling makakasunod ang iba pa. Sama-sama silang aahon, aasenso. Ah, ang simpleng pangarap, kung minsan ay parang napakahirap na makamit.

"Kumain na kayong mag-ama dito," tawag ni Mama Conching mula sa komedor. Simpleng-simple lang ang bungalow na napapaligiran ng bakod na kawayang gawa lang ng kanyang ama. May maliit na sala, isang banyo, dalawang silid, komedor na kusina na rin, kahit pa nga mayroon ding

lutuan sa labas. Ang tatay niya rin ang gumawa niyon. Maayos ang pagkakagawa ng bahay bagaman walang tiles, de-buhos ang inidoro, at walang kisame. Isa sa pangarap niyang mapaganda iyon dahil malaki-laki rin naman ang lupa.

Pumuwesto na sila sa hapag.

"`Sabi ko dito sa anak mo," anang kanyang ama. Anak na talaga siyang itinuturing ni Mama Conching. "Wala kako siyang kabilib-bilib sa `kin. Kung talagang napakalaki ng bayarin—ano ngang tawag do'n, *plesmen*?—kung ganoon, eh, puwede naman nating isangla itong bahay."

"Naku, `wag na `wag po ninyong gagawin, `Tay," agad niyang sabi. Ang dalawa ang nag-impok para mapatayuan ang lupa na awarded ng gobyerno sa mga ito. Dalawang lupa iyon na magkatabi kaya malaki-laki.

"Ay, maibabalik naman kung makakapag-abroad ka, anak," ani Mama Conching. "Napag-usapan na rin namin nitong tatay mo. Kaysa dala-dalawa ang trabaho mo at

nakakahiya rin namang manghihiram pa sa nanay mo at tatlo na doon ang kailangan din niyang tulungan."

Ang totoo, parang isang buong pamilya silang lahat, nagtutulungan sa mga gastusin. Pero dahil na rin sa maliliit ang sahod ng lahat at malaki ang gastusin, talagang hindi maiiwasang palaging mayroong nagsasakripisyo.

"Hindi na po kailangan, Mama, at kakayanin naman po siguro," aniyang nahihiya. Alam niya naman na malaki na ang sakripisyo ng lahat sa kanya pero hindi niya mapapayagang maisangla pa ang bahay at lupa ng dalawa. "Matagal pa naman, `Ma, `wag n'yo na munang isipin."

"Eh, ang balita ko'y aabutin ng daang libo, at ticket pa lang daw ay magkano na," anang kanyang ama, sumubo ng pinirasong kamote. Matikas pa rin ito, madami pa ring babae ang nagkakagusto kaya sanay na silang nakakatanggap ng kung anu-anong bigay ng mga kapitbahay o kung minsan ay pati

pinapasukan nito sa extra-extra na trabaho. Sanay na rin si Mama Conching dahil kailanman, hindi na nagloko pa ang ama ni Kata. Ganoon ang gusto niyang pagmamahal, iyong kompiyansang-kompiyansa siya na hindi magloloko ang asawa niya kesehodang may mga babae pang nagbibigay ng kung anu-anong pagkain o regalo. Nagkataon lang siguro talaga na naging babaero ang kanyang ama bago natagpuan si Mama Conching.

"`Wag ninyong alalahanin, `Tay," ulit niya.

"Bueno, kung `yan ang gusto mo. Basta't sasabihin mo sa amin at madami pa namang ibang paraan."

Nagpasalamat siya sa mga ito. Kung minsan, hindi niya maiwasang isipin na parang may extra malasakit ang dalawa sa kanya, siguro dahil na rin sa pakiramdam ng mga ito ay "hiningi" siya sa kanyang ina at nasa mga ito ang obligasyong ibigay sa kanya ang lahat ng kanyang pangangailangan. Ang totoong ibinigay ng mga ito sa kanya nang

hindi alam ng mga ito ay isang buhay na higit pa sa inaasahan niya, kahit hindi sila mayaman.

Gagawin niya ang lahat para makabawi sa dalawa, maging sa kanyang nanay at mga kapatid. Tatawid siya ng ilang karagatan, makikipagsapalaran sa ibang bansa, maano ba't ngingiti rin sa buhay nila ang isang bagong umaga.

HINDI gusto ni Luccio ang pagkakangiti ng kanyang pinsang si Marco. Nasa paborito niya siyang kainan sa gitna ng Siena, dinadayo niya ang maliit na establisimyento kung may oras siya para doon. He enjoyed walking the streets of the historical center. Kung paano nalaman ng kanyang pinsan na naroon siya, malamang na tinanong nito sa kanyang sekretarya. Kailangang palaging alam niyon ang kanyang kinaroroonan, bagaman hindi niyon dapat sabihin na lang sa kahit na sino. Lalo na kay Marco.

He did not particularly like this man.

Kung tutuusin ay lumaki sila nang sabay, pero dahil hindi siya inilapit ng kanyang ama sa iba nilang kaanak, hindi sila naging malapit ni Marco.

"Buonasera," nakangisi nitong bati.

"Buonasera," pormal niyang balik, bahagyang iminuwestra ang upuan sa tapat, ibig sabihin ay maupo na ito roon.

"La bistecca è succosa?" Marco said, grinning as he asked if the steak he was having was juicy.

Ibinaba niya ang steak knife at tinidor, saka tinanong sa wikang Italiano, "What do you want, Marco?"

Imbes na sumagot ay tumingin ito sa counter kung saan naroon ang mismong may-ari ng ristorante, isang babaeng marahil ay nasa kuwarenta ang edad. Umorder dito ng chianti ang kanyang "bisita."

Muli siyang kumain. Pagbibigyan niya ang pagpapatagal ni Marco, kahit pa nga mayroong namuong bigat sa kanyang

sikmura. Hindi niya kailanman ginustong makalaban ang lalaki pero mukhang iyon ang tingin nito sa kanya—isang kalaban.

Si Giancarlo Caruso, ang kanyang ama, ay ang bunso sa tatlong magkakapatid sa tatlong magkakaiba ring ina. Si Stefano, ang ama ni Marco, ang panganay. Ang pangalawa ay isang babae, si Giulia.

Hindi lingid sa kaalaman ng lahat sa pamilya na ang angkan ay hindi masasabing nagsimula sa maganda. Ang ama nina Giancarlo, Stefano, at Giulia na si Giuseppe ay miyembro ng Cosa Nostra, ang Sicilian Mafia. Nagmula ang kanilang angkan sa Sicily.

Pinilit ni Giuseppe na makaalis sa sindikato. Sa tatlo nitong babaeng naanakan ay nagbigay ito ng puhunan para magsimula ng kanya-kanyang negosyo. Ang naging pinakamatagumpay doon ay si Paula, ang ina ni Giancarlo, na nang magbuntis ay disiotso anyos pa lamang. Umalis ito ng Sicily at nagtungo sa Tuscany, kung saan mula sa

simpleng café ay nagkaroon ito ng ristorante. Kalaunan, sa tulong na rin ng perang pinapadala rito ni Giuseppe ay nakabili ito ng malalaking ari-arian sa rehiyong iyon.

Nang pumanaw si Giuseppe, ang pakiusap nito kay Paula, ay huwag pabayaan ang ibang mga anak nito sa ibang babae. At dahil sadyang mabait si Paula ay ibinahagi nito sa ibang mga anak ni Giuseppe ang negosyong ginawang isang korporasyon, ang Siciliana Sapore.

Ilang panahong naging maayos ang samahan ng magkakapatid na Giancarlo, Stefano at Giulia, hanggang sa pumanaw si Paula sa isang karamdaman. Iginiit ni Stefano at ng ina nito na si Stefano ang dapat na mamahala sa kompanya dahil ito ang panganay at ang may pinakamataas na pinag-aralan. Natural na hindi pumayag si Giancarlo dahil kung tutuusin ay dapat na ito lamang ang may-ari ng kompanya. Dahil lang sa kabutihang-loob ng nanay nito kaya napasali ang iba pang anak ng ama nito sa

negosyo.

Gayunman, katwiran ng ibang asawa ni Giuseppe ay galing lahat ng pera ni Paula kay Giuseppe kaya natural lamang na hatiin nang patas ang negosyo. Doon nagkaroon ng lamat ang matiwasay sanang relasyon ng magkakapatid. Sa huli, dahil na rin nalulong sa bisyo si Giancarlo ay si Stefano ang naging presidente ng kompanya.

Hindi naging malapit kailanman si Luccio sa ama. Ang kanyang ina ay isa sa mga naging babae nito, nabuntis, at kalaunan ay pinakasalan dahil iyon ang hiling ng nanay nitong may sakit na noong mga panahong iyon. Lumaki siya sa pangangalaga ng isang nanny na Pilipina. Iyon ang itinuring niyang ina halos dahil maagang nakipaghiwalay ang mama niya kay Giancarlo.

Nakatagpo ng madaming iba ang kanyang ama, habang ang kompanya ay nanatili sa pamamahala ni Stefano. Mula pagkabata ay wala nang sinabi sa kanya ang kanyang ama kundi napilitan lang itong tanggapin siya, na

baka siya ay hindi nito totoong anak, at kung hindi rin lang niya mababawi ang kompanya mula sa "pagnanakaw" ni Stefano, ano pa raw ang silbi niya sa mundo. Kaya noon pa man ay determinado na siyang pamahalaan ang korporasyon, bagaman alam niyang magiging mahirap iyon dahil hindi siya naging malapit sa mga kaanak niyang bumubuo sa board of trustees.

Gayunman, mayroong isang miyembro ng board na kaibigan ng kanyang Nonna Paula, si Andreas. Naging malapit sila nito nang magsimula siyang magtrabaho sa Siciliana Sapore. Isang araw ay may inihain siyang proposisyon dito—pakakasalan niya ang apo nitong si Isabella kung tutulungan siya nitong makuha ang pamunuan ng kompanya. Isa iyong malaking pabor dito dahil noon pa nito sinasabi sa kanyang inaalala nito ang apo na siyang tanging kaanak sa mundo. Para daw kasing walang direksiyon ang buhay nito dahil puro barkada ang inaasikaso.

And so he made a deal with him and

married Isabella.

Even though his heart already belonged to someone else—Benedetta.

He had been married to Isabella for four years. Nasa kanya na rin hindi lang ang pamamahala ng Siciliana Sapore kundi maging ang majority niyon. People said he was a cunning businessman, a shark. He thought he just made good business decisions and it was human nature to resent anyone who did better than them.

Katulad na lamang nitong si Marco at ang sakim nitong ama. Hindi ba at wala namang karapatan ang mga ito sa ipinundar ng kanyang Nonna Paula, pero minaniobra ang lahat para makuha ang gusto. At least, he never asked anyone to give him what he did not work for.

Gayunman, kinikilala niya ang kalakasan ni Marco sa pamilya, kumpara sa kanya. Everyone in the family knew his father hated him. Maybe his mother also. He was not entirely sure, but it was a big possibility.

"You heard the news, cousin?" nakakalokong sabi ni Marco sa Ingles, makapal ang Italian accent.

"I'm sure you will tell0 me," sabi niyang bahagya itong sinulyapan. Wala siyang oras makipaghulaan dito.

"Ash-ley-Ma-di-son," dramatikong sabi nito, hinagkan ang dulo ng mga ipinagdikit na daliri. Like what he said was incredibly delicious. Tumayo na ito. "Buon appetito."

Saglit lang niyang pinagmasdan ang papalayong bulto ng pinsan, naunawaan ang balita nitong nakapaloob lang sa dalawang salita. *Ashley Madison*. He had read about it in the news. Isa iyong online dating website na sinadya para sa mga may asawa. Ang pamosong tagline niyon ay, *"Life is short, have an affair."* Hindi mahirap mabalitaan ang nangyari sa data breach ng web site. Sa katunayan ay nagkaroon sila ng meeting may dalawang linggo na ang nakararaan tungkol sa online security ng kanilang mga website laban sa hackers.

May nang-hack sa Ashley Madison. Ang huli niyang balita ay isisiwalat daw ng hacker ang pangalan ng mga taong nakiapid gamit ang website na iyon.

Halos natitiyak na niyang kaya matagumpay ang pagkakangisi ni Marco sa kanya ay dahil inilabas na ng mga hacker ang pangalan ng mga nasa website na iyon, at nasa listahan ang pangalan ng kanyang asawa.

Did Marco honestly think that he didn't know Isabella was having multiple affairs? He did. It never bothered him because he was never in love with her. He promised her he would take care of her financially for the rest of her life, just like he told her father, but that's it.

Tinapos na niya ang pagkain, uminom ng chianti, tumayo at inabot ang card sa cashier, at lumabas na rin matapos magpasalamat sa may-ari. Dumaan siya sa isang flower shop, bumili ng isang bungkos na bulaklak, inilakip doon ang card na kinuha mula sa bulsa ng coat na kanina pa sinulatan, saka naglakad sa

isang sarado nang cartoleria o stationery store. May isang baitang iyon bago ang pintuan. Doon niya inilapag ang bulaklak. In the morning, Benedetta was going to see the bouquet and read the card that said, *Mi manchi, amore mio.* It meant *I miss you, my love*.



# CHAPTER TWO

Diniinan ng isang babaeng reporter ang earpiece sa tainga nito, tila hindi alam na nasa live telecast na ito habang nasa backdrop ang wasak na wasak na luxury car na kulay itim. Nagkalat sa tabi niyon ang mga sasakyan ng pulis at Carabinieri, emergency service vehicles tulad ng ambulansiya, fire truck, at iba pa. Napakadami ring reporters sa paligid, hindi pinapayagang makalapit nang husto sa aksidente.

Nagsalita na ang reporter na humarap sa camera. Sa Italian ay sinabi nito, "Good evening, this is Maria Moretti reporting live

from the scene of a devastating car accident that occurred just a short while ago. Behind me, you can see the remnants of what was once a luxury sports car, now a mangled wreck. This vehicle belongs to Italian billionaire and business magnate, Luccio Carusso.

"At approximately eleven thirty p.m. tonight, Caruso was involved in a high-speed crash on this treacherous stretch of road just outside Milan. Emergency services arrived swiftly, and Caruso has just been airlifted to a nearby private hospital, where he is receiving urgent medical care for severe leg fractures and multiple other injuries.

"Police are investigating the circumstances leading up to this tragic event. There is speculation that Caruso was following his ex-fiancée, Benedetta Rossi, following the recent end of their relationship.

"As Luccio Caruso fights for his recovery, questions remain about what truly transpired tonight and the potential impact on his vast

business empire. We will continue to bring you updates as more information becomes available. Reporting live from the scene, this is Maria Moretti, back to you in the studio."

Paos ang tinig ni Luccio nang magsalita. "I need to speak with my publicists—"

"No. I will not allow it," mariing saway dito ni Marvelous, isang nurse pero hindi naka-scrubs, bagkus ay animo rarampa sa fashion show. Pilipino ito, bakla, guwapo, moreno, makinis ang kutis na kayumanggi. Walang sinomang mag-aakala na ang isang lalaking five-seven lang ang taas at naka-lip tint ay nagsalita nang ganoon sa bilyonaryong bagaman mahina pa sa hospital bed ay kayang-kayang palayasin ang nurse kung gusto nito. Who in their right mind would speak that way to *the* Luccio Caruso?

A gay nurse with perfectly groomed brows and pink lips, apparently.

"Marvin, please," sa halip ay pakiusap ni Luccio sa paos pa ring tinig.

"Kuya, it's Marvelous. Ilang ulit ko nang

sinabi sa `yo, my God. O, inom muna you." Itinapat niya ang straw sa bibig ng lalaking sugatan pa rin. May isang buwan na itong nasa ospital, nakailang operasyon na rin, pero mukhang magtatagal pa roon.

Tumalima ang lalaking mahirap makilala mula sa makapangyarihan nitong estado bago ang aksidente. Malaki ang ibinagsak ng katawan nito sa tagal sa ospital. May benda ito sa halos lahat ng bahagi ng katawan. Ang ulo nito ay ahit at mayroong tahi. Ang dibdib nito at tagiliran ay may mga tahi rin at may bahaging namamaga. Ang sabi ng mga doktor, milagrong buhay pa ito. Comatose ito sa loob ng isang buwan.

Ngayon lang ito pinayagan ng mga doktor na manood sa telebisyong nakakonekta sa Internet kahit sa tuwing magkakamalay ito nitong nakaraang dalawang araw ay iyon ang hiling.

Kung si Marvelous lang ang masusunod, hinding-hindi niya pagbibigyan ang lalaking malaman ang mga detalye ng aksidente sa

ngayon, pero batid niyang lalo lang itong hindi matatahimik at baka maging sanhi pa ng lalo nitong pagka-stress. Pero sapat na ang mahigit kalahating oras nitong panonood ng iba't ibang balita dahil madami pa itong kailangang i-absorb na impormasyon mula sa kompanya.

"Marvin," patuloy nito, may pakiusap sa tinig, isang bagay na hinding-hindi maririnig ng ibang tao.

Pinagbigyan na niya ang kaawa-awang lalaki.

Mula pagkabata ay Marvin ang tawag nito sa kanya. Ito ang kanyang Kuya Luccio, ang dahilan kung bakit kahit mahirap ang kanyang mga magulang ay kaya niyang makapag-aral sa isang fashion school sa Milan kahit na Nursing ang natapos niyang kurso sa Italy din.

Siya ang self-appointed head ng team na mangangalaga kay Luccio Caruso, since lisensiyadong nurse nga siya. Si Kuya Luccio ang nagpaaral sa kanya. Ito rin ang nag-iisang

hindi nanghusga sa kanya noong bata siya at nahilig sa paglalagay ng kolorete sa mukha at paglalaro ng mga manyika. Sanay na rin siya sa pagkabigla ng kahit na sinong nakakarinig kung paano niya kausapin si Luccio. Kung ang ibang tao ay halos manginig ang tuhod sa takot sa lalaki, siya ay hindi nahihiyang ilantad ang pagkembot ng puwit at pagpilantik ng mga daliri. Luccio Caruso will always be his Kuya Luccio. And he will always be his baby brother, Marvin.

Ito mismo ang nagsabi niyon sa kanya, kahit siya ay hindi nito tunay na kapatid siyempre. Malayong-malayo ang kanilang hitsura. Pero ang "nanay" nila ay iisa. Nanay niya, nanay-nanayan nito at yaya, ang naging mother figure sa buhay nito noong bata.

Patuloy na nanood ang lalaki sa screen, halos bulong lang ang tinig tuwing sasabihin kung ano ang gustong malaman sa balita. Ayaw nitong tumigil, isang bagay na tipikal dito. Noon pa mang bata sila, relentless na ito. Hindi na nakapagtatakang napakalayo ng

narating ng lalaki. At para doon ay may ilan itong naging kaaway.

"No more, Kuya," aniyang itinabi na sa drawer ang remote control. Inisa-isa niyang sabihin dito ang balita tungkol sa kalagayan nito. At dahil isa si Luccio sa may-ari ng pribadong ospital, mayroong pribilehiyo si Marvelous na samahan ito hanggang kailan niya gusto.

"Where is she?" mahinang sambit nito nang ibaba niya na ang pagkaka-recline ng kama.

Kilala niya agad kung sino ang tinutukoy nito. Si Benedetta.

"Hindi ko alam, Kuya," pagsisinungaling niya. Of course, he knew. The bitch got married last week. Kumalat ang balita dahil inanunsiyo nito. May following sa social media ang babae, na kung tutuusin ay si Luccio at ang social media team nito ang may kagagawan.

Simple lang ang kasal ni Benedetta pero maganda at ginanap sa Positano.

"Marvin," sambit nitong pilit iginalaw ang kamay para abutin siguro siya pero nalimutan nitong hindi pa nito kaya. Napangiwi ito, halatang nakadama ng sakit.

"Ang kulit mo, Kuya."

"You tell me the truth, boy." Nagkaroon ng awtoridad ang tinig ng lalaki bagaman mahina pa rin iyon.

"I really don't know," muli niyang pagsisinungaling, saka inabala ang sarili sa pag-aasikaso ng ilang mga gamit nito. He knew the man could sense that he was lying. This man could sense everything.

Ito yata ang pinamatalinong taong kilala niya. He could do anything. He could rule nations, make the most arrogant men bow before him. He was sharp, strategic. He could be charming if he wanted to be. And with those looks, he could get whatever he wanted with the ladies. He was ruthlessly ambitious, some said. He was both admired and feared.

Pero ang lahat ng iyon ay ang Luccio sa mata ng karamihan, hindi sa mata ni

Marvelous. Alam niya kung bakit sa likod ng ganoong tingin dito ng madami ay simple lang ang mga pangarap ng lalaki, at para sa kanya ay napakabuti nitong tao.

Nang muli niya itong tingnan ay hindi nakaila sa mga mata nitong alam na nito ang lahat. Sometimes, the eyes of the man scared him. Masyadong malalim ang pang-unawa sa mga iyon, ang katalinuhan. And somewhere in those depths, there was a softness that he could only hope someone would find one day. At hiling niyang kapag natuklasan na iyon ng kung sinong suwerteng babae man o anak marahil, o kahit na sinong kaluluwang magbibigay dito ng pagmamahal na hindi nito makuha kay Benedetta, ay gagamitin nito iyon para balutin ang sarili para makatuklas doon ng init. Init na hindi na makukuha sa kahit na saan kaya mananatili ito sa mga bisig ng isang Luccio Caruso. At sana, sa pagdating ng tamang panahong iyon, matutuklasan ni Luccio na mayroong tunay na pagmamahal na walang hinihiling na

kapalit sa mundo.

"When are they coming?" tanong nito, ang tinutukoy ay ang mga abogado nito at sekretarya.

"Hindi sila pupunta. Magvi-video conference kayo."

Bumuntong-hininga ito. "Hanggang kailan ka dito, Marvin?"

Kung managalog ang lalaki ay wala ni katiting na accent. Bihasang-bihasa, parang lumaki sa Pilipinas. Kung tinig lang nito ang maririnig, walang mag-aakala na asul ang mga mata nito, deep-set, at makakapal ang mga kilay na kung minsan ay nagpapadilim ng anyo nito, nagbibigay doon ng kung anong bangis. Matangos ang ilong, maganda ang mga labi, itim na itim ang alun-alon na buhok, mapusyaw na kayumanggi ang balat na hindi kakaiba para sa isang Siciliano.

The most striking feature of that enigmatic face was the eyes that seemed to look deep into a person's soul, as clear and as blue as the Mediterranean Sea that surrounded the island

from which his bloodline ran.

"Hanggang hindi ka gumagaling," sagot niya. Wala siyang balak iwan ito. Bukod sa pagagalitan siya ng nanay niya ay hindi rin niya maaaring ipagkatiwala ang kanyang kuya sa mga sahurang empleyadong bagaman may malasakit siguro ay hindi magiging kapantay ng malasakit niya.

Kaya kahit may isang taon na niyang itinabi ang scrubs at nag-enrol na sa fashion school, muli niyang inilabas ang dating uniporme para opisyal na opisyal ang designasyon niya sa buhay ni Luccio. Mabuti na lang at sa unang araw pa lang ng pagbisita niya ay nakita na niya si Alfredo Fontana, ang abogadong pinagkakatiwalaan ni Luccio. Kilala siya nito at agad na itinalaga sa pangangalaga ng big boss.

Nang ibalita niya sa nanay niya ang nangyari ay anong hagulhol nito at ginustong magpunta agad sa Italy, kung hindi lang niya sinabing saka na, kapag na lang naiuwi na sa bahay si Luccio.

"Paano ang fashion school mo?" tanong nito.

"Papasok pa rin ako. Hindi naman araw-araw ang klase at sa Milan lang naman. Ilang oras lang naman ang biyahe, may matutuluyan din naman akong aparment do'n. O baka nakalimutan mo nang binigyan mo ako? Anyway, isang batalyon ang kukunin kong tagapag-alaga mo—"

"Marvin," agad nitong awat.

Napatawa siya. "Siyempre joke lang. Alam ko namang may pagkaermitanyo ka."

Hindi mahilig makitungo sa madaming tao ang lalaki. Alam ng lahat iyon. Kadalasang sinasabing hindi raw ito marunong makiharap sa mga tao, rude. Contradictory din iyon dahil may mga nagsasabing perfect gentleman daw ito. Ang simpleng katotohanan ay depende sa tao ang pakikiharap ng lalaki, pero sa likod ng malaki nitong personalidad ay isang taong ingat na ingat sa privacy nito. He preferred keeping his life private. Kaya alam niyang hindi ito

natutuwa sa mga balitang napanood kanina.

Ilang sandali ang lumipas bago ito nagsalitang muli.

"She married him, didn't she?"

Napatingin siya rito. "K-Kuya?"

"Just tell me."

Bigla siyang tumango. "P-paano mo alam?"

"She told me the night of the accident."

Ilang sandali bago siya naglakas-loob magtanong. "Kaya ka ba naaksidente?"

Hindi ito umimik. May kung anong kurot na nadama si Marvelous sa kanyang puso. Akala niya talaga ay magpapakasal na ito at si Benedetta pero isang araw na lang, umalis ang babae sa mansiyon ni Luccio. Sa katunayan, ilang buwan nang wala si Benedetta sa mansiyon nang maaksidente ang lalaki, hiwalay na ang mga ito. Pero sa ilang news reports, ikinonekta pa rin ang lahat doon.

Ni hindi maintindihan ni Marvin kung ano ang nakita ni Benedetta sa lalaking ipinagpalit kay Luccio dahil opposites ang

dalawa. Amerikano ang lalaking iyon, mas bata kay Benedetta ng limang taon, online streamer, sa lahat naman ng trabaho sa mundo. May malaki ring following, pero siguradong wala pa sa kalingkingan ang kinikita nito sa yaman ni Luccio.

Marvelous knew that it was only a matter of time before Benedetta started vlogging herself. Mukhang ganoon ang mundo ng napangasawa nito. Nang huli niyang makita ang social media ng babae ay mukhang naghahanda na ito ng content. That would probably devastate Kuya Luccio even more. The love of his life, talking about her good life with the man she replaced him with. That had to hurt.

"`Wag mo nang isipin ang babaeng `yon, Kuya. Wala namang kuwenta `yon, sa true," pag-aalo niya rito.

Hindi ito umimik. Tumahimik na rin siya. Mayamaya ay tinawagan na siya ni Alfredo at sinabihang handa na ang maliit na grupo para sa maiksing meeting; maximum of fifteen

minutes. Iginiit lang ni Luccio.

Nakaasiste si Marvelous sa lalaki habang nakikinig ito sa sinasabi ng mga nasa kabilang linya, bagaman hindi ito nakikita ng mga iyon, naririnig lang. Makaraan ang labinlimang minuto ay nagawa nang ibilin ni Luccio ang lahat ng gagawin sa loob ng isang buwan.

Bumaling ito sa kanya.

"Salamat, Marvin."

NAPAKALAKI ng Azienda Agricola Caruso. Ang driveway papasok ay napakahaba at natataniman ng cypress trees, tipikal sa mga lupain sa Tuscany. Parang sasabog sa galak ang puso ni Catalina, kasabay ng matinding kaba dahil hindi basta-basta ang magiging interview niya. Bigatin ang magiging amo niya, base na rin sa nakikita niya. Kapag natanggap siya roon ay mas malaki sa karaniwan ang kanyang sasahurin.

Magiging ikalawang amo niya iyon,

sakaling matanggap siya. Sa una niyang pinasukan ay hindi man lang siya nagtagal ng isang buwan dahil pumanaw ang kanyang alaga. Doon siya pinadala ng agency ngayon, bagaman ang sabi ay mayroon naman daw nurse at physical therapist doon, assistant lang daw siya at tutulong sa bahay. Walang kaso sa kanya. Hindi siya mapili sa trabaho, ang importante ay may sahod. Malaki ang sinasahod niya kaya naman nahuhulaan niyang unang taon pa lang niya sa Italia ay makakabili na siya ng bahay sa Pilipinas. Hindi man malaki ay sapat para makaalis na ang nanay niya at kapatid sa pamamasukan sa tiyahin niya. Iyon ay kasabay pa ng pagbabayad ng sangla sa bahay at lupa ng kanyang ama at Mama Conching. Napilitan na rin siyang tanggapin ang tulong ng mga ito para makaalis na agad. Medyo malaki kasi ang ginastos niya pero hayun, nalulula siya sa ganda ng tanawin at sa rangya ng mansiyong papasukan, sakali mang matanggap siya.

Sa tumbok ng driveway ay mayroong

sinaunang fountain. At sa likod niyon ay ang pagkalaki-laki at tila antigong mansiyon. Kulay krema ang pader niyon, tipikal sa mga bahay na luma sa Italy, malalaki ang mga bintana. *Dapat lang pala talaga na malaki ang sasahurin ko. Kung lilinisin ko `to, kuba na ako hindi pa `ko tapos. Sana maganda ang mga gamit panglinis. Hindi naman siguro ako pagagamitin ng bunot.*

Gusto niyang matawa sa naisip, na-imagine ang sariling nagbubunot gamit ang biniyak na buko, pawis na pawis. Ni isang puno ng niyog ay wala pa siyang nakikita sa mahigit isang buwan niya sa bansang iyon.

Sinabihan siya ng driver na tumuloy na sa bahay, na siyang ginawa niya. Ginamit niya ang door knocker sa pintong dalawa ang dahon at pagkataas na ay pagkalapad pa. Kapag nakalas iyon sa bisagra at bumagsak sa kanya, siguradong magkikita sila ni Saint Peter.

Noon niya napansin ang isang CCTV camera sa bandang itaas ng pinto. Hindi

naman pala antigo ang lahat sa bahay, mayroon ding modern conveniences. Mayamaya ay bumukas na ang pinto at isang middle-aged na babae ang naroon. Mukhang mabait. May suot itong apron.

"Buongiorno!" bati niya, hindi maiwasang maging napaka-energetic. Parang may koryente sa katawan niya sa labis na excitement.

Ngumiti naman ang babae, bagaman matipid. Sinabi nitong sumama na siya rito. Nakakaintindi siya ng Italian dahil nag-aral siya niyon bago magtungo roon. Gayunman ay barok pa siyang magsalita sa nasabing wika at kapag mabilis masyadong magsalita ang kausap niya ay nalilito pa rin siya.

Dumaan sila sa pagkalawak na salang de-kalidad lahat ng muwebles. Ang sahig ay gawa sa baldosa, halatang antigo rin. Tuluy-tuloy sila sa isang opisina. Nasorpresa siyang makita ang isang sosyal na beki sa likod ng isang mesa. Ang suot nito ay poncho na animo sinabuyan ng iba't ibang pintura pero emerald

green ang dominant color, sa ilalim ay mayroong turtleneck na itim. May salamin itong malalaki, itim ang rim. Napaka-fashionable nito. Hula niya ay Asyano. Baka Pinoy.

"Hello," nakangiti nitong sabi, saka tiningnan ang isang folder. "Catalina?"

"Si, signore," aniya dahil hindi nsya sigurado kung makakaintindi ito ng Pilipino.

"Marvelous na lang." Ngumiti ito.

Nakampante siya, parang nakahinga nang maluwag. "Good morning, Marvelous."

"`Ganda mo, girl, in fairness sa `yo."

Sukat biglang nag-init ang kanyang mukha, kahit pa nga ilang ulit na niya iyong narinig. Kahit noong bata pa siya, palaging sinasabi ng mga tao iyon. Sa katunayan, ilang ulit na siyang nasabihang sumali sa mga beauty pageant, na hindi niya pinapatulan. Mula noon kasi ay iisa ang kanyang goal, at iyon ay ang makapag-abroad.

"Salamat."

"Ako ang namamahala sa lahat ng medical

needs ng big boss. And well, nito na ring buong bahay. Magiging assistant kita kung magkakasundo tayo. Nag-aaral din kasi ako kaya kailangan ko ng makakatulong. And I need someone efficient. Medyo strict ako pagdating sa trabaho."

Agad siyang tumango, kulang na lang ay ibidang maaasahan siya.

"Ita-try kita. Kung hindi ako satisfied, I'm sorry, ha? At siyempre, kailangan ding gusto ka ng big boss."

Muli siyang tumango. Mahusay siyang makisama at marunong ding manuyo. Nag-training siya sa isang nursing home at paborito ng mga residente roon.

"Hindi mo naitatanong, paborito ako ng mga senior," sabi niya.

Biglang bumunghalit ng tawa si Marvelous. "Sorry, natawa lang ako. Hindi pa senior ang aalagaan mo, menopausal pa lang."

"Oh." Bahagya siyang nagtaka. Menopausal? Kung ganoon ay bata pa nga. Baka nasa fifties pa lang o wala pa.

"Joke lang. Lalaki ang big boss, medyo suplado… No, okay, tatapatin kita—sobrang suplado. Kailangang matuto kang pakisamahan. Panglima ka na, actually, hindi kinaya no'ng mga nauna sa `yo. Medyo mahirap ang trabaho dahil doon pero maganda ang sahod." Binanggit nito sa kanya kung magkano. Muntikan na siyang mapasipol.

"Iba ang rate na sinabi ng agency," komento niya.

Tumango ito. "Hindi na natin idadaan sa agency ang iba. Halika, sasamahan kita sa kuwarto mo."

Lumabas na sila ng opisina at naglakad patungo sa isang mahabang pasilyong patungo sa kusina. Namamangha pa rin siya sa hitsura ng mansiyon. Sinauna ang kusina niyon, mayroon pang pugon. Iyon daw ang lumang kusina at merong mas modernong ikalawang kusina. Ilang kusina ba ang mayroon sa bahay? Ilang sala? Ilang silid? Dahil may dalawa pang sala silang nadaanan,

mga espasyong malalawak at may mga sofa. Nakakalula ang laki ng kabahayan.

"Sino-sino ang boss natin, Marvelous?" tanong niya.

Hindi ito tumigil sa paglalakad. "Isa lang ang big boss. Luccio Caruso, iyon ang pangalan niya. Sir ang itatawag mo sa kanya. Medyo sumpungin dahil hindi sanay na nasa wheelchair."

Napatango siya. "Sino-sino ang mga kasama niya dito?"

"Tayo."

"Sa laki ng bahay, wala siyang kapamilya?"

Lumingon ito sa kanya, ngumiti. "Kung tinatanong mo kung meron siyang kamag-anak na dito nakatira sa bahay, ang sagot, wala."

Ang dami niyang tanong pero parang nakakahiya namang sabihin ang mga iyon. Sa ngayon, mag-oobserba na lang muna siya.

Nang makarating sa pasilyo sa likod ng kusina ay tumuloy siya sa isang silid. Malaki iyon, bagaman simpleng-simple lang ang

loob. May malapad na kama sa gitna, isang antigong aparador na malapad, malalaking bintana na lahat ay mayroong kurtinang siguradong blackout curtain, at isang pintong nakabukas at nasilip niyang banyo ang nasa loob.

"This is your room. Hindi mo pa ba dala ang mga damit mo?"

"Nasa sasakyan. Kukunin ko na lang."

"All right. Ibi-brief kita mamaya. May kailangan lang akong puntahan. Tatawagan na namin ang agency. Kung may kailangan ka, sabihin mo na lang sa sumalubong sa `yo kanina, si Ate Rosa. Nasanay na siya sa aking 'ate' ang tawag ko sa kanya."

Sumabay siya ritong lumabas ng silid hanggang sa maghiwalay sila sa opisina nito. Tumuloy siya sa labas para kunin ang maleta. Papasok na siya nang makita si Marvelous na sumasakay sa isang kotseng nakaparada malapit sa driveway. Kumaway ito sa kanya at pinaarangkada na ang sasakyan.

Umalon ang kanyang puso, umusal ng

pasasalamat. Napakasuwerte niyang talaga.



# CHAPTER THREE

Dinala na ni Kata ang maleta sa silid. Kulang na lang ay kumanta siyang parang isang Disney princess, bagay na bagay sa setting ng mansiyon. Kinunan niya ng picture ang silid. Mamaya ay ipapadala niya ang lahat ng larawan sa mga kapatid. Nag-mental note siyang hingin ang WiFi password. Meron naman siguro.

Naisip niyang maiging itanong na rin niya ang password, kasabay ng pag-iikot sa mansiyon. Kung meron ding almusal, baka puwedeng makikain? Natawa siya sa kakapalan ng mukha. Pero hindi pa kasi siya

nag-aalmusal.

Lumabas na nga siya at nagtungo sa kusina, suot ang kanyang jacket. Napakalamig ng panahon at dahil bukas ang ibang bahagi ng mansiyon, imposibleng magkaroon ng airconditioning sa lahat ng bahagi.

Nasa kusina si Ate Rosa, itinuro sa kanya kung saan kukuha ng pagkain. Siya na raw ang bahala sa sarili niya at ito ay mayroon pang gagawin. May isang buwang experience na rin naman siya sa Italy kaya alam na niya ang gawi ng mga ito, kung pagbabasehan ang dating amo. Mas lamang nga lang ang pagkain sa mansiyon dahil pagbukas niya ng estante kung saan naroon ang almusal ay napabulalas siya.

"Ay, iba."

Kumuha siya ng isang tray ay nagpatong doon ng mga pagkain—dalawang brioche o croissant, kaunting marmalade at Nutella na nilagay niya sa magagandang munting sisidlan, juice, cold cuts, at isang slice ng

breakfast cake.

Nakangiting binitbit niya iyon patungo sa courtyard na direktang katabi ng kusina. Naka-lock ang pinto pero kaya niyang buksan. Ibinaba niya muna ang tray, saka pinagtiyagaang pag-aralan kung paano bubuksan ang pintong hindi niya alam kung bakit ni-lock nang husto. Nang sa wakas ay bumukas iyon ay ipinuwesto niya sa isang garden set ang pagkain, saka naging abala sa pagkuha ng larawan. Maging sa courtyard ay mayroong fountain. Napakalaki niyon at may mga puno rin at halamang medyo matamlay dahil sa malamig na panahon. Gayunman, nagbigay lang iyon ng ibang mukha sa kagandahang likas sa rehiyon.

Nag-video siya ng sarili.

"Welcome to my home in Italy," pabirong sabi niya sa camera, parang kinikiliti sa saya. Luminga-linga siya at nang makitang nag-iisa pa rin siya doon ay nagpatuloy sa video. "This is my breakfast. I'm having croissant. Oh, I'm very sorry. It's *kwa-song.*" Ang lakas ng

bungisngis niya, saka nagpatuloy. "In Italy, they call it brioche. In Tuscany, they call it 'cornetto.' In the Philippines, that's ice cream!"

Muli siyang napabungisngis, enjoy na enjoy, nalulunod sa saya.

"I'm here in the garden or what do you call this? Court something… courtyard!" Napahawak siya sa bibig, saka luminga sa kusina. Salamat at wala pa rin doon si Ate Rosa. Hindi naman siguro niyon mamasamain ang kumain siya sa courtyard. Saglit lang naman. Sobrang ganda kasi ng paligid, kahit pa sabihing pinaghalong green at brown na ang mga halaman dahil sa season. Disyembre na kasi at ayon sa weather app niya ay twelve degrees ang temperatura. Pero maaraw pa rin kaya ang sarap sa pakiramdam ganoong nasa labas siya. Mabilis nga lang lumamig ang kape.

"Malamig agad ang kape ko," aniya sa camera na nakapatong sa unahan. May pantukod ang case niyon. Pumiraso siya ng

brioche, pinahiran iyon ng nutella, saka isinawsaw sa kape. "Hmmm! Yum, yum, yum!" Dinaig pa niya si Ruffa Mae Quinto.

"Who are you?"

Napasinghap siya nang marinig ang malalim na tinig. Agad siyang napalingon sa pinagmulan niyon at nakita ang isang lalaki sa wheelchair. Agad siyang napatayo.

"S-Signore! Uhm, S-Signore..." Sa sobrang pagkagulat at pagkatakot sa madilim na mukha ng lalaki, biglang tinangay ng hangin ang utak niya at hindi maalala ang pangalan nito! "S-Signore..."

Pinaandar nito ang wheelchair palapit sa kanya mula sa kabilang dulo ng courtyard, sa pintong naroon. Ni hindi pa niya alam kung saan iyon tagos. Walang umaasiste rito at manual ang wheelchair, bagaman magandang klase. Mayroong leg rest iyon dahil may cast ang isang binti nito.

Ang suot nito ay isang makapal na long sleeved knitted sweater, turtleneck, kulay krema. Ang pantalon nito ay kulay dark blue,

ang isang sapatos ay makintab at balat. Mukha itong model ng GQ magazine, sobrang guwapo. At sobrang intimidating din. Siguro ay dahil sa mga mata nito. Kulay-asul ang mga iyon at kung makatingin ay matiim, para siyang iinterogahin.

"Who are you?" ulit nitong nakakunot na ang noo.

"I'm… I'm Catalina, Signore. I… I am new. I just arrived."

"Good. That means you haven't unpacked yet. You can leave immediately."

"S-signore?"

"You're fired."

Natulala siya.

"S-SIR, MAYBE you can try me first," pakiusap ni Kata sa lalaki, biglang pinanghinaan ng loob. Umalis na ang service niya. Ano ang sasakyan niya pabalik sa Milan? Ni hindi niya alam kung saan sasakay pauwi. May dumaraan ba doong bus? Parang wala

naman.

"No. You may leave."

Noon siya nakadama ng indignasyon. Napakasama naman ng lalaking ito. Ano ba ang nagawa niya para palayasin siya agad?

"May I ask why I'm being fired?" taas-noong tanong niya.

"You're not qualified." Ipinihit na nito ang wheelchair, pero sa kasamaang palad ay lumusot iyon sa puwang sa cobblestone. Pinilit nitong alisin doon ang wheelchair pero sa lakas ng puwersa ay nahulog ang kabilang gulong sa decorative drainage grate.

"I can help you, sir."

"What are you waiting for then?" tila iritadong tanong nito.

Napaka-rude! No wonder palagi itong nilalayasan ng mga tauhan! Ano nga ang sabi ni Marvelous? Panglima na siya? Hindi na siya nagtataka ngayon!

"I don't think I'm qualified," maaskad niyang sabi. Bakit siya maaawa sa lalaki? Kahit nasa wheelchair ito, obvious naman na

kayang-kayang gumalaw. Malakas ito. Kita iyon sa muscles ng braso nito. Malaki rin itong lalaki. Magdusa ito. Inabala siya para sa araw na iyon at pagkatapos ay ni hindi man lang siya bibigyan ng chance? Not qualified? Na ano? Maglinis ng arinola nito? Bakit, liquid gold ba ang ihi nito? Ang yabang! Nakakainis! Matapobre malamang!

Imbes na tumawag ng tulong, na alam niyang kaya nitong gawin dahil mayroong two-way radio sa sabitan sa gilid ng wheelchair, malamang din na naroon somewhere ang phone, ay mas pinili nitong iahon ang sarili sa pagkakabalahaw. Pero lalo lang itong lumulubog.

Nakita niya ang pawis na tumulo sa gilid ng leeg nito. Ng napakapoging leeg. Bakit kahit leeg nito, ang guwapo? Kung hindi lang masama ang ugali, baka maging crush pa niya.

Iniligpit na niya ang pinagkainan. Bahala ito sa buhay nitong ma-trap doon.

Papasok na sana siya nang bumagsak ang

banayad na snow. Panaka-naka at may halong ulan, pero nakita niya ang yelo sa mesa, natunaw doon. Siyempre, hindi niya natiis ang aroganteng lalaki. *`Taas ng pride ni Kuya. Hihingi lang ng tulong sa akin, ayaw talagang gawin. Mas pipiliing ma-freeze. Grabe.*

"I can help you if you try me out first. Don't fire me," sabi niya.

"Fine," sabi nito.

Napangiti siya. Agad niya itong tinulungan. Nang mapagulong na nito ang silya ilang talampakan mula sa kanya ay humarap ito sa kanya at sinabi, "You will be compensated for the day. But you are fired."

"You just said—"

"You've been my employee for a few seconds and now you're fired." Pumihit na ito.

"`Yabang mo," bigla niyang nasambit.

Saglit na tumigil ang lalaki pero nagpatuloy rin agad na lumayo. Napabuntong-hininga na lang siya. Binitbit niya ang tray pabalik sa kusina. Dumating doon si Ate Rosa at nanlaki ang mga mata

nang mapatingin sa bukas na pintuan ng courtyard. Dali-dali nitong isinara iyon.

Sinabi nito in Italian, "Lumabas ka dito?"

"Oo, bakit?" aniya sa kaparehong wika.

"Mapapagalitan tayo ni Signore Caruso! Hindi ka puwedeng magpunta diyan sa umaga! Kabilin-bilinan pa naman `yon. `Buti na lang hindi ka naabutan!"

Natigilan siya pero saglit lang. "Naabutan nga ako, sa kasamaang palad. Napaka-rude pala niya. Sinesante na ako. Hihintayin ko na lang si Marvelous." Kung bakit bigla siyang napaluha. Noon lang niya nadama ang impact ng buwisit na amo. Ano nga uli ang pangalan? Luccio Caruso. Ngayon lang bumalik sa isip niya.

"Naku, pasensiya ka na. Natiyempuhan mo lang siguro na mainit ang ulo."

"Mukha namang palaging mainit ang ulo," komento niya.

Bumuntong-hininga si Rosa. "Ayaw din kasi no'n ng madaming tao dito. Sige, kumain ka muna at mamaya pa babalik si Marvelous.

Pagkakain mo, doon ka na muna sa kuwarto mo. Magpahinga ka na lang. Baka gabi pa bumalik `yong isa."

Tumango na lang siya. Ganoon talaga ang buhay. Kahit sabihing mas malaki sa karaniwan ang sasahurin niya, kung kasing-asim naman ng kalamansi ang ugali ni Luccio, hindi na bale. *Kaya pala Luccio, lucho-lucho,* sa isip-isip niya. *Hindi qualified your face. Akala mo naman kung ano'ng magiging trabaho ko dito para hindi ako maging qualified. Tagapunas ng puwit niya, kailangan pa ba ng diploma? Hitsura.*

Gayunman, habang sumusubo ay nakadama siya ng matinding panghihinayang. Malaki talaga ang diperensiya ng sahod kaya nga kanina ay ang taas-taas ng energy niya. Pero wala, kung talagang mamalasin sa sapalarang trabahong ganoon ay wala talagang magagawa. Sana ay maihanap agad siya ng mapapasukan ng agency.

Nang makakain ay nagtungo na lang siya

sa silid. Mabuti na lang at hindi muna niya ibinalita sa mga kapatid ang trabaho, naka-save lang sa phone niya ang mga picture at video. Nakakahiya rin namang sabihing hindi pa siya nakakaisang araw, sesante na agad. Umay talaga ang Luccio na iyon. Sayang, guwapo pa naman. Sobra.

Hindi muna niya tinawagan ang agency. Si Marvelous na ang patatawagin niya. Kung sakaling gagabihin ang lalaki, doon na lang siya matutulog. Sayang din kasi ang isang araw na bayad sa kanya, tulad ng sabi ni Luccio. Umidlip na lang siya pero nang humapon ay nakadama na ng gutom kaya nagtungo sa kusina para kumain. Nandoon si Ate Rosa, gumagawa ng fresh pasta.

"Kumain ka muna. Wala pa si Marvelous," anito sa Italian.

Agad siyang tumango. Hindi siya mahiyain sa ganoon dahil kung paiiralin niya ang hiya ay saan siya pupulutin?

"Mag-isa ka lang po dito?" tanong niya sa babaeng siguro ay fifty-five ang edad.

"Oo. Pero kung kailangan ng katulong, may tauhan namang nakukuha."

Nabigla siya. Napakalaki ng mansiyon pero iisa ang kasambahay? Kuripot naman pala ang Luccio na iyon.

"Paano n'yo natatapos ang trabaho kung isa lang kayo?"

"Madali lang naman ang trabaho dito at merong dumarating na cleaning team twice a month. Ayaw ng boss ng madaming tao. Noong unang buwan niya, isang team ang nag-aasikaso sa kanya pero pinauwi rin niya ang iba. Meron na lang isang nurse, si Marvelous nga, saka isang physical therapist na nagpunta sa Milan, bukas babalik. Kapag kailangan niya naman ng mga ibang tauhan, madali nang magpapunta dito. Tahimik na tao `yon. Maingay ka siguro kanina?"

Bigla niyang nakagat ang labi. Baka nga siya biglang hindi qualified dahil narinig ang pagpapaka-vlogger niya. Na-excite lang naman siya. Wala bang trial period? Hindi pa naman niya alam ang rules. Ngayong alam na

niya, hindi na siya mag-iingay.

Tumango siya. "Mukhang `yon nga siguro ang ikinagalit sa `kin ni Sir," aniya.

Bumuntong-hiniga ang babae sa gawing parang sinasabing wala na silang magagawa sa lahat.

Tinulungan na lang niya si Ate Rosa na gawin ang pasta. Noon lang siya nakakita ng gumagawa ng fresh pasta dahil sa pinasukan niya ay iyong mga nabibili din lang naman sa grocery ang niluluto. Pinipira-piraso ng babae ang pasta na animo lubid, ang bawat piraso ay sinlaki ng unang guhit ng daliri. Ididiin at pagugulungin nito iyon sa corrugated na kahoy, parang munting chopping board, at ang resulta ay ridged pasta na ang tawag daw ay cavatelli.

Noong una ay ang pangit ng mga gawa niyang pasta pero sa huli ay natuto rin siya. Matiyaga sa pagtuturo sa kanya si Ate Rosa. Mabait ito. Paano kaya napagtiyagaan ang amo? O baka mismong iyon ang dahilan kung bakit nagtiyaga, masyado kasing mabait at

pasensiyosa.

"Puwede na akong maging Italian chef, Ate," aniyang ngiting-ngiti.

Inilabas ng babae ang iba't ibang keso, na sa totoo lang ay ilan pa lang ang kilala niya. Sa buong rehiyon daw na iyon ay pinakapopular ang pecorino, na siyang orihinal na inilalagay sa carbonara.

Panay ang kuwentuhan nila habang gumagawa ng cream at butter. Manghang-mangha siya kahit pa nga moderno na ang kagamitan sa paggawa. Para lang iyong malaking garapon na mayroong mixer na nakakabit sa takip. Umiikot iyon sa gatas hanggang maging cream at kalaunan ay maging butter. Tuwing hapon ay gumagawa si Ate Rosa niyon para sa almusal ng amo kinabukasan.

Nakapuwesto sila sa malapad at mahabang lababong bato. Siguro kahit dalawampung katao ang pumuwesto roon ay may space pa sa pagitan ng bawat isa. Tatlo rin ang gripo, tanda na ready ang kitchen para sa malalaking

handaan. Kahit ang pugon ay kayang mag-bake para sa isang bakery. Tuwing umaga ay fresh-baked din ang mga tinapay na gabi pa lang ay pinapaalsa na para deretso salang sa umaga.

*Sariwa naman pala ang lahat ng kinakain ng big boss, bakit ang ugali, hindi fresh?* sa isip-isip niya pero hindi na lang nagkomento. Iniwan siya saglit ni Ate Rosa para kumuha ng sangkap sa dispensa at cantina, imbakan ng pagkain at alak na nasa labas ng main house.

Basa pa ang kamay niya ng buttermilk mula sa pagpipiga ng butter nang makarinig ng ingay kaya pumihit siya—para impit na mapatili nang makita ang guwapong sakay ng wheelchair nito.

"S-signore!" nabiglang sabi niya.

"Why are you still here?" tanong nito.

"I'm waiting for Marvelous," aniya, nakadama ng inis.

Hindi ito umimik, bagkus ay dumeretso sa ref at kumuha ng nakaboteng fruit juice. Hula niya ay gawa rin ni Ate Rosa dahil walang

label ang lalagyan. Nang mainom ay iniwan nito ang lalagyan sa lababo, saka kaswal na pinaandar ang silya palabas ng kusina.

"Would you like to have something to eat? I can make you something," aniya, hindi rin inasahang mag-aalok kahit naiinis pa rin siya rito. Dumaan lang sa isip niyang siguro ay gutom na ito. Kanina pa sila doon ni Ate Rosa, kahit late na ito nananghalian ay ilang oras na itong hindi kumakain. Baka gutom na kaya nagpunta doon.

"Where's Rosa?" tanong nito, ipinihit ang wheelchair.

"She's in the pantry. I can make you a sandwich if you like."

"I will wait for Rosa."

"I make good sandwiches. And since I'm already getting paid for the day, like you said, `might as well. Don't worry, I won't poison you, signore." Bigla siyang napangiti. Siguro dahil alam niyang sibak na rin siya sa trabaho kaya hindi na siya natatakot dito. Ano pa ba ang mawawala sa kanya? Hindi naman siya

nito kayang kaladkarin at nasa wheelchair.

"Maybe I'll make the sandwich myself. I would just need some bread and cheese perhaps."

Tumango siya at naghugas ng kamay. Nang pumihit ay nakita niyang naroon pa rin ito, nakapuwesto na sa mesa ngayon, kung saan sila gumawa ng pasta. Mukhang balak siyang bantayan. Fine.

Nilinis muna niya ang mesa, pinalitan ng tablecloth dahil alam na ipinapatong lang ng mga Italiano sa mesa ang tinapay. Isinalang niya sa de-kalidad na toaster oven ang tinapay, habang inilalagay sa isang plato ang mga keso at cold cuts. Ipaghihiwa niya ang lalaki kung alin doon ang gusto nito.

"Which of these would you like, signore?"

"I will do it myself."

Ipinuwesto niya ang chopping board at kutsilyo sa tapat nito, saka inilapit dito ang lalagyan ng mga keso at ham. Kumuha siya ng fresh mozzarella at burrata sa ref at ipinatong din ang mga iyon sa mesa, kasama ng

sariwang kamatis at basil. Nagsilbi rin siya ng condiments tulad ng olive oil, salt, at iba pa.

"This is quite enough," anito.

Napahagikgik siya. "You don't eat a lot, do you? I can eat all that, you know."

"You talk too much."

"It's okay. You already fired me naman na. I'm not scared to talk anymore."

Hindi ito umimik, bagkus ay naglagay lang ng burrata, kamatis, at basil sa isang plato. Tahimik lang ito, habang siya ay nailang sa katahimikan habang hinihintay nilang tumunog ang toaster oven nang makakain na ito ng tinapay.

"Juice, coffee, tea?"

"Coffee."

Agad siyang nagtungo sa espresso machine. Bahagi ng training niya ang paggamit niyon, maging ang lahat ng paggawa ng kape dahil mahalaga iyon sa bansa.

"Macchiato?" aniyang nilingon ito.

"Yes."

Nang maisilbi iyon sa espresso cup, kasama ang isang bote ng sparkling water, ay sinabi niya, "I didn't know I was not allowed in the courtyard, signore."

"It doesn't matter."

"I just wanted you to know." Tumalikod na siya at nagtungo sa mahabang lababo para ipagpatuloy ang pagpipiga ng butter gamit ang cheesecloth. Gusto niyang dumaan man lang sa isip ng supladong sinesante siya nito nang walang hustisya.

Mayamaya ay may narinig siyang munting ingay. Palabas na ng kusina ang lalaki.

*Hindi man lang nag-thank you, `gaspang talaga,* sa isip-isip niya.

Nilapitan niya ang pinagkainan nito. Napakalinis. Kahit mumo sa tablecloth ay wala. Ang mga tira ay maayos na nakapatong sa lalagyan, kaunti lang ang nabawas bagaman naubos nito ang isang tinapay. Maayos ang pagkakapuwesto ng table knife at tinidor sa gitna ng plato, ang dulo ay nakatapat sa kanan.

Bigla siyang napangiti. Kasama iyon sa napag-aralan niya bilang nakapagtapos din ng HRM. Ang ibig sabihin ng ganoong posisyon ng kubyertos sa pinggan ay "excellent." Siguro, iyon na ang pasasalamat nito.

*`Yan, ganyan nga, para lumabas ang pagkaguwapo,* sa loob-loob niyang napapangiti, saka nagsimulang magligpit. Mayamaya ay dumating si Ate Rosa, tulak ang trolley na naglalaman ng mga garapon at bote.

Sinabi niyang kumain na ang boss. Nabigla ito at napabuntong-hininga.

"Kailangan ko talaga ng kasama sa pag-aasikaso ng pagkain niya. Lately, palagi na akong nagiging makakalimutin. Ang sabi ng mga doktor, dahil sa menopause. Nababablangko ang isip ko. Kahit may nakalista na akong oras ng kain ni Signore, hindi ko pa rin maalala kapag wala si Marvelous. Nakakahiya. Sana `wag ka nang umalis."

Sana nga. Pero ano ang magagawa nila, sinesante na siya? Tinulungan na lang niya

ang babae hanggang sa dumating na rin si Marvelous bandang alas-sais ng gabi. Sinabi niya rito ang nangyari.

"Curious," sambit nitong tumaas ang isang kilay. "Okay. Hintayin mo ako dito."

Lumabas ito. Nagtagal ang lalaki, mahigit kalahating oras bago nagbalik, saka sinabi, "I'm sorry kung nasupladuhan ka ng ating big boss. Kasalanan ko, hindi ko nasabi sa `yo kung saan ka hindi puwedeng magpunta kapag oras niya doon. Paano ko ba ie-explain? Ano kasi `yon, may pagka-recluse. Anyway, kung okay pa rin sa `yong magtrabaho dito kahit alam mo nang medyo maselan ang amo, you can stay."

Nabigla siya. "Talaga? Hindi magagalit si Mr. Caruso?"

"Ako ang magdedesisyon pagdating sa assistant ko, hindi siya. Ako naman ang mahihirapan kapag wala ka kaya manahimik siya. Charot. Ano, push?"

"Push!" walang kagatol-gatol niyang sabi.



# CHAPTER FOUR

"I see you're still here."

"Si, signore," tugon ni Kata sa pinakasupladong lalaki sa balat ng lupa, may kasamang tipid na ngiti. Ngayong ito na uli ang big boss, kabado siya. Sa katunayan, ang lakas ng tibok ng kanyang puso. Maaga siyang gumising para lang plantsahin ang kanyang uniporme. Wala namang itinalaga sa kanyang uniporme pero meron siyang scrubs na baon. Pinili niyang isuot sa umagang iyon ang isang may cute animal print. Iba't ibang mumunting hayop ang mga iyon—ibon, pusa, aso. Baka sakaling mapukaw ang

kabataang nalalabi sa amo niya at maging mabait.

"I hope you've been told what to do this time."

"Si, signore," muli niyang tugon. "Shall we start?"

"Where's Marvin? I'll wait for him."

Dapat pa ba siyang mabigla na mukhang matigas ang ulo ng pasyente? Ipinagkatiwala na nga ito sa kanya ni Marvelous dahil madaming gawain ang isang iyon, kagabi ay napuyat pa. Nagising siyang may message ito, ang sabi ay siya na ang bahala kay Luccio dahil katutulog lang nito. Ang time stamp ng message ay alas-kuwatro ng madaling araw.

Hindi pa malinaw kay Kata kung bakit nag-aaral si Marvelous kahit namamasukan at kung bakit payag si Luccio; dahil wala sa personalidad ng amo nila ang magiging okay sa ganoong setup. Pero first official day niya sa paglilingkod, madami pang oras para matanong niya ang bagay na iyon.

Pinagmasdan siya ang pasyenteng matigas

ang ulo. Alam niyang kailangan niya itong mapasunod, kung hindi ay si Marvelous ang magagalit sa kanya. Kaya siya kinuha ay para may makatulong ito at kung ito lang din ang gagawa ng lahat, ano pa ang silbi niya? Pero kasabay niyon, kapag naman minanduhan niya ang pasyente—isang bagay na duda rin siyang kaya niyang gawin—ay siguradong masisibak na naman siya.

"Signore, I don't think Marvelous will appreciate it if you don't allow me to take care of you. He messaged me around four in the morning, said he's just about to sleep and that I should take care of you. He also said you already know I will do his duties."

"I will wait for him," may pinalidad na sabi nito, flat ang tono.

"Are you scared of me, signore?" Pinagmasdan niya ang lalaki.

Nagkaroon ng kaunting reaksiyon ang guwapo nitong mukha. Kumunot ang noo nito, nagkaroon ng ilang kulubot na kakatwang nagbigay lang dito ng karakter.

Mientras niya itong pinagmamasdan ay lalo nang lumulutang ang magagandang features ng mukha nitong hindi niya nabigyang-pansin agad dahil nga ang gaspang nito.

Kahit mukhang kailangan na nitong i-groom ang facial hair, maging ang mismong buhok na malago na, hindi iyon naging hadlang para matakpan ang magandang hubog ng mukha nito, lalo na ang panga. Kung ang ibang mga lalaki ay nagmumukhang totoy kapag nag-aahit, ang lalaki ay hindi sigurado dahil sa pangang iyon.

Kulay midnight blue ang satin nitong pajamas, nagre-reflect iyon sa mga mata nitong tumingkad din ang kulay. Ganoon pala ang asul na mata, natuklasan niya.

Kahit sabihing nasa wheelchair ang lalaki ay hindi ito mukhang helpless, kahit pa nga alam nila pareho na kailangan nito ang tulong niya para magawa ang mga mga ritwal sa umaga. Naibigay na sa kanya ni Marvelous ang mga iyon, nasa tablet na pagamit sa kanya. Kahit ang schedule nito sa buong araw,

kabilang na ang mga gamot na iniinom nito.

*"Ayaw na ayaw no'n na hihingi ng assistance kaya dapat malakas din ang pakiramdam mo,"* bilin sa kanya ni Marvelous. *"Kahit hindi humihingi ng tulong, kung alam mo namang kailangan, gawin mo na lang. Hindi mo `yon maririnig na magpapa-assist."*

"Would you like to get fired again, Catalina?" tanong nito.

Biglang may kung pag-alon sa dibdib niya nang marinig ang pangalang binigkas nito. Madulas iyon tila sa dila nito, masarap marinig, kahit ang overall message ay nakakainis.

Ang sabi din ni Marvelous, *"Medyo matigas ang ulo ng pasyente natin kaya dapat medyo matapang ka rin. Lalamunin ka no'n nang buhay kapag hindi. Kung mahina-hina ang loob mo, baka hindi ka tumagal. Subukan natin. Baka sakaling kaya mo naman."*

"I will get fired again if I don't do my job. And I will not allow you to keep me from doing it," mariing sabi niya kahit kumakabog

ang dibdib. Hindi rin niya alam kung saan siya nanghihiram ng tapang. Tingin pa lang ng lalaki, parang kaya nang magpanginig ng mga tuhod niya.

Tumuloy siya sa naglalakihan at nagtataasang mga bintana. Binuksan niya ang drapes nang magliwanag ang paligid. Ginintuan ang sinag ng araw. Napakaganda ng tanawin sa labas kahit pa nga magkahalong brown at green na ang vineyard, wala na ring mga tanim na ubas. Pero anong ganda ng maburol na kalupaan. Ang mga cypress na nakalinya sa mga daan sa malayo ay tanaw din. Kaya pala iyon ang master's bedroom.

"It's a lovely morning," sambit niya, may kaunting pagsinghap, mayroon pa ring pagkamangha sa kagandahan ng lugar.

Pumihit siya at umaktong propesyonal kahit nailang sa tingin ng kanyang pasyenteng tila hindi na mawawalay sa kanya. Siguro, binabantayan nito ang kanyang galaw at isang pagkakamali, good-bye na naman siya.

"Let's get you out of those clothes. May I?"

aniya.

Nagkaroon ng munting reaksiyon ang mukha nito. Nagkabahid ba ng kapilyuhan ang mga mata nito o imahinasyon lang niya?

Bahagya itong tumango kaya nagsimula na siyang alisin sa uhales ang butones ng pajama top nito. Napatingin siya sa mukha ng lalaki nang bumuntong-hininga ito, mahinang-mahina pero narinig niya. Natigilan siya.

"Go on," anito.

Saka niya na-realize na puwede naman nitong hubarin ang pajamas pero since nandoon na siya, lalong nakakailang kung bigla siyang titigil. Ipinagpatuloy na niya ang ginagawa. Ikinuyom niya ang kamay para alisin ang biglang panginginig niyon.

*Grabe, ang bango naman nitong lalaking `to,* sa isip-isip niya, dama ang pagpatak ng isang butil ng pawis sa gilid ng mukha. Gustong-gusto niya ang amoy ng aftershave nito. Mild, masculine, parang ang sarap idikit ng ilong niya sa leeg nito.

Gusto niyang mapahiya. Ano bang isipin

iyon? Napaka-unprofessional!

Inilapit nito ang labi sa kanyang tainga. “You forgot the last button, Catalina.”

Ayaw man ay napalakas ang pagsinghap niya. Sana ay hindi nito makita ang pagtatayuan ng balahibo niya sa katawan, pero siguradong nakita nito base sa pagdaan ng kapilyuhan sa mga mata ng lalaki.

Minadali na niya ang paghuhubad ng pajama top. Ngayon ay ang pajama bottoms naman.

*Maging propesyonal ka, maging propesyonal ka. Nakakita ka na niyan sa mga pasyente mo noong duty. Bilisan mo na dahil mas nakakailang pa kung ganyang para kang hindi mapakali.*

Nagpakapropesyonal na nga siya at maingat na inalis ang pajamas na para talaga sa leg cast; automatic ang mga butones niyon sa gilid kaya mabilis mahubad. Napasinghap na naman siya dahil walang panloob ang lalaki! Hindi siya ready sa bumulaga sa kanyang malaking sorpresa.

*Diyos ko, ang laki ng bird niya! `Wag mong tingnan, `wag mong tingnan, `wag mong tingnan!*

Pero napapatingin talaga siya dahil… Bakit medyo erect? Sa sobrang pagkaturete ay mabilis siyang humakbang paatras at nasagi ang cast nito kaya lalo na siyang naturete, nawalan ng balanse, at bago pa makahuma ay bumagsak na sa sahig, una ang puwit.

Bigla niyang naitakip ang mga kamay sa mukha, pero saglit lang. Hindi siya aaktong parang batang napahiya.

Agad siyang tumayo at sinabi, "I was just surprised, signore."

Hindi ito umimik, bagaman nakatingin pa rin sa kanya, may curious na tingin sa mukha. Hindi na siya tumingin pa sa mukha nito at sa halip ay kumuha ng tuwalya sa aparador at agad na ipinatong sa kandungan nito. Nakaka-stress ang lalaki!

"Okay na ang step one," wala sa sariling sambit niya habang naglalakad patungo sa banyo para tiyaking maayos ang

pupuwestuhan ng lalaki doon. Pinagpapawisan siya kaya ilang sandaling pinabalik mula sa normal ang tibok ng puso bago nagbalik sa silid. "Signore, you will take a shower now. I will assist you."

Ang sabi ni Marvelous, ayaw daw magpatulong ng lalaki sa paliligo dahil kompleto naman ang facilities sa silid nito para sa pinsala. Gayunman, minsan daw ay kailangan nito ng tulong kaya dapat na palagi siyang nakaasiste, sakali man. Obvious sa pananalita ni Marvelous na mahalaga rito si Luccio.

"Would you mind helping me?" anang amo.

Nasorpresa siya dahil nga ayaw daw nitong nagpapatulong. Gayunman ay pumuwesto siya sa likod ng wheelchair at itinulak iyon. Sa katunayan, nakita niya ang mga wheelchair ng lalaki sa isang silid na ginawang imbakan ng supplies nito. Kompleto iyon. Napakadami nitong wheelchairs, pero ang gusto nito ay manual. Ayaw daw nitong

magpatulak, pero ano iyon? Baka naman masama ang pakiramdam o siguro ay napagod din ang mga braso. Pero sa ganda ng muscles nito, parang kayang-kaya siyang yakapin nang mahigpit.

*Anong yakapin?! Diyos ko, Maria Catalina Abella, `pinagsasabi mo diyan?! `Pakasungit niyan, baka lapain ka nang buhay niyan!*

Pero iba ang dating kahit ng salitang lapain. Ewan. Bakit ngayon niya naiisip ang mga ganoong bagay? Hindi naman siya naging malandi sa ganoong paraan noon. Iisa pa lang ang naging boyfriend niya at hindi pa niya iyon nahalikan nang maayos sa lips dahil nagyosi kaya sabi niya ay next time na lang. Pagkatapos ngayon, parang kakaiba ang dating sa kanya ng salitang "lapain" kapag ang lalaking nasa wheelchair at may cast ang isang binti ang kanyang naiisip?

Malawak ang banyo, mas malaki pa sa bahay na kinalakihan niya, kaya malayang makakagalaw ang pasyente at ang wheelchair nito. May designated na puwesto ang

wheelchair sa shower area na mayroon ding pasadyang upuan. Maging ang leg rest nito ay pasadya, maging ang mga hawakan. Ganoon din ang nakabukod na toilet at urinal.

Ang lalaki na ang pumuwesto sa upuan sa shower. Nalaglag ang tuwalya na agad niyang dinampot at isinampay sa rack.

"I w-will leave you now, signore."

"I will wait for Marvin."

Natigilan siya. "No. I will assist you, of course. I just thought…" Baka naman mali ang pagkakaintindi niya. Mahirap nga naman para sa lalaking abutin ang mga binti nito at malamang, maging ang… mga singit-singit ng katawan.

Inabot niya ang shower sa gilid ng upuan nito, tinimpla muna ang temperatura ng tubig, saka inabot ang kamay nito para itanong kung okay na iyon.

"Perfetto," anito, nakatingin pa rin sa kanya.

Dama niya ang pag-iinit ng mukha habang binabasa ang lalaki. Ngayon lang siya

nakakilala ng lalaking nakakailang ang tingin. Baka dahil nakahubad. Gusto niyang matawa sa isipin, kung hindi lamang kabadong-kabado siya.

Kinuha niya ang scrubber at iaabot sana dito pero mukhang naghihintay itong sabunin niya. Fine. Eh, di sabunin. Nilagyan na nga niya ng liquid soap iyon, matapos ay nagsimula nang pasadahan niyon ang katawan nito. Nagsimula siya sa leeg ng lalaki. Kung puwede lang ay sa likuran siya pupuwesto pero walang likuran siyempre, naka-mount ang upuan nito sa pader. Sa unahan siya nito nakapuwesto.

Mabula ang sabon at mukhang enjoy naman ang pasyente niya dahil may munting ngiti pa rin sa mga labi nito. Hindi niya alam kung ano ang ibig niyong sabihin pero grabe, lalo na itong gumuwapo.

Itinaas niya ang braso nito, saka ito sinabon sa kilikili, kaya bigla itong napaigtad. Napahagikgik tuloy siyang bigla. Tumingin ito sa kanya, nakangiti na sa pagkakataong

iyon.

"You're enjoying this, Catalina."

Tumango siya, bumaha ang saya sa puso. Iba pala ang bukas ng mukha nito kapag nakangiti nang ganoon.

"You're not gonna fire me for laughing, are you, signore?"

"We'll see."

Nakangiting ipinagpatuloy na niya ang ginagawa. Sinabon niya at ini-scrub hanggang likod nito, maging ang pagitan ng mga daliri sa paa, gumamit ng brush para sa mga kuko nitong napakalinis at malusog ang kulay. Isa na lang ang hindi pa niya nasasabon.

Iniabot niya rito ang scrub.

"What?" tanong nito, nakakunot ang noo.

"You can wash your privates, signore."

"I need assistance," anito, nakatingin pa rin sa kanya, hindi niya mabasa kung ano ang reaksiyon eksakto.

"No, you don't. Your hands are free, you can wash it yourself."

Nag-pump ito ng sabon sa palad, saka

sinimulang sabunin ang sarili *doon*. Bigla siyang tumalikod, nagkunwang inaayos ang tuwalya dahil kahit hindi naman bastos ang ginagawa ng lalaki, para bang napakasensuwal ng dating sa kanya. Parang mas maigi pa yatang siya na ang gumawa dahil kung siya ay hindi ganoong napaka-sexy ng dating tila.

Patay-malisya na lang siyang naglatag ng towel sa wheelchair nito, pero napapasuylap dito, ayaw man niya. Matindi ang curiosity niya sa lalaki.

“If you can’t stop looking, why don’t you just do it yourself, Catalina?”

Bigla ang pag-iinit ng kanyang mukha, pahiyang-pahiya, sabay antanda. “I’m so very sorry, signore! I’m so sorry!”

Susmaryosep, manyak ba siya at hindi na matigil sa pagtingin sa lalaking naghuhugas?!

Sukat humalakhak ito, saka sumakay na sa wheelchair at pinaandar iyon patungo sa silid. Obviously, kaya nitong gawin ang lahat, maliban na lang sa paglilinis ng mga paa, pero sa kung anong dahilan ay pinagtripan siya.

Siya namang propesyonal diumano ay ipinakita ritong hindi siya propesyonal at all!

Nang makarating sa silid ay ito na ang kusang nagtuyo ng katawan, nag-apply ng deo, nagsuklay, at iba pang gawain, habang siya naman ay nag-imis ng silid kahit malinis ang lalaki sa kagamitan.

May session ang lalaki sa physical therapist nito pero mamaya pa iyon kaya ang inihanda niyang damit nito ay polo, sweater, pantalon, medyas, at sapatos. Hindi na siya nagtaka dahil sadyang pustoryoso ang mga Italiano, bukod pa sa parang ganoon talaga si Luccio.

Nang matuyo nito ang sarili ay kailangan nito ng tulong sa pagsusuot ng panloob dahil mahihirapan itong ilusot iyon sa paa. Pormal ang kanyang mukha, itinaas iyon hanggang sa iangat nito ang katawan, itinukod ang mga braso sa armrest ng upuan, para maisuot niya hanggang baywang ang puting luxury boxer briefs.

"I need my thing upright and to the side," sabi nito.

Tumango siya, hindi tumitingin dito, hinawakan ang malaking bird ng lalaki na noon ay nakababa, para itaas nang hindi maipit ng panloob. Ano ang choice niya?! Alangan namang sabihin niya ritong mag-exhibition para isang kamay lang ang itukod sa armrest at ito na ang humawak ng higanteng putotoy nito—na bakit semi erect na naman?! Teka, semi ba iyon o sadyang malaki lang? Some kinda hard sa kamay niya. Hindi niya sure, sa totoo lang.

*Diyos ko, propesyonal ako, propesyonal!*

Nang maitaas na ang garter ay saka niya naisip na puwede namang ito na lang ang mag-arrange, hindi rin naman pinapahawakan sa kanya, gusto lang sigurong matiyak na hindi nito madadaganan iyon. Pero hinawakan niya talaga! Bigla siyang parang tinakasan ng dugo sa ulo, napatingin sa lalaki, nanlalaki ang mga mata.

Pero inabot na nito ang sweater at isinuot. Natakpan niyon ang pagitan ng hita nito, salamat naman. Tinulungan niyang

maibutones ang pantalon nito. Lahat pala ng mga iyon ay mayroong butones sa gilid, kung hindi man ay manipis na zipper, pero hindi halata. Pasadya ang lahat ng iyon, halatang mamahalin ang tela.

Sinuotan niya ng medyas ang lalaki. Ang isa ay normal na medyas, habang ang sa cast ay warmer.

"I will come and get you when breakfast is ready."

"No need. I can go."

Naiilang pa ring tumango siya at pumihit na. Hanggang sa makalabas ng pinto bitbit ang mga damit nitong pinaggamitan ay malakas ang tibok ng kanyang puso. *Lord, give me strength,* sa loob-loob niya habang naglalakad palayo.